

Liahona



**Ang Handog ng
Tagapagligtas na
Kapayapaan at
Kagalakan, p. 18**

**Paglabas sa Kadiliman Patungo
sa Kanyang Liwanag, p. 42**

**Paano Nakatulong si Nephi sa
Aming Mag-ama, p. 56**

**Alaala ni Sister Uchtdorf
tungkol sa Pasko, p. 66**



Ang Pagsilang ni Jesus, ni Phyllis Luch

Nalaman natin sa Mateo 2:9–11 na nagbigay ng mga handog ang mga Pantas kay Jesucristo noong Siya ay bata pa, at ginabayan sila ng bagong bituing nakita nila nang Siya ay isilang.

“Ang bituin, na nakita [ng mga Pantas] sa silangan, ay nanguna sa kanila, hanggang sa tumapat ito sa kinaroroonan ng bata.

“Nang makita nila ang bituin, ay nangagalak sila ng di kawasang galak.

“At nagsipasok sila sa bahay, at nangakita nila ang sanggol na kasama ng kaniyang inang si Maria; at nangagpatirapa sila at nangagsisamba sa kaniya; at pagkabukas nila ng kaniyang mga kayamanan ay inihandog nila sa kaniya ang mga alay, na ginto at kamangyan at mira.”

MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Pasiyang Magpasalamat**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Isang Malaking Responsibilidad**
- 18 Ang Kapayapaan at Kagalakang Malaman na ang Tagapagligtas ay Buhay**
Ni Elder Russell M. Nelson
Mamahalin at pasisiglahin kayo ng banal na Anak ng buhay na Diyos, at magpapakita Siya sa inyo kung mamahalin ninyo Siya at susundin ang Kanyang mga utos.
- 24 Ang Daan Patungo sa Templo**
Ni Chad E. Phares
Bagaman magkakaibang landas ang kanilang tinatahak, nalaman ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Ukraine na lahat ng daan ng kabutihan ay patungo sa templo.
- 28 Ang Susi sa Oportunidad: Pagdiriwang ng 10 Taon ng Perpetual Education Fund**
Ni Rebekah Atkin
Ipinaalam noong 2001, ang Perpetual Education Fund ay napagpala na ang buhay ng libu-libong miyembro ng Simbahan.

- 34 Nawala at Natagpuan**
Ni Adam C. Olson
Paano itinugma ng isang mag-asawa ang mga desisyon nila sa araw-araw sa gusto nilang patunguhan sa kawalang-hanggan.

MGA BAHAGI

- 8 Maliliit at mga Karaniwang Bagay**
- 11 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Wala sa Tono Ngunit Masaya**
Ni Ja'Neal B. Freeman

SA PABALAT

Harapan: paglalarawan ni Matthew Reier. Likuran: *Ang Pagsilang ni Jesus*, ni Carl Heinrich Bloch, ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum at Frederiksborg sa Hillerød, Denmark.

- 12 Paglilingkod sa Simbahan: Ang Aking Paglilingkod Bilang Isang Dalagang Miyembro**
Ni Julie Burdett
- 14 Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Isang Sagot sa Bawat Tanong na "Paano Kung?"**
Ni Michael D. Woodbury
- 16 Mga Klasikong Ebanghelyo: Mga Aral mula sa Guro**
Ni Elder Marvin J. Ashton
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 74 Mga Balita sa Simbahan**
- 79 Mga Ideya para sa Family Home Evening**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Liwanag ng Anak**
Ni Jeff S. McIntosh

Kyiv Ukraine Temple

24



MGA YOUNG ADULT



42

- 42 Nagsalita Sila sa Atin: Halina, Siya'y Ating Sambahin**
Ni Elder Patrick Kearon



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: isang regalo sa ilalim ng puno.

MGA KABATAAN

- 46 Mga Tanong at mga Sagot**
Paano ko mapananatiling maganda ang aking pananaw tungkol sa hinaharap?

- 48 Poster: Hindi Ka Nag-iisa Kailanman**

- 49 Paano Ko Nalaman: Nagbuhos ng mga Pagpapala ang Panginoon**
Ni Kim Koun

- 50 Isang Tiyak na Patotoo**
Ni Elder Carl B. Pratt

Angkop ba sa iyo ang pangako ni Moroni?

- 52 Ito ay Magiging Palatandaan sa Inyo**

Ni Whitney Hinckley

Paano mahimalang natupad ang mga propesiya tungkol sa pagsilang ni Jesucristo.

- 55 Mga Regalo ng Pag-alaala**

Ang mga kahulugan ng ginto, kamangyan, at mira na ibinigay sa batang Cristo.

- 56 Sila ang Dapat Magbago**

Ni Francisco Javier Lara Hernández

Ako lang ang miyembro ng pamilya na tumanggap sa ebanghelyo. Kailangan ko ngayong isipin kung paano tutugon kapag salungat sa mga alituntunin ng ebanghelyo ang kanilang pamumuhay.

- 58 Kilalanin si Brother Joseph**

MGA BATA



72

- 59 Natatanging Saksi: Paano Ko Masusunod ang Tagapagligtas?**

Ni Elder Quentin L. Cook

- 60 Ang mga Salitang Iyon**

Ni Angie Bergstrom Miller

Ano ang magagawa ni Shelby kapag narinig niyang nagmura ang kanyang mga kaibigan?

- 62 Ang Ating Pahina**

- 63 Mga Temple Card**

- 64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Tinuturuan Ako ng mga Banal na Kasulatan Tungkol sa Pagsilang at Ikalaawang Pagparito ng Tagapagligtas**

Ni Jennifer Maddy

- 66 Ang Christmas Tree**

Ni Harriet R. Uchtdorf

Isang alaala ng Pasko sa Germany noong bata pa ako.

- 68 Ang Aking Mission Fund**

Ni Spencer S.

Maaari kayong magsimulang mag-impok ngayon para sa misyon ninyo.

- 69 Ang mga Saligan ng Pananampalataya**

Labintatlo sa ating mga pangunahing paniniwala.

- 70 Para sa Maliliit na Bata**

Magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Paul B. Pieper

Mga Tagapayo: Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

Namamahalang Direktor: David L. Frischknecht

Direktor sa Patnugutan: Vincent A. Vaughn

Direktor sa Graphics: Allan R. Loyborg

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Mga Patnugot:

Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson

Associate na mga Patnugot: Susan Barrett, Ryan Carr

Staff sa Patnugutan: Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekir, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Melissa Zenteno

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Scott Van Kampen

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Thomas S. Child,

Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Mooy

Staff sa Produksyon: Collette Nebeker Aune,

Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen

Pagasasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

December 2011 Vol. 14 No. 12. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

Marami Pang Iba Online

Liahona.lds.org

PARA SA MATATANDA

Ang **Perpetual Education Fund** ay umunlad simula nang ipaalam ito ni Pangulong Gordon B. Hinckley 10 taon na ang nakalilipas (tingnan sa pahina 28). Para mabasa ang iba pang mga kuwento ng tagumpay, mapag-aralan kung paano makautang sa PEF, o mag-ambag sa pondo, bisitahin ang pef.lds.org.

PARA SA MGA KABATAAN

Basahin kung paano napalakas ng Kyiv Ukraine Temple ang mga pamilya (tingnan sa pahina 24) at panoorin kung paano napalakas ng **kultural na pagdiriwang ng mga kabataan** na idinaos bago inilaan ang templo ang patotoo ng mga tinedyer na nakibahagi rito. Panoorin ang nagbibigay-inspirasyong video sa youth.lds.org (hanapin ang "Kyiv Ukraine Temple").


PARA SA MGA BATA

Masiyahan sa mga kuwento ng Pasko sa mga pahina 64, 66, at 70. Pagkatapos ay **panoorin ang video ng unang Pasko ayon sa Lucas 2**. Bisitahin ang lds.org/new-testament-videos.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Basbas o pagpapala, mga,	34
Edukasyon,	28
Espiritu Santo,	50
Gawaing misyonero,	39, 49, 50, 56, 68
Gawain sa templo,	24, 63
Halimbawa,	7, 11, 60
Jesucristo,	4, 14, 16, 18, 42, 48, 52, 55, 59, 64, 70, 80
Kasaysayan ng Simbahan,	8
Musika,	11
Pag-asa,	42, 46
Pagbabalik-loob,	49, 50, 56
Pagbabayad-sala,	4, 14
Paglilingkod,	4, 7, 12, 28, 38, 39, 40, 41, 68
Pagpapaaktibo,	34
Pagpapagaling,	14
Pagsisisi,	24, 34, 42
Pagtuturo,	11, 16
Pag-uugali,	46
Pamantayan, mga,	60
Pamilya,	11, 34, 56
Pananampalataya,	69
Pasasalamat,	4
Pasko,	4, 9, 12, 18, 38, 39, 40, 41, 42, 52, 55, 66, 70, 72, 73
Patotoo,	50
Perpetual Education Fund,	28
Propeta, mga,	52, 58
Relief Society,	7
Smith, Joseph,	58
Snow, Lorenzo,	10
Talumpati,	60
Tungkulin, mga,	12



SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa www.languages.lds.org.

**Ni Pangulong
Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang
Panguluhan



ANG PASIYANG Magpasalamat

Iniutos sa atin ng ating Ama sa Langit na magpasalamat sa lahat ng bagay (tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 5:18), at iniutos Niya na magpasalamat tayo para sa mga pagpapalang tinatanggap natin (tingnan sa D at T 46:32). Alam natin na lahat ng Kanyang mga utos ay nilayon upang lumigaya tayo, at alam din natin na ang pagsuway sa mga utos ay humahantong sa kalungkutan.

Kaya para lumigaya at maiwasan ang kalungkutan, dapat tayong magkaroon ng pusong mapagpasalamat. Nakita na natin sa ating buhay ang kaugnayan ng pasalamat sa kaligayahan. Lahat tayo ay gustong magpasalamat, subalit hindi madaling magpasalamat palagi sa lahat ng bagay sa mga pagsubok ng buhay. Ang sakit, kabiguan, at pagkawala ng mga taong mahal natin ay dumarating paminsan-minsan sa ating buhay. Dahil sa ating mga pighati nahihirapan tayong makita ang mga pagpapalang natanggap natin at pasalamatang ang mga pagpapalang laan ng Diyos para sa atin sa hinaharap.

Isang hamon ang bilangin ang ating mga pagpapala dahil mahilig tayong magbalewala sa mabubuting bagay. Kapag nawalan tayo ng bubong sa ating ulunan, makakain, o pagmamahal ng mga kaibigan at kapamilya, natatanto natin kung gaano tayo dapat nagpasalamat noong nasa atin pa ang mga ito.

Higit sa lahat, kung minsan ay hirap tayong magpasalamat nang sapat para sa pinakadakilang mga handog na tinatanggap natin: ang pagsilang ni Jesucristo, ang Kanyang Pagbabayad-sala, ang pangako ng pagkabuhay na mag-uli, ang pagkakataong magtamasa ng buhay na walang-hanggan kasama ang ating pamilya, ang Panunumbalik ng ebanghelyo kasama ang priesthood at mga susi nito. Sa tulong lamang ng Espiritu Santo natin madarama ang kahalagahan ng mga pagpapalang iyon sa atin at sa ating mga minamahal. At saka lamang tayo makakaasang

magpasalamat sa lahat ng bagay at makakaiwas na masak-tan ang Diyos sa kawalan natin ng utang-na-loob.

Dapat tayong manalangin sa Diyos, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, na tulungan tayong makita nang malinaw ang ating mga pagpapala sa gitna ng ating mga pagsubok. Matutulungan Niya tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu na makilala at mapasalamatang ang mga pagpapalang binabalewala natin. Ang higit na nakatulong sa akin ay ang paghiling sa Diyos sa panalangin, “Maaari po bang akayin Ninyo ako sa isang taong matutulungan ko para sa Inyo?” Sa pagtulong sa Diyos na pagpalain ang iba, mas luminaw sa akin ang aking mga pagpapala.

Muling nasagot ang aking dalangin nang pasamahin ako ng isang mag-asawang hindi ko kilala sa isang ospital. Doon ko nakita ang isang sanggol na sa kaliitan ay kasya siya sa kamay ko. Sa ilang linggo lamang ng kanyang buhay, sumailalim siya sa napakaraming operasyon. Sinabi ng mga doktor sa mga magulang na kailangan ang mas maselang operasyon sa puso at бага para mabuhay ang munting anak na iyon ng Diyos.

Sa kahilingan ng mga magulang, binigyan ko ng basbas ng priesthood ang sanggol. Kasama sa basbas ang isang pangakong hahaba ang buhay nito. Higit pa sa pagbibigay ng basbas, ako mismo ay nabiyayaan ng pusong higit na mapagpasalamat.

Sa tulong ng ating Ama, mapipili nating lahat na madamang higit na magpasalamat. Mahihiling natin sa Kanya na tulungan tayong makita nang mas malinaw ang ating mga pagpapala, anuman ang ating kalagayan. Para sa akin sa araw na iyon, nagpasalamat ako nang higit kaysa rati sa himala na malusog ang sarili kong puso at бага. Nagpasalamat ako papauwi dahil ang mga pagpapala sa aking mga anak na mas malinaw kong nakikita ay mga himala ng



Ibinigay sa atin ng Diyos Ama ang Kanyang Anak, at ibinigay sa atin ni Jesucristo ang Pagbabayad-sala, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob at lahat ng handog.

kabaitan ng Diyos at ng mabubuting tao sa kanilang paligid.

Higit sa lahat, nagpasalamat ako sa katunayan ng epekto ng Pagbabayad-sala sa buhay ng nag-aalalang mga magulang na iyon at sa akin. Nabanaag ko ang pag-asa at dalisay na pag-ibig ni Cristo sa kanilang mukha, kahit sa kanilang matinding pagsubok. At nadama ko ang katunayang madarama ninyo kung hihilingin ninyo sa Diyos na ihayag sa inyo na maipadarama sa inyo ng Pagbabayad-sala ang pag-asa at pagmamahal.

Maipapasiya nating lahat na magpasalamat sa panalangin at hilingin sa Diyos na patnubayan tayo sa paglingkod sa iba para sa Kanya—lalo na sa panahong ito na ipinagdiriwang natin ang pagsilang ng Tagapagligtas. Ibinigay sa atin ng Diyos Ama ang Kanyang Anak, at ibinigay sa atin ni Jesucristo ang Pagbabayad-sala, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob at handog (tingnan sa D at T 14:7).

Sa pasasalamat sa panalangin ay makikita natin ang dami ng mga pagpapalang ito at lahat ng iba pa nating mga pagpapala kaya magkakaroon tayo ng pusong higit na mapagpasalamat. ■

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ang pagsulat ng ating mga karanasan at pagpapala ay magpapaalala ng mga ito sa atin at magbibigay ng isang bagay na mababalikan natin. Isiping hilingin sa mga tinuturuan ninyo na isulat kung ano ang pinasasalamatan nila—para maalala nila ang mga pagpapalang natanggap nila, kilalanin nila ang mga pagpapala sa ngayon, at asamin nila ang mga pagpapala sa hinaharap.

Mahihikayat din ninyo ang inyong mga tinuturuan na sundan ang halimbawa ni Pangulong Eyring sa paghiling sa Ama sa Langit na akayin sila sa isang taong matutulungan o mapaglilingkuran nila.

MGA KABATAAN

Tanggapin ang Hamong Magpasalamat

Nina John Hilton III at Anthony Sweat

Huwag lang nating sabihin na bilangin natin ang ating mga pagpapala—gawin natin ito! Isulat ang 100 bagay na pinasasalamatan ninyo. Kung parang napakarami nito, subukan ito:

1. Isulat ang 10 pisikal na kakayahang pinasasalamatan ninyo.
2. Isulat ang 10 materyal na pag-aaring pinasasalamatan ninyo.
3. Isulat ang 10 taong nabubuhay na pinasasalamatan ninyo.
4. Isulat ang 10 taong pumanaw na, na pinasasalamatan ninyo.

5. Isulat ang 10 bagay sa kalikasan na pinasasalamatan ninyo.
6. Isulat ang 10 bagay tungkol sa araw na ito na pinasasalamatan ninyo.
7. Isulat ang 10 lugar sa daigdig na pinasasalamatan ninyo.
8. Isulat ang 10 makabagong imbensyon na pinasasalamatan ninyo.
9. Isulat ang 10 pagkain na pinasasalamatan ninyo.
10. Isulat ang 10 bagay tungkol sa ebanghelyo na pinasasalamatan ninyo.

Kapag gumagawa tayo ng listahang kagaya nito, natutuklasan natin na ang nakalistang 100 ay ni hindi nabanggit ang lahat ng naibigay sa atin ng Diyos.

MGA BATA

Tulungan Ninyo Akong Makita ang Aking mga Pagpapala

Hinihiling ni Felipe sa Ama sa Langit na tulungan siyang makita ang mga pagpapala sa kanyang buhay. Tulungan siyang makita ang mga bagay na mapasasalamatan niya sa pagbilog sa mga ito. Siguruhing makita mo ang mga bagay na

ito na nakatago sa larawan: bahay, saging, aso, simbahan, paaralan, damit, bisikleta, gitara, bola, at bulaklak.

Isiping gumawa ng listahan ng mga bagay na pinasasalamatan mo at ibahagi ito sa pamilya mo.





Isang Malaking Responsibilidad

Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.

Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan

Kailangan ng Panginoon, ng Kanyang Simbahan, ng mga pamilya, at ng komunidad ang impluwensya ng mabubuting babae. Sa katunayan, itinuro ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na “bawat kapatid na babae sa Simbahang ito na gumawa ng mga tipan sa Panginoon ay binigyan ng banal na tagubilin na tumulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa, na akayin ang kababaihan ng daigdig, patatagin ang mga tahanan sa Sion, at itayo ang kaharian ng Diyos.”¹

Maaaring mag-isip ang ilang kababaihan kung kaya nilang isakatuparan ang gayon kataas na mga mithiin. Ngunit tulad ng paliwanag ni Eliza R. Snow (1804–87), ikalawang Relief Society general president, “Walang babaeng lubhang nakabukod, at napakakitid ng saklaw dahil napakalaki ng magagawa niya sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa lupa.”² Itinuro din ni Sister Snow na inorganisa ang Relief Society “para isakatuparan ang lahat ng mabuti at marangal na gawain.”³

Ang pakikibahagi sa Relief Society ay nagpapalawak ng ating impluwensya sa pamamagitan ng pagbibigay sa bawat babae ng mga oportunidad na magpalakas ng pananampalataya, magpatatag ng mga pamilya at tahanan, at maglingkod kapwa sa tahanan at sa iba’t ibang panig ng mundo. At mabuti na lang, hindi kailangang maging malaki o nakakapagod ang ating mga pagsisikap bilang mga indibiduwal at bilang Relief Society, ngunit dapat maging kusa at palagian ang mga ito. Ang mabubuting gawi tulad ng araw-araw na personal na panalangin at panalangin ng pamilya, pag-aaral ng banal na kasulatan araw-araw, at pagganap sa mga tungkulin sa Simbahan sa tuwina ay magpapaibayo ng pananampalataya at magtatatag ng kaharian ng Panginoon.

Sa kababaihang nag-iisip kung gumagawa ng kaibhan ang tila tahimik na mga kontribusyong ito, pinagtibay ni Elder Ballard: “Bawat babaeng naninindigan sa katotohanan at kabutihan ay nagpapabawas sa impluwensya ng kasamaan. Bawat babaeng nagpapalakas at nagpoprotekta sa kanyang pamilya ay ginagawa ang gawain ng Diyos. Bawat babaeng nabubuhay bilang isang anak ng Diyos ay nagiging tanglaw na susundan ng iba at nagtatanim ng mga binhi ng mabuting impluwensyang aanihin sa mga panahong darating.”⁴

Ano ang Magagawa Ko?

1. Paano ko matutulungan ang kababaihang binibisita ko na kilalanin ang kakayahan nilang maging mabuting impluwensya at kumilos ayon dito?

2. Paano ko magagamit ang natatangi kong mga kaloob at talento upang pagpalain ang iba?

Mula sa mga Banal na Kasulatan

I Mga Taga Corinto 12:4–18; I Kay Timoteo 6:18–19; Mosias 4:27; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

Mula sa Ating Kasaysayan

Pinaglibot ni Pangulong Brigham Young (1801–77) sa buong Simbahan si Eliza R. Snow, na nakapaglingkod na bilang secretary nang iorganisa ang Relief Society sa Nauvoo, para tulungan ang mga bishop na mag-organisa ng Relief Society sa kanilang ward.

Itinuro ni Sister Snow: “Kung mayroon mang mga anak na babae o mga ina sa Israel na nakadarama kahit paano na [limitado] ang nagagawa nila, ngayon ay magkakaroon sila ng sapat na pagkakataon na maipakita ang lakas at kakayahan nila sa paggawa ng kabutihan na saganang ipinagkaloob sa kanila. . . . Binigyang-awtoridad na ni Pangulong Young ang pagsasagawa sa malawak at malaking responsibilidad at kapakinabangan.”⁵

MGA TALA

1. M. Russell Ballard, “Kababaihan ng Kabutihan,” *Liahona*, Dis. 2002, 39.
2. Eliza R. Snow, “An Address,” *Woman’s Exponent*, Set. 15, 1873, 62.
3. Eliza R. Snow, “Female Relief Society,” *Deseret News*, Abr. 22, 1868, 81.
4. M. Russell Ballard, *Liahona*, Dis. 2002, 39.
5. Eliza R. Snow, *Deseret News*, Abr. 22, 1868, 81.

Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.



Maliliit at mga Karaniwang Bagay

“Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay” (Alma 37:6).

PANIG NG DAIGDIG



Mexico

Ang unang mga misyonerong Latter-day Saint ay dumating sa Mexico noong 1875. Nahati sila sa dalawang grupo. Ang isang grupo ay nagpadala ng mga piling bahagi ng Book of Mormon sa wikang Espanyol sa mga pinunong maimpluwensya sa buong bansa at nagturo sa

maraming tao, ngunit wala silang nabinyagan. Ang isa namang grupo ay nabinyagan ang unang limang miyembro ng Simbahan sa Mexico, sa Hermosillo, Sonora. Makaraan ang apat na taon, hiniling ng isa sa mga pinunong nakatanggap ng mga babasahin ng Simbahan noong 1875, si Plotino C. Rhodakanaty ng Mexico City, na mabinyagan siya at ang iba pa. Pagsapit ng 1885 nakumpleto ang pagsasalin ng Aklat

ni Mormon sa wikang Espanyol.

Maraming taon nang dumaranas ng tensyon sa pulitika ang bansa, ngunit nanatiling tapat ang mga naunang miyembro. Ang unang stake sa Simbahan na Espanyol ang gamit na wika, ang Mexico Stake, ay inorganisa noong Disyembre 3, 1961. Nagbukas ng ilang paaralan ang Simbahan, kabilang na ang Benemérito de las Américas, na itinatag sa Mexico City noong 1963, na patuloy pa rin hanggang ngayon.

Ang unang templong itinayo sa Mexico, na nasa Mexico City, ay inilaan noong 1983. Noong taong 2000, walong templo ang inilaan sa Mexico.

Noong 2004, Mexico ang naging unang bansa sa labas ng Estados Unidos na mayroong isang milyong miyembro.



Nakibahagi ang mga pinuno ng Simbahan sa groundbreaking ng Benemérito de las Américas noong Nobyembre 4, 1963.



ANG SIMBAHAN SA MEXICO

Bilang ng mga miyembro	1,234,545
Mga Mission	23
Mga Stake	221
Mga Ward at Branch	2,009
Mga Templo	12 ang gumagana; 1 ang ibinalita

Pasko para sa mga Naunang Pioneer

Nahirapan ang karamihan sa mga pioneer dahil sa mga buwan ng matinding taglamig, at kadalasan ay ka-kaunti ang nareregaluhan at nagdiriwang sa Pasko. Subalit hindi iyan nakahadlang sa mga naunang pioneer na magkaroon ng mga espesyal na alaala ng Kapaskuhan. Narito ang ilang tala kung paano ipinagdiwang ang Pasko sa panahon ng mga pioneer:

Ang Pinakamasaya Kong Pasko

“Ang una kong Pasko sa [Salt Lake] Valley ay araw ng Sabado. Ipinagdiwang namin iyon sa araw ng Sabbath. Pinalibutan naming lahat ang flag pole sa gitna ng himpilan. Nagpulong kami roon. Kayganda ng pulong na iyon. Umawit kami ng mga papuri sa Diyos. Sumama kami sa pambungad na panalangin, at hindi ko malilimutan ang tagapagsalita sa araw na iyon. May mga salita ng pasasalamat at saya, walang sinambit na salitang hindi maganda. Ang mga tao ay puno ng pag-asa at sigla, dahil sa kanilang pananalig sa hinaharap. Pagkatapos ng pulong nagkamayan silang lahat. Ang ilan ay napaiyak sa galak. Naglaro ang mga bata sa loob ng bakuran at sa palibot ng siga ng sagebrush sa gabing iyon. Nagtipon kami at umawit ng, ‘Mga Banal, halina’t gumawa, maglakbay sa tuwa.’ Mayroon kaming nilagang kuneho at kaunting tinapay sa hapunan. Sapat ang pagkain naming lahat at nakadama kami ng ganap na kapayapaan at kabutihan. Iyon ang pinakamasayang Pasko sa buhay ko.”

Hindi kilala ang awtor, sinipi ni Bryant S. Hinckley, sa Kate B. Carter, tinipon, *Our Pioneer Heritage*, 20 tomo (1958–77), 14:198.

Kaybilis ng Panahon

“Isang gabi noong labing-anim na taong gulang ako, nagpa-party si Itay noong Pasko para sa sarili niyang mga anak at kanilang mga pamilya at pinakamalalapit na kapitbahay. Nagsayawan kami. Mga kapatid kong lalaki ang tumugtog. Alam

namin na layon ni Itay na tapusin ang party nang alas-diyes ng gabi, na ginawa niya sa gitna ng isang square-dance at pinatigil ang mga tumutugtog. Ngunit hindi alam ni Itay na ilang beses akong binuhat ng mga kapatid kong lalaki para maabot ang orasan noong gabing iyon. Sa bawat pagkakataon ay iniaatras ko ang oras nang 30 minuto. Lagpas na siguro ng hatinggabi nang matapos ang party.”

Mula sa mga talaan ng pamilya ni Christian Olsen, sa Carter, *Our Pioneer Heritage*, 15:199.

Isang Masayang Panahon

“Nang magising ang mga bata sa Pasko ng umaga noong 1849, walang makikitang manyika sa buong lupain, wala, ni isang kendi, o mansanas sa mga dampa. Ngunit masaya ang mga bata at kanilang mga magulang sa lahat ng iyon. Masaya sila na may kaunti pa silang

makakain, at nagsisimulang luminaw ang mga inaasahan nila sa kanilang bagong tahanan araw-araw. Ngunit, wala mang mga manyika o laruan para sa mga bata, hindi malimutan ng mga ama’t ina ang Pasko, at bago natapos ang araw lahat sila ay naging masaya.

“Sa gabi nagkita-kita sila sa dampa ni John Rowberry. Ito ang bahay na pinagdausan ng mga unang pulong. Nagsayaw sila roon ng mga tradisyonal na sayaw upang wakasan ang maghapon, at iyon ang pinakamasayang grupong nagtipun-tipon sa araw ng Pasko. . . . Ngunit ang nakakalungkot ay walang tugtugan. Wala ni isang instrumentong maririnig. Napakagaling pumito ni Cyrus Call at pumito siya ng mga tono habang nagsasayawan ang masasayang pioneer.”

Sarah Tolman, sa Kate B. Carter, tinipon, *Treasures of Pioneer Heritage*, 6 tomo (1952–57), 4:197–98.



PAGGUNITA SA MGA DAKILANG TAO

Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901)



Bagaman kalaunan ay naging ikalimang Pangulo ng Simbahan, hindi gaanong interesado si Lorenzo Snow na mabinyagan hanggang sa yayain siya ng kanyang kapatid na si Eliza na dumalo sa mga klase sa Hebreo sa School of the Prophets sa Kirtland, Ohio. Dumadalo rin doon si Joseph Smith at ang iba pang mga pinuno ng Simbahan. Hindi nagtagal ay naging interesado si Lorenzo sa ebanghelyo at sumapi sa Simbahan noong Hunyo 19, 1836. Pagkatapos ay nagmisyon si Elder Snow sa Italy, sa Sandwich Islands (ngayon ay Hawaii), at Great Britain, kung saan

niya binigyan ng kopya ng Aklat ni Mormon si Queen Victoria.

Si Elder Snow ay may pambihirang mga kaloob na ginamit niya sa paglilingkod sa Panginoon. Sa kanyang patriarchal blessing pinangakuan siya na bagaman matagal siyang mabubuhay, hindi niya madarama ang mga epekto ng pagtanda. Dahil sa masiglang pangangatawan ay natili siyang aktibo sa kanyang katandaan bilang apostol at propeta. Ginamit din niya ang priesthood upang magpabangon ng ilang taong namatay na.

Noong si Pangulong Snow ang propeta, dumanas ng tagtuyot ang mga Banal sa mga Huling Araw sa katimugang Utah. Habang nagsasalita sa kumperensya sa bayan ng St. George sa katimugang Utah, nagkaroon ng inspirasyon si Pangulong Snow na mangako sa mga Banal na uulan at magtatamasa sila ng masaganang ani kung magbabayad sila ng ikapu. Bagaman nagbayad ng ikapu ang mga miyembro, lumipas ang ilang buwan na walang ulan. Nagsumamo si Pangulong Snow sa Ama sa Langit na magpadala ng ulan. Kalaunan ay nakatanggap siya ng telegrama na nagsasabing, “Umuulan sa St. George.”

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa Francis M. Gibbons, Lorenzo Snow: Spiritual Giant, Prophet of God (1982).



Itaas: Larawan ni Lorenzo Snow noong mga 1865. Gitna: Si Pangulong Snow (gitna) kasama ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, sina George Q. Cannon (kaliwa) at Joseph F. Smith (kanan) noong 1900. Ibaba: Biniyayaan ng ulan ang mga Banal sa mga Huling Araw para sa kanilang mga pananim matapos sundin ang payo ni Pangulong Snow na magbayad ng ikapu.

WALA SA TONO NGUNIT MASAYA

Ni JaNeal B. Freeman

May sariling tono sa pagkanta ang aking ama—hindi tenor, hindi bass, kundi sa pagitan ng dalawang ito. Kahit hindi niya matukoy ang middle C sa A flat, malakas at dibdibang kumanta si Itay.

Wala akong maalaala na ikinahiya ko ang pagkanta ni Itay, ngunit naaalala ko na naaliw ako at namangha sa masaya niyang pagkanta. Hindi ba niya alam na may ibang taong nakikinig?

Gustung-gusto ni Itay ang mga himno ng ebanghelyo, at hindi niya hahayaang maging hadlang sa pag-samba sa pamamagitan ng musika ang kawalan niya ng talento. Kumanta siya nang masaya, masigla, at may damdamin. Gustung-gusto ko ang pagkanta niya ng himnong gaya ng “Espiritu ng Diyos” nang may sigla at pananalig at pagkaraan ng ilang minuto ay kakantahin niya ang himno sa sakramento nang magiliw at mapitagan.

Isang hapon tinuruan ako ng aking ama ng isang nakaaantig na aral sa pamamagitan ng himno. Tumutugtog ako noon ng piyano tulad ng madalas kong gawin para makapagrelaks pagkaraan ng maghapon sa high school. Pumasok si Itay, na laging naghihintay na magkasarilinan kami sandali, at nakisali sa akin. Karaniwan na iyon sa akin: bubuklatin niya ang isang songbook, maghahanap ng awitin, at ipatutugtog sa akin habang kumakanta siya.

Sa partikular na araw na ito, inilabas ni Itay ang himnaryo at binuklat ito sa isang himno.



“Magandang kanta ito. Isa sa mga paborito ko,” sabi niya, at inilagay ang aklat sa piyano. Ito ay ang “Isang Taong Manlalakbay.” Sinabi sa akin ni Itay na ito ang paboritong himno ni Propetang Joseph Smith at na hiniling ni Joseph kay John Taylor na kantahin ito sa Carthage bago pinaslang sina Joseph at Hyrum.

Pagkatapos ay kinanta ni Itay ang buong pitong talata habang sinasaliban ko siya. Sa sandaling iyon, dalawang kamangha-manghang bagay ang nangyari. Ang una ay nakanta ni Itay ang buong awitin nang hindi nawawala sa tono. Ang kanyang mga A flat ay talagang mga A flat! Simple at hindi pasikat ang boses ni Itay, at para sa akin ay maganda ang pagkanta niya. Ang pangalawang nakakamangha ay hindi gaanong nakakagulat pero mas mahalaga. Habang kumakanta si Itay, nalaman ko na mahal niya si Joseph Smith at may patotoo siya na tinawag ito bilang propeta. Nagpatotoo ang Espiritu sa akin na si Joseph Smith ay isang propeta.

Pumanaw si Itay pagkaraan ng ilang taon, at madalas kong isipin ang araw na iyon at ang naging epekto nito sa akin. Tumibay ang isang mahalagang bahagi ng aking patotoo sa ebanghelyo dahil ipinasiya ng isang amang “hindi marunong kumanta” na kumanta nang buong puso. ■



SAMANTALAHIN ANG PAGKAKATAONG MAGTURO

“Maliban sa pagpapakita sa mga kabataan ng tamang landas sa pamamagitan ng halimbawa, inaakay natin sila nang may pag-unawa sa kanilang nadarama at lumalakad na kasama nila sa landas ng ebanghelyo. Upang tunay na maunawaan ang kanilang nadarama, hindi dapat na magkakasama lang tayo sa pagdalo sa klase o sa mga aktibidad ng pamilya o Simbahan. Kailangang planuhin at samantalahin natin ang mga sandaling maturuan sila upang makintal ito sa kanilang puso at isipan. . . .

“Umaasa akong magkakaroon tayo ng pagkakataong ibahagi ang ating mga patotoo na alam nating buhay ang Diyos at si Jesus ang Cristo. Umaasa akong magpatotoo tayo upang malaman ng ating mga anak ang nilalaman ng ating mga puso at na mahal natin sila. Ang pinakadakilang pagmamahal at pinakadakilang mga turo ay dapat maranasan sa sarili nating mga tahanan.”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Ating Tungkulin sa Diyos: Ang Misyong ng mga Magulang at Lider para sa Lumalaking Henerasyon,” *Liahona*, Mayo 2010, 95, 98.

ANG AKING PAGLILINGKOD BILANG ISANG DALAGANG MIYEMBRO

Ni Julie Burdett

Mga Magasin ng Simbahan

*Nang bigyan ako ng bagong tungkulin,
natigilan ako. “Kaya ko ba iyon?” tanong
ko sa sarili.*

Mga pitong taon na ang nakaraan, noong ako ay 29, lumipat ako sa Utah mula sa Oregon, USA. Matapos pag-isipang mabuti ang aking mga opsyon, ipinasiya kong dumalo sa aking lokal na family ward, na iniisip na kailangan kong lumipat mula sa singles ward na dinadaluhan ko.


Pinalaki ako ng aking mga magulang na laging tumatanggap ng mga tungkulin sa Simbahan, kaya nakipag-usap ako sa bishop para iprisinta ang sarili ko bilang isang taong gustong makapaglingkod. Hindi nagtagal at nagtuturo na ako sa mga limang taong gulang sa Primary, na ikinatuwa ko. Limang taon pagkaraan tinawag ako ng bishop na maging Primary president. Natigilan ako. “Kaya ko ba iyon?” tanong ko sa sarili.

Inisip ko kung kaya kong maglingkod sa tungkuling iyon kahit dalaga ako at walang anak. Sa mga naobserbahan ko sa mga family ward, ang mga Primary president ay maligaya sa pag-aasawa, matagumpay, at tapat na mga ina. Gayunman, nang maalala ko ang turo sa akin ng aking mga magulang, tinanggap ko ang bagong tungkulin. Talagang sineryoso ng bishop ang payo na ang mga bishop ay dapat “humanap ng makabuluhang mga tungkulin para sa lahat ng young single adult.”¹ Ang tungkulin ay maaaring medyo mas makabuluhan kaysa inaasahan ko noon, ngunit pinasalamatan ko ito.

Nang maglingkod ako sa bago kong tungkulin, dumanas ako ng maraming masaya, nakakatawa, at nakasisiglang mga sandali sa piling ng

mga bata. Isang Kapaskuhan, isinadula namin ang Pagsilang ni Cristo para sa espesyal na oras ng pagbabahagi. Kumanta kami ng mga awitin. Sinuotan namin ng mga bata at nilagyan ng tuwalya sa ulo ang mga pastol at si Jose. Nilagyan namin ng makikinang na headband ang ulo ng mga anghel. Gumawa kami ng mga koronang yari sa cardboard at foil para sa mga Pantas.

Nang isadula namin ang kuwento ng Pasko at kantahin ang mga sagradong awitin ng panahon, napansin ko ang magandang batang gumanap na Maria. Ang kanyang halimbawa ng pagpipitagan at kayumian habang nakaluhod, na tahimik na nakahawak sa manyikang kumakatawan sa sanggol na si Jesus, ay umantig sa puso ko. Dahil sa diwa





ng sandaling iyon, nagpasalamat ako sa isang mapagmahal na Ama sa Langit para sa ating Tagapagligtas at napalakas nito ang aking patotoo tungkol sa Kanyang dakilang misyon na puno ng pagmamahal. Nagpasalamat din ako sa malaking pagpapalang natanggap ko nang tawagin akong maglingkod at sa inspiradong bishop na tumulong sa akin na magampanan iyon.

Sa Doktrina at mga Tipan, mababasa natin, “Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain” (D at T 4:3). Bagaman ang talatang ito kadalasan ay nauugnay sa gawaing misyonero, gusto kong isipin na maaari itong tumukoy sa anumang anyo ng paglilingkod batay sa ebanghelyo.

May asawa man o wala, pinakamahalaga na bawat isa sa atin ay anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, na nais tayong umunlad, makabilang, humusay sa ating mga talento, maglingkod sa isa’t isa, at magtulungan na makabalik sa Kanya.

Ang pagtanggap at pagmamahal ay agad kong nadama sa ward na iyon at nasa puso ko pa hanggang ngayon. Ang pagnanais kong maglingkod ay kinilala at nagamit, maraming taong tumulong at tumanggap sa akin, at talagang pinagpala ako ng Ama sa Langit. Dahil sa mabait at maasikasong mga lider, pinagpala akong magturo at matuto mula sa ilan sa Kanyang pinakamababait na anak. ■

TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 16.3.3.



MAPAGMAHAL NA PAG-AASIKASO

“Bagaman maraming

miyembrong walang-asawa ang nakakaagapay sa buhay at mga problema rito, kailangan pa rin nila ng pagmamahal mula sa Simbahan at sa miyembro upang mapagtibay ang kanilang kahalagahan at pagmamahal ng Diyos sa bawat isa sa kanila.”

Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Pangu-luhan, “Pagtanggap sa Bawat Binata at Dalaga,” *Liahona*, Ago. 2007, 4.

Isang Sagot sa Bawat Tanong na “PAANO KUNG?”

“At [si Jesucristo] ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao” (Alma 7:11).



ANG KAPANGYARIHANG MAGPAGALING NG PAGBABAYAD-SALA

“Batid [ni Jesucristo] ang ating pagdadalamhati, at nariyan Siya para sa atin. Gaya ng mabuting Samaritano sa Kanyang talinghaga, kapag nakita niya tayong sugatan sa may daanan, bebendahan Niya ang ating mga sugat at aalagaan tayo (tingnan sa Lucas 10:34). Mga kapatid, ang nagpapa-galing na kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay para sa inyo, sa atin, sa lahat.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pinagpapahinga Niya ang Nangabibigatang Lubha,” *Liahona*, Nob. 2006, 7.

Ni Michael D. Woodbury

Ilang taon na ang nakararaan nadulas ang scooter ko, at bumagsak ako sa gitna ng kalsada. Halos agad akong nabundol ng isa pang sasakyan—na malaki—at kinaladkad ako sa kalsada. Sinabi ng mga taong nagbalita tungkol sa aksidente na patay na ako.

Nang matuklasan ng mga paramedic na buhay pa ako, isinugod nila ako sa ospital, kung saan sumailalim ako sa ilang emergency surgery nang sumunod na ilang araw. Habang naka-life support ako at walang-malay, ipinatong ng aking ama at ng iba pa ang kanilang mga kamay sa aking ulunan at binasbasan ako gamit ang kapangyarihan ng priesthood. Mula nang sandaling iyon, naging mahimala ang paggaling ko. Ngunit mas mahalaga pa kaysa nangyari sa akin sa pisikal ang nangyari sa espirituwal.

Ang karanasang ito ang nagbukas sa aking puso sa kapangyarihan ng Tagapagligtas. Isang linggo matapos ang aksidente, nagkamalay ako at nalaman

ko ang nangyari. Naunawaan ko na pinrotektahan ako ng Panginoon at tinulutan akong makapiling pa ang aking asawa at mga anak sa lupa. Nalaman kong pinanatag ako, hindi pinabayaan, ng Diyos. Sa halip na ma-trauma at manghina dahil sa prosesong gagawin upang ako ay gumaling, nakadama ako ng kapayapaan.

Nang sumunod na mga araw, naging mas malalim ang aking pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at tumindi ang hangarin kong manatiling tapat habambuhay. Nakita ko ang pagmamahal ng Panginoon sa mabubuting taong nakilala ko. At nakita ko na dininig at sinagot ng Ama sa Langit ang mga dalangin at pag-aayuno para sa akin ng mga taong iba’t iba ang relihiyon.

Nang ibahagi ko ang kuwentong ito sa iba, ang mga tanong na “paano kung?” ay walang katapusan. “Paano kung namatay ka?” “Paano kung hindi ka na makalakad?” “Paano kung dumanas ka



PAANO TAYO PINALALAKAS NG PANGINOON?

Tumulong si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pagsagot sa tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na “Sa Lakas ng Panginoon” (*Liahona*, Nob. 2004, 76–78):

- “Sa lakas ng Panginoon makagagawa tayo at makapagtitiis at madadaig ang lahat ng bagay.”
- “Tinutulungan tayo ng nagbibigay-kakayahan at nagpapalakas na Pagbabayad-sala na makaunawa at makagawa at maging mabuti sa mga paraang hindi mauunawaan o magagawa ng limitado nating mortal na kakayahan.”
- “Sa lakas ng Panginoon at sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, alam kong kapwa tayo pagpapalain na maisagawa ang lahat ng bagay.”

Isiping ibahagi sa iba ang inyong patotoo tungkol sa mga pagpapalang dumarating dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

ng matinding sakit habambuhay?” Ang nakamangha sa akin ay may sagot ang Pagbabayad-sala sa bawat tanong na “paano kung?”

Dahil sa Pagbabayad-sala, ako ay mabubuhay na mag-uli at anumang pisikal na karamdaman o sakit ay mapapawi. Kami ng aking asawa at mga anak ay sama-samang mabubuklod bilang walang-hanggang pamilya. Iyan ay ginawa ring posible ng Pagbabayad-sala. Kung susulong tayo nang may pananampalataya sa ating Tagapagligtas sa pagdanas natin ng mga pagsubok sa buhay at magtitiis hanggang wakas, ilalaan ng Pagbabayad-sala ang landas na kailangan nating tahakin, na may maluwalhating pangako na buhay na walang-hanggan na naghihintay sa kabilang buhay. ■

“At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan” (Alma 7:12).

Para sa iba pa tungkol sa paksang ito, tingnan sa Mateo 11:28–30; 3 Nephi 17:7–9; at Bruce C. Hafen, “Beauty for Ashes: The Atonement of Jesus Christ,” *Liahona*, Abr. 1997, 39.

MGA ARAL MULA SA Guro



Ni Elder Marvin J. Ashton (1915–94)

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

Si Marvin J. Ashton ay inorden na Apostol noong Disyembre 2, 1971. Ang sumusunod na artikulo ay hango sa isang mensahe niya sa debosyonal sa Brigham Young University noong Hunyo 5, 1988.

Natatandaan ko na noon pa man ay may espesyal na pagmamahal na ako kay Jesucristo. Itinuro sa akin na Siya ang Anak ng buhay na Diyos. Itinuro sa akin na Siya ay aking kaibigan, guro, at lakas. Sa nagdaang mga taon, kapag dumarating sa buhay ko ang tungkulin at responsibilidad at karanalang magbahagi ng espesyal na patotoo tungkol sa Kanya, sinisikap kong matuto sa Kanyang buhay at mga paraan. Tunay ngang Siya ang Dalubhasang Guro. Para matulungan akong magsikap at maging tapat, madalas akong bumaling sa ikawalong kabanata ng Juan sa Bagong Tipan para sa lakas, patnubay, at halimbawa. Kung maaari, basahin natin ang ilan sa mga talata upang mapalakas ang ating buhay at ugnayan kay Jesus. Ang mga talata at salitang ito ay tumutulong sa akin na mas maunawaan Siya at magkaroon ng hangaring magsikap at maging higit na katulad Niya. . . .

Dinala sa kanya [ng mga eskriba at Fariese] ang babaeng nangalunya. Ang mga kaaway na ito . . . ay tinangka Siyang linlangin. Iniupo nila ito sa gitna bilang isang eksibit, isang makasalanan, isang taong marumi. Hindi Siya umalis sa kinaroroonan ng babae. . . . Siya ay nahuling nangangalunya—sa akto. Walang kaduda-duda na nagkasala ito. Si Jesus ay inilagay nila sa isang

tila imposibleng sitwasyon. Sabi sa batas ni Moises, batuhin siya. “Ano nga ang iyong sabi tungkol sa kaniya?” [Juan 8:5] tanong nila, na tinutukso Siya, hinuhuli Siya—na inilagay Siya sa alanganing sitwasyon.

Anuman ang sabihin Niya, pararatangan Siya na mali ang Kanyang ginawa at hatol. Tinutukso nila Siya upang makita kung mawawalan Siya ng pasensya at malilimutan kung sino Siya. Kalupitan ang pagbato sa babae. Mali ang huwag siyang pansinin. . . . Yumukod Siya at isinulat ang Kanyang daliri sa lupa na parang hindi Niya sila narinig (kinukuha ang kanilang pansin at inihahandang maturuan ang lahat ng makaririnig). . . . At habang tahimik ang paligid, patuloy silang nagtanong. Para kong narinig ang mapangutya nilang mga tanong: “Sige na, magsalita ka. Huli ka na namin. Takot ka bang sumagot?” Ngunit si Jesus ang magpapasiya. . . .

Umuna si Jesus, nang may pagpapakumbaba at karangalan, at sinambit ang pinakamatinding mga salitang ito: “Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya” [Juan 8:7]. Isang perpektong sagot mula sa isang perpektong tao.

Sa ating mga responsibilidad, sitwasyon, at tungkulin ngayon, kailangan tayong mapaalalahanan nang paulit-ulit tungkol dito. Sa mga pakikitungo natin sa lahat ng tao, hayaan siya na walang kasalanan ang unang mamintas o makakita ng pagkakamali o manghamak. . . . Yumukod Siya at isinulat ang Kanyang daliri sa lupa. Narinig nila ang

sinabi Niya. Nadama nila ang impluwensya ng kahinahunan ng Kanyang espiritu kahit wala Siyang sinabi. Dahil inusig ng sarili nilang budhi, kusa silang nagsilisan, hindi sila itinaboy. Isa-isa silang umalis—hindi para humanap ng mga bato kundi para paghilumin ang kanilang mga espirituwal na sugat.

Naiwan Siyang mag-isa kasama ang babae. Natutuwa ako't naitala iyon. Ang ilan sa atin ay may tendensiyang umiwas na makasama ang mga nagkasala. . . . Sabi Niya, “Saan sila nangaroroon? wala bagang taong humatol sa iyo?” [Juan 8:10]. . . . Nag-ukol si Jesus ng panahon upang magtanong at makinig. Ah, kung magagawa lamang sana natin iyan! Napakadali sana ng ating mga sagot, napakahusay. . . .

Sinagot ng babae na nahuling nangangalunya ang tanong ng Panginoon tungkol sa mga nagparatang sa kanya sa pagsasabing, “Wala[ng] sinoman, Panginoon.” Pagkatapos ay sinabi ang nakapupukaw na pahayag na ito: “Humayo ka . . . [at] huwag ka nang magkasala” [Juan 8:11]. Nagtuturo ang Guro sa araw na iyon at nagtuturo din sa oras na ito mismo. Ang Kanyang dakilang mensahe: kamuhian ang kasalanan, ngunit mahalín ang nagkasala. Sana’y mabigyan tayo niyan ng lakas at kumpiyansa at mas mapalapit sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Hindi kinunsinti ni Jesus ang pangangalunya. Minahal Niya ang babae sa halip na pagsabihan ng masasakit na salita. Ang babae at ang mga nagparatang ay kailangang maturuan ng aral tungkol sa pagmamahal. Kailangan ang awa at habag sa sitwasyong ito. Masayang malaman na naniwala si Jesus na mas mahalaga ang tao kaysa sa lahat ng kasalanan nito. Nakapagtataka ba na tinawag Siyang “Mabuting Pastol”? Minahal Niya ang lahat ng Kanyang tupa, ang mga ito man ay naliligaw, nagugutom, kaaawa-awa, giniginaw, o nawawala.

Sa pagtatapos ng dakilang karanasang ito sa pagtuturo, ang aral na ito tungkol sa pagmamahal at habag, ay isang mahalagang talata.



“Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadi-liman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabu-hayan” (Juan 8:12).

Sundan natin ang Kanyang ilaw. Sumang-guni tayo nang madalas sa ilang salitang ito. Pinatotohanan ko sa inyo na ang mga ito ay iningatan para sa ikakabuti ng lahat. ■

Para sa buong teksto ng mensahe sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.



ANG KAPAYAPAHAN AT KAGALAKANG MALAMAN NA ANG TAGAPAGLIGTAS AY BUHAY



Bilang natatanging saksi ng Kanyang banal na pangalan, pinatotohanan ko na si Cristo Jesus ang banal na Anak ng buhay na Diyos.

Bilang isa sa Labindalawang Apostol, masasabi ko na itinatangi ng mga miyembro ng Labindalawa ang pribilehiyong magturo at magpatotoo tungkol sa ating pinakamamahal na Tagapagligtas. Masaya naming ibinabahagi ang aming patotoo tungkol sa Kanyang buhay, ministeryo, at misyon sa mortalidad.

Ginugunita natin ang hamak na pagsilang ng Tagapagligtas sa panahong ito ng taon kahit alam natin na hindi ito nangyari sa buwan ng Disyembre. Mas malamang na isinilang ang Panginoon sa buwan ng Abril. Pinagtitibay kapwa sa banal na kasulatan at sa kasaysayan ang isang panahon sa tagsibol ng taon, bago sumapit ang Paskua ng mga Judio (tingnan sa D at T 20:1).

Ipinahayag sa mga banal na kasulatan na ikakasal na noon ang Kanyang inang si Maria kay Jose (tingnan sa Mateo 1:18; Lucas 1:27). Ang kanilang kasunduang pakasal ay maitutulad sa isang makabagong kasunduang magpakasal, na sinundan kalaunan ng aktuwal na kasal.

Nakatala sa kuwento ni Lucas ang

pagpapakita ng anghel na si Gabriel kay Maria kaya nalaman nito ang kanyang misyon sa lupa:

“At pumasok siya sa kinaroroonan niya, at sinabi, Magalak ka, ikaw na totoong pinakamamahal, ang Panginoon ay sumasa iyo: pinagpala ka sa lahat ng babae. . . .

“At sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot, Maria: sapagka’t nakasumpong ka ng biyaya sa Dios.

“At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang Jesus.

“Siya’y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan” (Lucas 1:28, 30–32).

Ang ating Ama sa Langit ang *Kataastaasan*. Si Jesus ang *Anak ng Kataastaasan*.

“At sinabi ni Maria sa anghel, Paanong mangyayari ito, sa ako’y hindi nakakakilala ng lalake?

“At sumagot ang anghel, at sinabi sa kaniya, Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan: kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios” (Lucas 1:34–35).



**Ni Elder
Russell M. Nelson**

Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

Bago ikinasal sina Jose at Maria, ipinagdadalanta na ni Maria ang Banal na Anak na iyon. Hinangad ni Jose na protektahan si Maria (tingnan sa Mateo 1:18–19), sa pag-asang mailigtas ito sa parusang ipinapataw sa isang babaeng nagdalantao nang hindi pa nakakasal. Habang pinag-iisipang mabuti ang mga bagay na ito, nagpakita ang anghel na si Gabriel kay Jose, na nagsasabing:

“Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pag-tanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka’t ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo.

“At siya’y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya’y Jesus; sapagka’t ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan” (Mateo 1:20–21).

Hindi na kinailangang ituro kina Maria at Jose Mary ang malalim na kahalagahan ng pangalang *Jesus*. Ang kahulugan ng salitang-ugat na pinagmulan nito sa Hebreo, ang *Yehoshua* o *Jehosua*, ay “si Jehova ay kaligtasan.”¹ Kaya ang gawain ng Panginoong Diyos na si Jehova, na hindi maglalaon ay tatawaging Jesus, ay kaligtasan. Siya ang magiging Tagapagligtas ng mundo.

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang pakikipag-usap ni Nephi sa isang anghel na nagtanong, “Nalalaman mo ba ang pagpapakababa ng Diyos?”

Sumagot si Nephi, “Alam kong mahal niya ang kanyang mga anak; gayon pa man, hindi ko nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay.

“At sinabi niya sa akin: Masdan, ang birheng iyong nakikita ang ina ng Anak ng Diyos, ayon sa laman.

“... Namasdan ko na siya ay natangay sa Espiritu; at matapos siyang matangay sa Espiritu [na]ng ilang panahon, nangusap sa akin ang anghel, sinasabing: Tingnan!

“At tumingin ako at namasdang muli ang birhen, may dalang isang bata sa kanyang mga bisig.

“At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama!” (1 Nephi 11:16–21).

Mga Kabatiran mula kay Lucas

Mahalagang kabatiran ang idinagdag ng maganda at pamilyar na kuwentong isinasalaysay natin sa Kapaskuhan ayon sa nakatala sa Lucas, kabanata 2: “Nangyari nga nang mga araw na yaon na lumabas ang isang utos mula kay Augusto Cesar, na magpatala ang buong sanglibutan” (Lucas 2:1).

Ito talaga ay isang buwis sa bawat tao, sensus, at pagpapalista—isang pagpaparehistro ng mga mamamayan sa kaharian ng Roma. Iniutos ni Haring Herodes na bilangin ang mga tao sa lupain ng kanilang mga ninuno.



Kinailangang maglakbay nina Maria at Jose, na noon ay naninirahan sa Nazaret, patimog patungong lungsod ni David, na mga 90 milya (145 km) ang layo. Marahil ay mas malayo pa ang nilakbay nila kung hindi sila dumaan sa lalawigan ng Samaria na galit sa mga Judio.

Halos tiyak na naglakbay sila kasama ng mga kamag-anak na pinapunta rin sa lupain ng kanilang mga ninuno. Walang dudang kasama sa mahirap na paglalakbay na ito ang kanilang mga alagang hayop, tulad ng mga aso at buriko. Malamang na humimpil sila sa labas nang ilang gabi dahil tatlo hanggang apat na araw ang kanilang



Ang isang caravansary, kung saan si-guro nanatili sina Maria at Jose, ay tipikal na parihaba ang hugis, na binubuo ng gitnang patyo para sa mga hayop, na naliligiran ng maliliit na silid kung saan nagpapahinga ang mga tao.

paglalakbay. Pagdating nila sa Bet-lehem, panahon na para isilang ang Banal na Anak.

“At kaniyang ipinanganak ang panganay niyang anak na lalake; at ito’y binalot niya ng mga lampin, at inihiga sa isang pasabsaban, sapagka’t wala nang lugar para [sa] kanila sa tuluyan” (Lucas 2:7).

Ang talatang ito ay puno ng kahulugan, na pinayaman ng pagkabatid sa isang salita mula sa orihinal na teksto ng Bagong Tipan sa Griyego at pag-unawa sa kultura ng panahon at lugar na iyon. Ang katagang pinagmulan ng salin ng “bahay-tuluyan” ay *kataluma*.² Ang kahulugan ng unlaping Griyego na *kata* (o *cata*) ay “magpahinga” sa panahon o lugar na iyon. Kapag ang *kata* ay dinugtungan ng *luma*, ang salita ay nangangahulugang isang lugar kung saan naghihiwa-hiwalay, o nagpapahinga, ang mga tao mula sa kanilang paglalakbay. Sa Lumang Tipan sa Griyego, ang salitang *kataluma* ay sa dalawang talata lamang lumabas, na isinalin sa bawat pagkakataon hindi bilang “bahay-tuluyan” kundi bilang “silid para sa panauhin” (Marcos 14:14; Lucas 22:11).

Sa panahon at lugar na iyon, ang isang bahay-tuluyan sa Asia ay hindi kagaya ng makabagong Holiday Inn o Bethlehem Marriott. Ang bahay-pahingahan noon ay naglalaan ng tuluyan para sa mga grupong naglalakbay, kabilang na ang mga tao at kanilang mga hayop. Namalagi ang mga grupo sa tinatawag noon (at hanggang ngayon) na *caravansary*, o isang *khan*. Ang pakahulugan ng diksyunaryo sa mga katagang ito ay isang bahay-tuluyan sa buong paligid ng patyo sa mga bansa sa silangan (o Asia) kung saan nagpapahinga sa gabi ang mga grupong naglalakbay.³

Ang gayong pasilidad ay karaniwang parihaba ang hugis, na binubuo ng gitnang patyo para sa mga hayop, na naliligiran ng maliliit na silid kung saan nagpapahinga ang mga tao. Medyo mas mataas ang maliliit na silid na ito ng mga panauhin kaysa sa kanilang mga hayop, at bukas ang mga pintuan para mabantayan ng mga may-ari ang kanilang mga hayop. Tinukoy sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Lucas 2:7 na walang silid para sa kanila sa “mga bahay-tuluyan,” na nagpapahiwatig na may tao na sa lahat ng maliliit na silid sa caravansary.

Ang akalang ang mga namamahala sa bahay-tuluyan ay hindi mababait o masusungit ay maaaring mali. Walang dudang ang mga tao roon noon ay katulad ngayon—mababait. Maaaring totoo ito lalo na sa panahon na ang normal na populasyon ng Jerusalem at kalapit na Bet-lehem ay lumaki dahil sa dami ng mga kamag-anak ng mga mamamayan doon.

Sa isang Asian caravansary, magdamag na itinatali ang mga hayop sa sulok na patyo. Sa patyong iyon ay maaaring may mga buriko, aso, tupa, posibleng may mga kamelyo at baka, pati na lahat ng dumi at amoy ng mga hayop.

Dahil puno ang mga silid ng panauhin sa paligid ng patyo, maaaring nagpasiya si Jose na asikasuhin ang panganganak ni Maria sa gitna ng patyo ng caravansary, kasama ng mga hayop. Posible na sa gayong abang sitwasyon isinilang ang Kordero ng Diyos.

Dalawang beses binanggit sa Lucas 2 ang lampin. Ano ang kahulugan ng mga katagang “ito’y ibinalot niya ng mga lampin” (Lucas 2:7)? Nakikita ko ang kabuluhan ng paggamit ng hindi lamang ordinaryong lampin o balabal. Sa halip na ang anim na salitang iyon sa tekstong Tagalog,

isang salita lamang ang ginamit sa tekstong Griyego ng Bagong Tipan. Ang salitang iyon ay *sparganoo*, isang pandiwang nangangahulugan na binalot ang bagong silang na sanggol sa espesyal na tela, na pinagsalikop ang mga dulo.⁴ Marahil nga ay may nakalagay sa tela na bukod-tanging pagkakakilanlan na tutukoy sa pamilya. Ginagawa ito lalo na sa pagsilang ng panganay na anak na lalake.

Ipinahayag ng anghel, “Ito ang sa inyo’y magiging pinakatanda: Masusumpungan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban” (Lucas 2:12). Ang tela ng lampin na nakabalot sa Kanya ay tiyak na makikilala at kakaiba.

Ano naman ang tungkol sa sabsaban? Ang sabsaban ay isang labangan o bukas na kahon sa kuwadra na dinisenyo para paglagyan ng pagkain ng mga hayop. Na-kaangat mula sa sahig ng maruming patyo, maaaring ang sabsaban ang pinakamalinis na lugar na makukuha. Gayong labangan ang naging kuna ng ating Panginoon!

Ang Bukod-tanging mga Magulang ng Tagapagligtas

Mas mahalaga kaysa sa abang lugar na pinagsilangan ng Tagapagligtas ang Kanyang bukod-tanging mga magulang. Itinanong sa ilang banal na kasulatan ang “Sino ang maghahayag ng kaniyang lahi?” (Isaias 53:8; Mga Gawa 8:33; Mosias 14:8; 15:10). Ang ibig sabihin nito ay “Sino ang magpapahayag ng Kanyang henerasyon?” Ngayon, pagkaraan ng dalawang milenyo, ipinahahayag natin na si Jesucristo ay isinilang sa isang imortal na Ama at isang mortal na ina. Mula sa Kanyang imortal na Ama, minana ni Jesus ang kapangyarihang mabuhay magpakailanman. Mula sa Kanyang mortal na ina, minana Niya ang kapalarang dumanas ng pisikal na kamatayan.

Kinilala ni Jesus ang mga katotohanang ito habang nadarama Niya ito sa sarili Niyang buhay: “Sinoma’y hindi nagaalis sa akin nito,” wika Niya, “kundi kusa kong ibinibigay. May kapangyarihan akong magbigay nito, at may kapangyarihan akong kumuhang muli. Tinanggap ko ang utos na ito sa aking Ama” (Juan 10:18).

Ang bukod-tanging mga katangiang iyon ng Kanyang mga magulang ay mahalaga sa Kanyang misyon na magbayad-sala para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Kaya nga, isinilang si Cristo Jesus upang mamatay at pagkatapos ay muling magbangon sa buhay na walang hanggan (tingnan sa 3 Nephi 27:13–15). Namatay Siya upang tayo ay muling mabuhay. Isinilang Siya upang lahat ng tao ay mapaginhawa mula sa tibo ng kamatayan at

mabuhay na muli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:55; Mosias 16:7–8; Alma 22:14; Mormon 7:5).

Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay ginawa sa Getsemani, kung saan ang Kanyang pawis ay malalaking patak ng dugo (tingnan sa Lucas 22:44), at sa Golgota (o Calvario), kung saan ibinayubay ang Kanyang katawan sa krus sa ibabaw ng “dako ng bungo,” na nangangahulugang kamatayan (Marcos 15:22; Mateo 27:33; tingnan din sa 3 Nephi 27:14). Ang walang-hanggang Pagbabayad-salang ito ay magpalaya sa tao mula sa kawalang-hanggan ng kamatayan (tingnan sa 2 Nephi 9:7). Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas nagkaroon ng pagkabuhay na mag-uli at buhay na walang hanggan para sa lahat. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ang naging sentro ng buong kasaysayan ng tao.

Ang kahalagahan nito ay binigyang-diin ni Propetang Joseph Smith, na nagsabing, “Ang mga saligang alituntunin ng ating relihiyon ay *ang patotoo* ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya’y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito.”⁵

Ang pagpapahayag na ito ang pinagbatayang inspirasyong gumabay sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ilang taon na ang nakararaan nang palapit na tayo sa ika-2,000 anibersaryo ng pagsilang ng Tagapagligtas. Kaming 15 lalaki na pinagkatiwalaan ng mga susi ng kaharian ay naghanda ng aming nakasulat na patotoo. Pina-magatan namin iyon ng “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol.”⁶ Bawat isa sa 15 Apostol na nabubuhay noon ay lumagda sa patotoong iyon.

Bawat taong may patotoo sa Panginoon ay may pribilehiyo, sa pananampalataya, na makilala ang Kanyang banal na mga magulang at patotohanan na si Jesus ang Anak ng buhay na Diyos. Kasama sa tunay na patotoo ang katotohanan na ang Ama at ang Anak ay nagpakita kay Propetang Joseph Smith, na ang pagsilang ay ginugunita natin tuwing Disyembre 23. Kasama sa patotoong ito ang katotohanan na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay totoo at pinamamahalaan ng buhay na Panginoon sa pamamagitan ng propesiya at paghahayag sa tulong ng mga awtorisadong namumuno na tumatanggap at tumutugon sa tagubilin mula sa Kanya.

Kahit sa napakagulong panahon ng makabagong buhay, ang kaalamang ito ay naghahatid ng kapayapaan at kagalakan sa atin. “Magalak,” sabi ng Panginoon, “at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama



Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas nagkaroon ng pagkabuhay na mag-uli at buhay na walang hanggan para sa lahat. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ang naging sentro ng buong kasaysayan ng tao.

ninyo, at tatayo sa tabi ninyo; at magpapatotoo kayo sa akin, maging si Jesucristo, na ako ang Anak ng buhay na Diyos, na ako ang noon, na ako ang ngayon, at na ako ay paparito” (D at T 68:6). Buong pagmamahal tayong nanangangan nang mahigpit sa Kanyang banal na pangako.

Ang Ating Regalo sa Kanya

Parating ang mahihirap na panahon. Nag-iibayo ang kasalanan. Nakinita ni Pablo na magtitiis ng pag-uusig ang mga miyembro ng Simbahan (tingnan sa II Kay Timoteo 3:1–13; D at T 112:24–26). Ipinayo ni Pedro, “Kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Dios sa pangalang ito” (I Ni Pedro 4:16). Katulad ng pagpapakababa ni Jesus sa lahat ng bagay upang mangibabaw sa lahat ng bagay, inaasahan Niyang susundan natin ang Kanyang halimbawa. May pamatok na kasama Siya, bawat isa sa atin ay maaaring mangibabaw sa lahat ng hamon sa atin, gaano man kahirap ang mga ito (tingnan sa Mateo 11:29–30).

Kung iisipin ang lahat ng nagawa ng Tagapagligtas—at ginagawa—para sa atin, ano ang magagawa natin para sa Kanya? Ang pinakadakilang regalang maibibigay natin sa Panginoon sa Pasko, o kahit kailan, ay ang manatili tayong walang bahid-dungis sa mundo, na karapat-dapat na pumasok sa Kanyang banal na templo. At ang magiging regalo Niya sa atin ay kapayapaan dahil alam nating handa tayong humarap sa Kanya, kailan man dumating ang pagkakataong iyon.

Ang kaganapan ng ministeryo ng Panginoon ay nasa hinaharap. Ang mga propesiya tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito ay matutupad pa lamang. Sa araw ng

Pasko, siyempre pa, nagtutuon tayo sa Kanyang pagsilang. At sa mundong ito ay muli Siyang darating. Sa Kanyang Unang Pagparito, halos lihim ang pagdating ni Jesus. Iilang mortal lamang ang nakabatid sa Kanyang pagsilang. Sa Kanyang Ikalawang Pagparito, malalaman ng buong sangkatauhan ang Kanyang pagbalik. At Siya ay paparito, hindi bilang “isang lalaking naglalakbay sa lupa” (D at T 49:22), kundi “ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao” (Isaia 40:5; tingnan din sa D at T 101:23).

Bilang natatanging saksi ng Kanyang banal na pangalan, pinatotohanan ko na si Cristo Jesus ang banal na Anak ng buhay na Diyos. Mamahalin Niya kayo, pasisiglahin, at magpapakita Siya sa inyo kung mamahalin ninyo Siya at susundin ang Kanyang mga utos (tingnan sa Juan 14:21). Tunay ngang sinasamba pa rin Siya ng matatalinong lalaki at babae. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal sa Brigham Young University noong Disyembre 10, 2002. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. Tingnan sa Eric D. Huntsman, “Glad Tidings of Great Joy,” *Ensign*, Dis. 2010, 54.
2. Tingnan sa mga salitang bilang na 2,596 at 2,646 sa James Strong, “Greek Dictionary of the New Testament,” *Strong’s Exhaustive Concordance of the Bible* (1890), 39, 40.
3. Tingnan sa *Merriam-Webster’s Collegiate Dictionary*, ika-11 ed. (2003), “caravansary” at “khan.”
4. Tingnan ang salitang bilang na 4,683 sa “Greek Dictionary of the New Testament,” 66.
5. *Mga Tiuro ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Tingnan sa “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Abr. 2000, 2–3.



ANG DAAN PATUNGO SA Templo

*Bagaman magkakaibang landas ang tinatahak ng mga miyembro,
nababatid ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Ukraine na lahat ng
landas ng kabutihan ay patungo sa templo.*

Ni Chad E. Phares

Mga Magasin ng Simbahan

Sa pagbibiyahe sa madaling araw sa Kiltseva Road sa Kyiv, Ukraine, medyo tahimik ang daan para sa mga naglalakbay patungong Kyiv Ukraine Temple. Ilang ilaw lamang ng kotse ang makikita sa hamog ng umaga habang iniwasan ng mga sasakyan ang maputikan sa nagkalat na maliliit na lubak.

Ang ningning ng templo sa banda roon ay nagsisilbing tanglaw, naglalaan ng gabay na ilaw na nagpapakita sa mga naglalakbay papunta sa templo kung saan sila kailangang pumunta.

Samantalang ang ilan ay mapalad na masundan ang tahimik na daang ito patungo sa templo simula nang ilaan ito noong Agosto 2010, mapapatunayan ng iba na ang kanilang landas patungo sa templo ay hindi gayon katahimik.

Habang nag-uumaga at sumisilay ang araw sa langit, parami nang parami ang mga kotse at bus sa Kiltseva Road. Ngayong marami nang sasakyan, ang dating tahimik na daan ay naging maingay na paradahan.

Batid na sadyang matatrapik sila sa


paglalakbay, maraming nagpupunta sa templo na nananatili sa daan, at matiyagang umaabante nang ilang talampakan maya't maya bago muling tumigil. Ang templo ay nananatiling patutunguhan, ngunit mabagal ang andar.

Pumipili ng ibang daan ang iba. Sa likod ng templo ay may mabatong daan at pasikut-sikot na mga kalye. Hindi malinaw ang daraanan, at madaling maliligaw ang mga drayber. Gayunman, kung titingala ang drayber, makikita niya ang ituktok ng templo, na muli ay nagsisilbing gabay, inaanayahan ang lahat na magpunta sa templo.

Ang mga espirituwal na daan na tinatahak ng mga miyembro sa Ukraine para makarating sa bahay ng Panginoon ay katulad ng mga kalsada sa paligid ng templo.

Samantalang ang ilang kabataang miyembro sa Simbahan ay mapalad na lumaki sa Simbahan at ngayon ay makadadalo na sa Kyiv Ukraine Temple upang gawin ang ordenansa para sa kanilang sarili, maraming iba pa ang naglalakbay sa masikip na espirituwal na trapik para makarating doon.

Ang templo, na ibinalita ni Pangulong



Mula itaas: Sina Asiya at Nikolai Chemezov ay ibinuklod sa Kyiv Ukraine Temple tatlong araw matapos itong ilaan. Nagpapasalamat sina Petr at Adalina Mikhailenko na maaasam ng kanilang apong si Masha na makapunta sa templo sa kanilang sariling bayan. Sina Andrei at Valentina Dudka ay madalas bumisita sa pinagtatayuan ng templo habang ginagawa ito.

Gordon B. Hinckley (1910–2008) noong 1998, ay natapos noong 2010. Sa loob ng 12 taong iyon, maraming miyembro ng Kyiv Ukraine Stake ang nanatili sa makitid—kahit tila mabagal—na landas, at matiyagang naghintay na matapos ang templo. Ang iba naman ay ibang landas ang tinahak, at pansamantalang nawala ang kanilang mithiing makapasok sa templo.

Kahit magkakaiba ang espirituwal na landas na tinatahak ng mga miyembro para makarating sa templo, nababatid ng matatapat na miyembro sa Ukraine na lahat ng landas ng kabutihan ay ibinabalik sila sa templo.

Ang Tuwid na Landas

Maraming miyembrong young adult sa Eastern Europe ang naakay sa ebanghelyo sa batang edad. Ang maagang kaalamang ito tungkol sa ebanghelyo ay hindi lamang nagtulot sa kanila na malinang ang mga patotoo mula sa kanilang kabataan kundi mapatatag din ang pasiya nilang makasal sa templo.

Nalaman kapwa ni Nikolai Chemezov at ng kanyang asawang si Asiya, ng Kharkivs'kyi Ward, ang ebanghelyo sa kanilang kabataan—si Nikolai noong walong-taong-gulang siya at si Asiya noong tinedyer siya.

“Mula nang mabinyagan ako, nalaman ko na ang plano ng Ama sa Langit ang landas ng kadakilaan,” sabi ni Brother Chemezov. “Mahalaga na sa akin ang mga turo ng Simbahan tungkol sa banal na misyon ng pamilya noon pa man.”

Natanto rin ni Sister Chemezova ang kahalagahan ng mga walang-hanggang pamilya noong bata pa siya. “Noong nagsisimba ako na dalagita pa ako, tinuruan ako kung gaano kahalagang gumawa ng mga sagradong tipan sa templo,” wika niya. “Noon pa man ay pangarap ko nang makasal sa templo, at sinikap kong maging karapat-dapat na makasal sa templo.”

Nagsimulang magdeyt ang dalawa noong 2009. Habang lumalago ang pagmamahal at nagsimulang mabaling sa kasal ang usapan, alam na ng dalawa kung ano ang susunod nilang hakbang. “Nang ipahayag na ilalaan ang Kyiv Temple noong Agosto 2010, ipinasiya naming mabuklod doon,” sabi ni Sister Chemezova.

“Mabuti na lang at hindi kami naghintay nang matagal,” dagdag pa ni Brother Chemezov.

Ang dalawa ay ibinuklod sa kasal noong Setyembre 1, 2010.

“Iyon ang pinakamaligayang araw sa buhay ko,” sabi ni Brother Chemezov. “Mapalad akong mahawakan ang kamay ng aking mahal na si Asiya at dalhin siya sa bahay ng Panginoon. Masasabi ko na sa araw na iyon ay natupad ang pangarap ko—ang pangarap na bumuo ng isang walang-hanggang pamilya.”

Ang Mahabang Daan

Bagaman ang landas patungong kasal na walang hanggan ay tuwid lamang para sa mga miyembro ng Vynohradars'kyi Ward na sina Petr

at Adalina Mikhailenko, naging mas mahaba naman ito. Ang mga Mikhailenko ay kabilang sa mga unang pamilyang sumapi sa Simbahan sa Ukraine, na nabinyagan noong 1993—dalawang taon lamang matapos itatag ang unang branch sa Kyiv.

Sa kabila nito, dahil malayo ang templo at sa iba pang mga dahilan ay hindi nabuklod ang mag-asawa nang maraming taon. Hindi mahadlangan, nanatili silang tapat sa isa't isa at sa kanilang pangarap na makasal nang walang hanggan.

"Matiyaga kong hinintay ang templo," sabi ni Brother Mikhailenko. "Hindi ko naisip kailanman na lisanin ang Simbahan. Noon pa man ay malinaw na ang landas."

Matapos ilaan ni Pangulong Thomas S. Monson ang templo noong Agosto 2010, hindi mapigilan ang kasabikan ng mag-asawa na mabuklod. "Napakaaga naming dumating sa araw na ibubuklod kami kaya hindi pa bukas ang templo," sabi ni Sister Mikhailenko.

Hindi nag-iisa ang mag-asawa. Maraming kapwa miyembro ng ward ang dumating sa templo noong araw na iyon, na sabik na makibahagi sa kagalakan ng mag-asawang Mikhailenko.

"Kayganda ng pagbubuklod," sabi ni Sister Mikhailenko. "Pakiramdam mo ay hindi mo pa talaga minahal ang asawa mo na katulad noong sandaling iyon."

Namayani ang pagmamahalan simula sa araw na iyon. "May lubos na kaibhan sa aming relasyon," sabi ni Brother Mikhailenko. "Matagal na kaming kasal, pero may kakaibang damdamin ngayon. Gusto naming gumawa ng higit pa para sa isa't isa, at ginagawa namin iyon nang may higit na pagmamahal."

Nagbalik sa Landas

Sina Andrei at Valentina Dudka ng Vynohradars'kyi Ward ay pinaturuan ng ebanghelyo ng mga kapitbahay noong 2003. Matapos makipagkita nang ilang linggo sa mga misyonero, nagpasiyang sumapi sa Simbahan ang mag-asawa.

Bagaman sabik ang mga Dudka na malaman ang mga katotohanan ng ebanghelyo tulad ng pangangailangan sa mga templo sa mga huling araw at ng potensyal na magkaroon ng walang-hanggang pamilya, unti-unti silang naging di-aktibo. "Nakakita lang kami ng mga dahilan para hindi magsimba," sabi ni Sister Dudka. "Nagdahilan kami—gaya ng pagod na pagod

*Ang Kyiv
Ukraine Temple,
ang ika-134
na gumaga-
nang templo
ng Simbahan,
ay nagsisilbi sa
mga miyembro
sa siyam na
bansa.*

kami o may palabas sa TV na gusto naming mapanood."

Masama ang naging epekto ng hindi pagsisimba ng mga Dudka sa kanilang kaligayahan. "Nakita namin ang tunay na kaibhan ng buhay sa Simbahan at ng makamundong buhay nang lisanin namin ang Simbahan," sabi ni Brother Dudka. "Hindi kami masaya."

Pagkaraan ng mga apat na buwan ng hindi pagsisimba, hindi na ito nakayanan ni Sister Dudka. "Sumapit ang isang araw ng Linggo, at sabi ko, 'Kung hindi ako magsisimba ngayon, baka hindi na ako maka-tagal,'" wika niya. "Para akong isang tao na ilang araw na hindi nakainom ng tubig.

Kailangan ko ang tubig na iyon."

Nang makabalik sa pagsisimba, matiyagang ipinagdasal at hinikayat ni Sister Dudka ang kanyang asawa na bumalik na sa simbahan kasama niya. Nang kalahating taon na siyang nakabalik sa simbahan, sumunod ang asawa niya.

"Naantig ako sa mga panalangin ng asawa ko," sabi ni Brother Dudka. "Natanto ko na bilang maytaglay ng Melchizedek Priesthood, responsibilidad kong maging aktibong miyembro. Naunawaan ko na kung hindi dahil sa Diyos, wala akong magagawa."

Nang makabalik na ang mga Dudka sa Simbahan, nabalang ang kanilang isipan sa nakapagliligtas na mga ordenansa sa templo. Nagalak ang mag-asawa kasama ang iba pang mga Banal sa mga Huling Araw sa Ukraine sa temple groundbreaking noong 2007.

"Nang simulan nang itayo ang templo, madalas kaming pumunta at tumingin lang sa trabahong ginagawa roon," sabi ni Brother Dudka.

"Napalukso ako sa tuwa nang makita kong inilalatag na nila ang unang bato," dagdag pa ni Sister Dudka.

Nang ipatong ang estatwa ng anghel na si Moroni sa ituktok ng templo, nagyakapan at nag-iyakan ang maraming Banal at lalo na ang mga Dudka.

"Nang matapos na nila sa wakas ang pagtatayo ng templo, napanatag kami dahil alam namin na karapat-dapat kaming makapasok," sabi ni Brother Dudka.

Sinabi ng mga Dudka na naging mas matatag at pangwalang-hanggan ang pananaw nila sa buhay nang mabuklod sila sa templo. "Nauunawaan mo na ang pamilya mo ay hindi na kayong mag-asawa lang—ngayon ay bahagi na rin nito ang Panginoon," sabi ni Sister Dudka. "Pinangalagaan na namin ang isa't isa na may walang-hanggang pananaw." ■

Ang Susi sa Oportunidad

PAGDIRIWANG NG 10 TAON NG PERPETUAL EDUCATION FUND



Isang dekada matapos ipaalam ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Perpetual Education Fund, umunlad ang gawaing ito at ang mga kalahok nito.

Ni Rebekah Atkin

Mga Magasin
ng Simbahan

Noong 1850, tatlong taon lamang matapos dumating sa Salt Lake Valley, nagsimulang magtatag si Pangulong Brigham Young (1801–77) ng mga akademya at unibersidad upang makapag-aral ang mga Banal sa mga Huling Araw. Hinihikayat ng bawat propeta ng dispensasyong ito ang mga miyembro ng Simbahan na mag-aral.

Kabilang sa kanila si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na nagpasimula ng Perpetual Education Fund (PEF), na itinu-lad sa isa pa sa mga programa ni Brigham Young noong ika-19 na siglo, ang Perpetual Emigration Fund. Ang bagong educational fund na ito, sabi nga ni Pangulong Thomas S. Monson, ay magiging isa sa mga tampok sa administrasyon ni Pangulong Hinckley.¹ Nakita ni Pangulong Hinckley na nakahadlang ang karalitaan at kakulangan ng pinag-aralan at kasanayan sa maraming young adult sa Simbahan para maabot ang kanilang

potensyal. Humiling siya ng mga kasagutan sa Panginoon.

Sa pangkalahatang kumperensya noong Marso 31, 2001, ipinaalam ni Pangulong Hinckley ang kanyang pananaw para sa programa. Inamin niya na isa itong “mapangahas na gawain” ngunit nanindigan na “ang edukasyon ay susi sa oportunidad.”² Inanyayahan ni Pangulong Hinckley na mag-ambag ang lahat ng gustong mag-ambag, at nagsimula na ang programa.

Ngayon, makaraan ang 10 taon, ang malalaki at maliliit na donasyon ng mga tao sa iba’t ibang panig ng mundo ay nakatulong sa programa—at sa mga kalahok nito—na umunlad. Sinabi ni Elder John K. Carmack, miyembrong emeritus ng Pitumpu at Executive Director ng PEF, na ito ay “pagsagip sa mga Banal mula sa sumpa ng karalitaan.” Naging matagumpay ito sa pagsagip na iyon, sabi ni Rex Allen, volunteer director ng training and communications

Sa loob ng dekada mula nang pasimulan ito, napaunlad ng Perpetual Education Fund ang buhay ng mga 50,000 kalahok sa 51 bansa, gaya ni Kevin Moore ng West Indies at mga kalahok mula sa Peru (kaliwa).



2001

KABUJANG BILANG NG MGA KALAHOK AYON SA TAON

2011



BILANG NG MGA KALAHOK SA PEF

Napagpala ng Perpetual Education Fund ang buhay ng mahigit 50,000 kalahok sa 51 bansa sa nakaraang 10 taon. Narito ang ilang estadistika tungkol sa mga young adult na ito:

- 51 porsiyento ay lalaki, 53 porsiyento ay babae.
- 34 porsiyento ay may asawa.
- 80 porsiyento ng mga lalaki ay mga returned missionary.
- 82 porsiyento ay nagtatrabaho habang nag-aaral.
- Ang karaniwang edad nila ay 24.5.
- Karaniwan ay natatapos sila sa kanilang pag-aaral sa loob ng 2.6 taon.
- Sumusuweldo sila ng tatlo hanggang apat na beses ang taas kaysa rati pagkatapos mag-aral.

para sa PEF, dahil itinatag ito ayon sa mga walang-hanggang alituntunin at may kasamang mga pangako ng propeta na “higit ang epekto kaysa nauunawaan ng sinuman sa atin.”

Isang Mapangahas na Gawain

Tulad ng ipinaliwanag ni Pangulong Hinckley noong 2001, ang pondo ay nalikha mula sa mga perang donasyon; ang patubong nagmumula sa puhunan ay ipinauutang sa mga estudyante.

Ang mga young adult na interesadong lumahok ay maaaring lumapit sa lokal na mga lider ng priesthood at institute director. Sa kanilang rekomendasyon, ang mga “may ambisyong kabataang lalaki at babae,” marami sa kanila ay mga returned missionary, ay tumatanggap ng pautang upang makapag-aral sa sarili nilang komunidad.³ Habang nag-aaral, sinisimulan nilang bayaran ang utang, kaya nagagamit din ng iba pang mga estudyante ang pondo.

Sa loob ng isang dekada mula nang pasimulan ito, napaunlad na ng programa ang buhay ng mga 50,000 kalahok sa 51 bansa, tinutulungang “makaahon [sila at ang mga henerasyong nauna sa kanila] sa kinamulatan nilang kahirapan,” tulad ng sinabi ni Pangulong Hinckley na mangyayari.⁴

Ganito inilarawan ni Brother Allen ang PEF: “May ginawang pambihira ang propeta sa araw na iyon. Noong araw, iniinat ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng Dagat na Pula at nahati ang dagat. Ipinakita rin ni Pangulong Hinckley ang pananampalatayang ito nang gamitin niya ang katungkulan niya bilang propeta sa madilim na dagat ng kahirapan at pasimulan ang PEF.”

Mga Alituntunin

Ang Perpetual Education Fund ay ibinatay sa mga alituntunin ng ebanghelyo—pananampalataya at pag-asa kay Jesucristo, pag-aaral, paggawa, pagsasakripisyo, pag-asa sa sarili, integridad, at paglilingkod. Sinusunod ng mga kalahok sa PEF at mga nakatapos na ng pag-aaral sa iba’t ibang panig ng mundo ang mga alituntuning ito sa kanilang buhay.

Sabi ni Carolina Tello Vargas, isang nagtapos mula sa Colombia, ang PEF ay “isang sinag ng pag-asa” at katibayan ng tulong ng Ama sa Langit, na “gumagabay [sa kanya] at nagbubukas ng daan tungo sa kaunlaran.”

Nauunawaan niya ang kahalagahan ng edukasyon at ng gawain at sakripisyong kailangan dito. Bago siya lumahok sa PEF, nagtrabaho si Carolina sa ilang kumpanya at ibinenta ang lahat ng kanyang alahas para makapag-aral ng abugasya. Nagsakripisyo rin ang kanyang pamilya.

“Alam ko na para makapag-aral, dapat akong magsakripisyo,” paliwanag ni Carolina. “Handa akong gawin iyon para magkaroon ako ng mas magandang trabaho sa hinaharap.”

Ngunit dumating ang mga hamon sa pamilya noong huling taon niya sa kolehiyo, at hindi siya nakabayad ng matrikula. Tumanggap siya ng pautang sa PEF at ginamit ito upang matagumpay na makatapos sa kanyang degree.

Isinabuhay rin si Shirley Mwelase ng South Africa ang mga alituntuning ito. Ginamit niya ang pautang sa PEF upang tapusin ang computer programming course at, nang magkatrabaho sa isang insurance company, agad niyang binayaran ang balanse ng kanyang utang, kaya nadama niya na siya ay “maasaan at mapagkakatiwalaan.”

Ipalaliwanag ni Shirley, “Ang trabahong mas mataas ang suweldo ay magpapaganda ng buhay. Ibig sabihin nito matutulungan ko ang aking mga magulang at pamilya, at ang mga kasanayan at kahusayang napasaakin dahil sa trabaho ay nakatulong sa akin nang malaki upang higit na makapaglingkod sa lahat ng tungkulin ko sa Simbahan.”

Nagtatrabaho bilang programmer, marami siyang nagawa. Sabi niya, “Pakiramdam ko kung hindi sa pag-aaral ko at palagiang pagsisimba, hindi ako makapagtatrabaho, ni hindi ko magagawa ang anuman sa mabubuting bagay na ito.”

Mga Pangako at Pagpapala

Nang ipaalam ni Pangulong Hinckley ang Perpetual Education Fund, nangako siya na



10 BUNGA NG UNANG 10 TAON

Sabi ni Elder John K. Carmack, Executive Director ng PEF, ito ang mga ibinunga ng pondo:

1. Nagkakaroon ng pag-asa sa sarili at integridad: naisasakatuparan ang mga obligasyon at natutustusan ang pamilya.
2. Patuloy ang walang-hanggang pag-unlad: nagtatamo ng katalinuhan sa buhay na ito na magiging kapaki-pakinabang sa kabilang-buhay (tingnan sa D at T 130:18–19).
3. Nagkakaroon ng mga pinunong may-kakayahan: nakakahanap ng mas gagandang trabaho kaya may ng oras na makapaglingkod sa Simbahan.
4. Nagkakaroon ng mga oportunidad sa pamamagitan ng edukasyon: nagiging kwalipikado sa mga trabahong nangangailangan ng ilang training at kasanayan.
5. Pinagyayaman ang mga buhay: luma-lawak ang pang-unawa at nabubuk-san ang mga isipan.
6. Naghihiikayat ng diwa ng batas ng lubos na paglalaan: inaanyayahan ang lahat na mag-ambag, at malapit nang maging isa (tingnan sa D at T 38:27).
7. Tinutulungang pangalagaan ang maralita: isinasakatuparan ang pangunahing obligasyon ng Simbahan (tingnan sa D at T 81:5; 83:6).
8. Pinapalakas ang mga pamilya: naka-kaahon mula sa karalitaan.
9. Nagkakaroon ng mabubuting tradisyon: naipatutupad ang mga alituntunin ng ebanghelyo.
10. Sinusunod ang halimbawa ng pagsa-sakripisyo ng Tagapagligtas: ibinibigay ang kung ano ang mayroon tayo para tulungan ang iba.




magdudulot ito ng mga pagpapala sa mga tao, sa kanilang mga pamilya at komunidad, at sa buong Simbahan sa pamamagitan ng mga pagkakataong magkapagtrabaho, maglingkod, at mamuno.

Nangako si Pangulong Hinckley na ang mga kalahok “ay makapag-aaral na upang makaangat sila sa kahirapang nakamulatan. . . . Mag-aasawa sila at susulong na may mga kasanayan para kumita nang malaki at magkaroon ng lugar sa lipunan kung saan malaki ang kanilang maiaambag.”⁵

Ang pangakong ito ay natupad para sa libu-libong kalahok sa PEF, pati na kay Pablo Benitez ng Uruguay. Si Pablo ay nagtatrabaho nang 12 oras sa isang araw sa isang grocery, na halos isang kahig-isang tuka ang buhay, nang ipasiya niyang baguhin ang kanyang buhay. Nagsimula siyang mag-aral, ngunit nang tumaas ang matrikula at iba pang bayarin, nalaman niyang hindi niya kayang tustusang mag-isa ang kanyang pag-aral.

Sa pamamagitan ng PEF, nakatapos siya ng degree sa physical education. Dahil dito, nakuha siya ng ilang trabaho sa paglipas ng mga taon, na bawat isa ay mas mataas ang suweldo

Si Miriam Erquiza, isang returned missionary mula sa Pilipinas, ay natanggap sa isang travel agency; dahil sa oras niya sa trabaho ay nagkaroon siya ng pagkakataong maglingkod bilang Young Women president at institute teacher.



PAANO MAKIKILAHOK

Ang PEF ay nagbalangkas ng limang-hakbang na proseso para sa mga nakatira sa aprubadong mga lugar para makalahok sa programa. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa proseso o mga kailangan, bisitahin ang pef.ids.org. Para makapagsimula, kausapin ang inyong lokal na lider ng priesthood o institute director.

Hakbang 1: Mangarap—Alamin ang tungkol sa PEF program at kung mayroon sa inyong lugar at dumalo sa inyong stake education and employment fireside.

Hakbang 2: Magplano at maging kwalipikado—Dumalo sa Planning for Success workshop sa inyong institute at humingi ng rekomendasyon at payo mula sa inyong mga lider ng priesthood.

Hakbang 3: Mag-aplay—Kumpletuhin ang PEF application online, batay sa nalaman ninyo sa Planning for Success workshop.

Hakbang 4: Mangako—Kung maaprubahan, dumalo sa PEF loan interview, kung saan sasang-ayon kang tuparin ang iyong mga pangako.

Hakbang 5: Mag-aral, magtapos, pagbutihin ang trabaho, at bayaran ang utang—Sumampalataya at magpamalas ng pagsisikap, integridad, katapatan, at pag-asa sa sarili; sikaping matupad ang inyong mga pangarap.



kaysa rati. Ikinuwento pa nga niya, “Madalas akong alukin ng full-time na trabaho o na humalili sa iba na hindi ko tinanggap dahil wala akong sapat na oras. At lahat ng ito ay dahil sa PEF at sa mga pagkakataong nabuksan sa akin dahil nakapag-aral ako.”

Dahil sa mga pagkakataong natamo sa pamamagitan ng edukasyon, masusuportahan na ni Pablo ang kanyang pamilya habang pinaglilingkuran at pinatatatag ang kanyang komunidad bilang isang guro.

Ang pagtatrabaho nang maraming oras para kumita nang sapat upang mabuhay at mabayaran ang ikapu ay magiging malaking hamon sa paglilingkod sa Simbahan, sabi ni Brother Allen. Mahirap ito para sa maraming miyembro sa iba’t ibang panig ng mundo, ngunit ganito ang ipinangako ni Pangulong Hinckley sa mga kalahok sa PEF: “Magiging pinuno sila sa dakilang gawaing ito sa kanilang sariling bansa. Magbayad sila ng kanilang ikapu at mga handog, na magpapalaganap sa gawaing ito ng Simbahan sa iba’t ibang panig ng mundo.”⁶

Nalaman ng maraming kalahok na ang edukasyong natamo sa pamamagitan ng PEF ay humahantong sa mas magagandang trabaho na nagbibigay sa kanila ng mas maraming oras

Si Vanderlei Lira ng Brazil ay naglingkod bilang branch president nang anim na taon habang nagtatrabaho bilang trabahador. Nang makatapos sa pag-aaral dahil sa pautang sa PEF, nakakita siya ng bagong trabaho na mas mataas ang suweldo. Inilarawan siya ng kanyang stake president bilang “isang higitang napalaya ng oportunidad.”

para makapaglingkod sa Simbahan. Si Miriam Erquiza, isang returned missionary mula sa Pilipinas, ay nakatapos ng dalawang-taong web design program at, sa pamamagitan ng “taim-tim na panalangin,” ay nakakuha ng trabaho sa isang travel agency. Dahil sa posisyong ito ay nasupportahan niya ang kanyang pamilya at nagkaroon ng oras para makapaglingkod bilang Young Women president at institute teacher.

Si Vanderlei Lira ng Brazil ay naglingkod nang anim na taon bilang branch president, at tinulungang lumago ang kanyang branch na mula 18 ay naging 110 ang aktibong mga miyembro, habang nagtatrabaho siya bilang isang trabahador dahil hindi siya nakatapos ng pag-aaral. Nang ipaalam ang PEF, nakapag-aral siya ng occupational safety at nakakita ng bagong trabaho, at lumaki ang kanyang suweldo at nabayaran niya kaagad ang kanyang utang. Patuloy siyang naglilingkod ngayon sa Simbahan. Inilarawan siya ng kanyang stake president bilang isang mahusay na pinuno at ama, “isang higanteng napalaya ng oportunidad.”

Sinabi ni Pangulong Hinckley sa mga miyembro ng Simbahan na magtatagumpay ang programa dahil ang Simbahan ay may “organisasyon . . . at matatapat na lingkod ng Panginoon” na mahalaga upang magtagumpay.⁷ Tunay ngang ang Perpetual Education Fund ay nagtatagumpay dahil kasama rito ang kooperasyon ng mga kalahok at mga lokal na lider ng priesthood sa pamamahala ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at iba pang mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan. Ang mga employment resource center at seminary at institute ng Simbahan ay lubos ding abala sa gawaing ito.



ISANG MAS MAGANDANG KINABUKASAN

“Ang Perpetual Education Fund . . . [ay] tumutulong sa mga miyembro

sa buong daigdig na makaahon sa kahirapan at nagsasanay sa kanila upang maging marapat na mga kabataan at makahanap ng mabuting trabaho. Ang inspiradong planong ito ay nagbigay ng pag-asa sa mga walang kakayahang baguhin ang kanilang buhay ngunit ngayon ay may pagkakataon nang mapaganda ang kinabukasan.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Ipinakita Nila ang Landas na Tatahakin,” *Liahona*, Okt. 2007, 6.

PAANO MAG-AAMBAG

Ang tagumpay ng pondo ay lubhang nakasalalay sa kabutihang-loob at tulong ng mga miyembro at boluntaryo sa iba’t ibang panig ng mundo. Narito ang ilang paraan para makatulong kayo:

- Magboluntaryo nang part-time sa isang lokal na PEF service center.
- Maglingkod kayong mag-asawa nang full-time bilang senior missionary couple sa PEF program.
- Mag-ambag sa Perpetual Education Fund.

Ang mga epekto ng pondo ay walang katapusan hindi lamang sa pinansyal, dahil binabayaran ang pera at muling ipinautang sa iba pang estudyante. May epekto rin ito sa espirituwal at sa lipunan dahil pinagpapala ang mga kalahok, donor, administrador, at napakarami pang iba sa hindi tuwirang paraan. “Edukasyon ang susi,” sabi ni Brother Allen, “upang mabuksan ang pintuan ng isang matibay na pader, hindi lamang para sa bawat tao kundi maging para sa kanilang pamilya at komunidad.”

Sa nagdaang 10 taon, nakatulong ang teknolohiya at karanasan sa magandang kaayusan ng proseso para sa mga kalahok at facilitator, ngunit hangad pa rin ng Perpetual Education Fund na maisakatuparan ang mithiin ng propeta para dito. Ang “mapangahas na gawain” na ito ay mananatiling gawain ng propeta. Ipinagpatuloy ni Pangulong Monson ang gawain ng pondo, na, sabi niya, ay “malayo ang mararating.”⁸ ■

MGA TALA

1. Tingnan sa “16th President Fields Questions from Media,” *Church News*, Feb. 9, 2008, 15.
2. Gordon B. Hinckley, “Ang Perpetwal na Pongong Pang-edukasyon,” *Liahona*, Hulyo 2001, 62, 67.
3. Gordon B. Hinckley, *Liahona*, Hulyo 2001, 62.
4. Gordon B. Hinckley, *Liahona*, Hulyo 2001, 62.
5. Gordon B. Hinckley, “Umuunlad ang Simbahan,” *Liahona*, Hulyo 2002, 6.
6. Gordon B. Hinckley, “Pagtulong upang Maangat ang Kapwa,” *Liahona*, Ene. 2002, 62.
7. Gordon B. Hinckley, *Liahona*, Hulyo 2001, 67.
8. Thomas S. Monson, sa “16th President Fields Questions from Media,” *Church News*, Feb. 9, 2008, 15.

Bisitahin ang peflds.org para mabasa ang iba pang kuwento mula sa mga kalahok sa PEF at malaman kung paano makikibahagi.



*Madaling maligaw ng landas
kung hindi magkatugma ang
mga desisyon natin sa araw-
araw sa ating walang-hanggang
patutunguhan.*

NAWALA AT NATAGPUAN



Ni Adam C. Olson

Mga Magasin ng Simbahan

Bago nag-30 si Roberta Tuilimu, natanto niya na hindi siya masaya. May tatlo siyang magagandang anak, at mahal niya ang kanilang amang si Daniel Nepia, ngunit hindi kasal sina Roberta at Daniel. Hindi miyembro ng Simbahan si Daniel, at matagal nang hindi nagsisimba nang regular si Roberta.

Napakalayong makasal sila sa templo na pinangarap niya noon pa mang dalagita siya na nagsisimba linggu-linggo kasama ang kanyang mga magulang sa Auckland, New Zealand. Ngunit ang pagtalikod niya sa kanyang mga walang-hanggang mithiin ay hindi nangyari nang minsan; unti-unti niya itong ginawa sa maliliit na desisyon niya araw-araw.

“Aking hahanapin ang nawala, at ibabalik ang iniligaw,
at tatalian ang nabalian, at palalakasin ang may sakit”
(Ezekiel 34:16).

Magkakontra ang mga Desisyon

Para kay Roberta isang desisyon ang malinaw na naging dahilan para siya malayo sa landas ng ebanghelyo, bagaman may ilan pa siyang nagawang pasiya kaya siya nagkagayon. Noong tinedyer pa siya hindi nagsimba si Roberta nang dalawang linggo para gumawa ng homework. “Mahalagang isipin na maaari itong magsimula sa isang bagay na tila napakaliit noon,” wika niya.

Matapos lumiban nang dalawang linggo mas madali na sa kanya na hindi magsimba nang sumunod na linggo. Ang mga linggong pasulput-supot sa Simbahan ay nauwi sa mga buwan. Nang siya ay mag-18, nakumbinsi siya ng kanyang mga kaibigan na magpunta sa nightclub tuwing Sabado, kaya naging mas mahirap pang makasimba tuwing Linggo. Nauwi rin ito sa paginom niya ng alak.

“Alam kong hindi tama iyon, pero akala ko makakatigil ako kaagad kung kailan ko gusto,” wika niya. “Tinangka kong bigyang-katwiran ang mga desisyon ko.”

Hindi angkop ang pamumuhay niya noon para makapasok sa templo, subalit nang makilala niya si Daniel, dinala niya ito sa bakuran ng Hamilton New Zealand Temple at sinabi rito na gusto niyang makasal doon.

“Alam ko na doon ko gustong magpunta,” wika niya. Ngunit sa bawat masamang desisyon ay tila mas madaling gumawa ng isa pa—na higit na naglayo sa kanya sa hangad niyang patunguhan. Di nagtagal ay nagsama na sina Roberta at Daniel.

“Magkakontra ang gusto ko—ang alam kong tama—at ang mga desisyon ko,” wika niya. “Nakatuon ako sa kasalukuyan. Hindi ko naiugnay ang mga kasalukuyan kong desisyon sa kapupuntahan ko.”

Hinahanap ng Panginoon ang Nawala

Kahit malayo na siya sa nais niyang patunguhan, hindi nawala si Roberta para sa Panginoon. Bagaman hindi ito natanto noon nina Daniel at Roberta, noon pa sila hinahanap ng Mabuting Pastol, na pumarito “upang hanapin at iligtas ang nawala” (Lucas 19:10).

Noon pa nagpapahiwatig ang Espiritu kay Daniel, tulad noong dalhin siya ni Roberta sa bakuran ng templo at basbasan ng ama ni Roberta ang kanilang mga anak. Bagaman ilang beses silang lumipat ng bahay, at sa bawat paglipat ay nakikila nila—at paminsan-minsan ay pinag-aralan nila ang ebanghelyo na kasama—ang mga misyonero.

Pagkatapos, nang muli silang lumipat noong 2006, nakasalubong nila ang ilang dati nilang kaeskuwela, sina Dan at Lisa Nathan, na mga aktibong miyembro ng Simbahan. Kalilipat lang nina Daniel at Roberta sa hangganan na sakop ng ward ng mga Nathan.

Sa loob ng tatlong linggo tinanggihan ni Roberta ang mga imbitasyon ni Lisa na sumamang magsimba. “Ayoko nang ipaliwanag pa ang sitwasyon ko,” wika niya. “Pero ipinasiya ko na gusto kong dumalo ang mga anak ko sa Primary.”

Hindi naglaon at nakikipagkita nang muli sina Daniel at Roberta sa mga misyonero. Nagsimulang magsimba si Daniel, kung saan nakagawa ng kaibhan ang mahusay na guro sa Mga Alituntunin ng Ebanghelyo. Binisita sila ng mga visiting teacher buwan-buwan. Nakilala pa ng mag-asawa si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang espesyal na debosyonal.

Nakita ni Roberta na ang nangyari sa kanila ay katibayan na naghanda ang Ama sa Langit ng “isang grupo ng mabubuting taong tumulong sa amin.”

Pag-isipan ang Inyong mga Lakad

Sa pamamagitan ng iba’t ibang karanasan at tao, naglaan ng mga pagkakataon ang Ama sa Langit kina Daniel at Roberta na “gunitain [ang kanilang] mga lakad” (Haggai 1:7). Ngunit kinailangan nilang “ihabilin [ang kanilang] lakad sa Panginoon” (Mga Awit 37:5) bago sila nakapagpatuloy.

“Alam ko na ang aking mga lakad ay hindi tugma sa Kanyang mga lakad,” sabi ni Roberta (tingnan sa Isaias 55:8–9), “pero hindi ko alam noon kung paano pagtugmain ang dalawa.”



Dumating ang pagbabago nang hilingin ng mga misyonero kina Daniel at Roberta na magpasiya kung saan nila gustong magpunta, sa aspetong espirituwal, at kung ano ang kailangan nilang gawin para makarating doon.

“Nang magdesisyon kami sa huli na gusto naming makaparoon sa Kanyang pinaroonan,” wika niya, “sinimulan naming tingnan kung ano ang kailangan para masundan Siya roon.”

Sa mga sumunod na buwan, sinikap ni Roberta na talikuran ang masasamang desisyon niya noon at bumalik sa landas na iniwan niya mahigit isang dekada na ang nakararaan. Nang simulan niyang talikuran ang landas ng ebanghelyo noong tinedyer pa siya sa maliliit na desisyon, nagsimula ang pagbalik ni Roberta sa landas sa paggawa ng tila maliliit na bagay bawat araw.

“Nang subukin kong gawin ang mahahalagang bagay araw-araw—mga panalanging pansarili at sa pamilya, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdadala ng mga anak sa simbahan, pagtulong sa iba kapag kaya ko—nadarama ko na binabantayan kami ng Ama sa Langit at pinakikinggan ang aming mga dalangin,” sabi ni Roberta. “Mas masaya ang pamilya namin.”

Ang maliliit na desisyong iyon ay nagpalakas kina Daniel at Roberta nang dumating ang oras para gumawa ng malalaking desisyon. Nagpasiya silang magpakasal. Pagkatapos, halos isang taon matapos turuan ng mga misyonero sina Daniel at Roberta, ang hangarin nilang makasama ang kanilang pamilya magpakailanman ay nag-akay kay Daniel na magpabinyag.

Sa huli, pagkaraan ng dalawang taong pagsisikap na itugma ang ginagawa nila bawat

araw sa gusto nilang mangyari sa hinaharap, nabuklod sina Daniel at Roberta sa templo—naisakatuparan ang pangarap ni Roberta noong bata pa siya.

Mamuhay Ngayon para sa Kawalang-hanggan

Bilang bahagi ng plano ng Ama sa Langit, may pagkakataon sina Daniel at Roberta na magpasiya bawat araw kung aling landas ang pipiliin nila—ang kanila o ang sa Kanya. Mas alam na ngayon ng mag-asawa kung saan sila dadalhin ng kanilang mga pagpapasiya sa araw-araw.

Mula sa sarili nilang karanasan nauunawaan nila kung gaano kadaling maligaw ng landas kapag nagpasiya sila nang hindi iniisip ang epekto nito sa kanilang walang-hanggan patutunguhan. Ngunit nagpapasalamat din silang malaman mismo na may paraan para makabalik.

“Alam ko na mahal ako ng Panginoon at gusto Niya akong makabalik dahil biniyayaan Niya ang aming buhay ng mga taong nakilala namin sa daan na tumulong sa amin para makabalik,” sabi ni Roberta. “Hinding-hindi Niya ako kinalimutan nang mapalayo ako sa Simbahan.”

Salamat sa pagmamahal—at sa nagbabayad-salang sakripisyo—ng Mabuting Pastol, “[maaring] lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at . . . manumbalik siya sa Panginoon, at kaawaan niya siya . . . , sapagka’t siya’y magpapatawad ng sagana” (Isaias 55:7).

Ngayon ay sinisikap ng mga Nepia na manatiling nakatuon sa nais nilang patunguhan. “Kapag nalaman mo na may higit pa sa buhay na ito kaysa *ngayon*,” sabi ni Daniel, “binabago nito ang iyong mga pasiya.” ■



MGA DESISYON ANG NAGPAPASIYA NG TADHANA

“Nasabi na ng isang tao, ilang taon na ang nakararaan, na ang kasaysayan ay umiikot sa maliliit na bisagra, at gayon din ang buhay ng mga tao. Ang ating buhay ay nakasalalay sa mga desisyong ginagawa natin—dahil mga desisyon ang nagpapasiya ng tadhana.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Decisions Determine Destiny,” *New Era*, Nob. 1979, 4.

SA PAG-ALIW SA ATIN NI CRISTO

Unang Pasko namin iyon sa North Island ng New Zealand—isang maganda at kaibig-ibig na lupain. Subalit sa kabila ng sikat ng araw at kabaitan ng mga miyembro ng Simbahan, nadama ko ang saklap ng pangungulila sa aking mga magulang at kapatid. Lumipat kami mula sa Estados Unidos noong mga unang buwan ng taong iyon, at gusto ko nang umuwi.

Sa aming bagong lugar nakaibigan naming mag-asawa ang mga Wilson, isang bata pang pamilyang Irish ng ibang relihiyong Kristiyano na kadarating lang din sa New Zealand. Kasamahan ko si Noleen Wilson sa trabaho, at mabilis kaming naging mabuting magkaibigan, at nagkuwentuhan ng mga karanasan sa pandarayuhan at ng aming pagmamahal sa bago naming tahanan. Habang umiigting ang aming

pagkakaibigan, nalaman ko na nangungulila at nahihirapan din ang kanilang pamilya. Tatlo ang anak nila na mga bata pa at buntis siya sa ikaapat.

Isang gabi na talagang nalulungkot ako at naaawa sa sarili, naisip ko na ang pinakamainam na paraan para madaig ko ang aking kalungkutan ay ang maglingkod sa iba—lalo na sa mga Wilson. Ipinasiya naming mag-asawa noong gabing iyon na simulan ang pagdiriwang ng 12 araw ng Pasko kasama ang mga Wilson sa pag-iwan ng mensahe at maliliit na regalo sa kanilang pintuan nang hindi nila nalalaman. Bawat gabi napalitan ng kasabikan at pag-asam ang aking kalungkutan tuwing palihim kaming pupunta sa bahay nila, mag-iwan ng aming mensahe at regalo, kakatok sa kanilang pinto, at pagkatapos ay tatakbo na may

malalaking ngiti sa aming mga labi.

Bawat araw sa trabaho ikinukuwento sa akin ni Noleen ang mahiwagang “mga duwende ng Pasko” na bumisita noong nakaraang gabi. Ikinukuwento niya na inaasam ng kanyang mga anak ang pagdating ng kanilang mga bisita, na nagpapasaya sa Pasko ng pamilya. Ilang gabing sumali sa aming pagsasaya ang mga kabataan ng ward.

Sa huling gabi, Bisperas ng Pasko, nag-iwan ng mensahe at cookies ang mga Wilson sa kanilang pintuan, na hinihiling na makilala nila ang kanilang mga duwende. Pagdating namin ng mga kabataan para kumanta ng mga awiting Pamasko bilang huli naming regalo, tuwang-tuwa ang mga bata at niyakap kami ng aming mga kaibigan nang may luha ng pasasalamat. Ang lungkot sa puso ko ay nahalinhan ng pagmamahal at kagalakan, at tumibay ang pagkakaibigan ng aming mga pamilya.

Kalaunan ay nakatanggap kami ng e-mail mula sa isang lalaki sa simbahan ng mga Wilson na nagsabing naantig siya sa ginawa namin para sa pamilya kaya nagtanong siya tungkol sa aming Simbahan at ang mga paglilingkod na ginagawa namin para sa iba. Noon lang narinig ng kongregasyon nila ang tungkol sa 12 araw ng Pasko at ngayon ay iniuugnay ang tradisyong ito sa mga Banal sa mga Huling Araw.

Hinding-hindi ko malilimutan ang unang Paskong iyon sa New Zealand, kung saan ko nalaman ang isang di-inaasahang paraan para kalimutan ang aking sarili, magtrabaho, at “aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw” (Mosias 18:9)—tulad ng pag-aliw sa atin ni Jesucristo sa mga oras ng ating pangangailangan at kalungkutan. ■

Angela Fallentine, New Zealand

Pagdating namin ng mga kabataan para kumanta ng mga awiting Pamasko bilang huli naming regalo, tuwang-tuwa ang mga bata at niyakap kami ng aming mga kaibigan.



ANG AKING CHRISTMAS CARD MULA SA OBREGÓN

Habang nagmimisyon ako sa Mexico, may nakilala kaming magkompanyon na isang lalaki mula sa Obregón, isang lungsod sa hilagang-kanlurang Mexico malapit sa Gulf of California. Interesado siya sa aming mensahe tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo, ngunit 10 minuto lang siya maaaring makipag-usap dahil kailangang maabutan niya ang tren. Itinuro namin sa kanya ang lahat ng kaya namin sa maikling oras na iyon at binigyan siya ng kopya ng Aklat ni Mormon at lahat ng polyetong mayroon kami noon. Noon, ang mission namin ay walang mga misyonero sa Obregón.

Makaraan ang ilang buwan nakatanggap ako ng Christmas card mula sa isang taga-Obregón. Tiningnan ko ang card at inisip kung sino ang nagpadala niyon. At saka ko natanto na ipinadala iyon ng lalaking nakausap namin nang 10 minuto. Isinabit ko ang card sa aming apartment kasama ng iba pang mga Christmas card na natanggap namin ng iba pang mga elder.

Pagkaraan ng Pasko itatapon ko na sana ang card nang makadama ako ng impresyon na itago ito. Ang impresyon ay hindi ko narinig kundi nadama ko sa puso ko. Sa halip na itapon ang card, itinago ko ito sa maleta ko.

Makaraan ang ilang buwan habang binabasa ko ang buwanang liham mula sa mission home, napansin ko ang balita na sisimulan ang gawaing misyonero sa Obregón. Muli kong naisip, “Ano ang kinalaman ng lungsod na iyon sa akin?” Pagkatapos ay muli kong naalala ang lalaking nakilala



Pagkaraan ng Pasko itatapon ko na sana ang card nang makadama ako ng impresyon na itago ito.

namin na tagaroon. Hinalukay ko ang maleta ko at natagpuan ko ang Christmas card. Sinulatan ko ang card ng, “Ang mga elder na ito ay mga kaibigan ko, at pinapunta ko sila para maturuan ka pa tungkol sa ebanghelyo.” Pagkatapos ay ipinadala ko ang card sa mga elder na inatasang maglingkod sa Obregón at sinabihan sila na dalhin ito at bisitahin ang lalaki.

Hindi nagtagal ay nakatanggap ako ng liham mula sa mga elder sa Obregón. Sabi rito: “Mahal na Elder Ramos, napakahirap ng gawain dito kaya nagplano ang mission president na ilipat kami hanggang sa matanggap namin ang card mo. Pinuntahan

namin ang brother na ito, at tuwang-tuwa siya tungkol sa ating mensahe kaya isinama niya kami para ipakilala sa buong pamilya at mga kaibigan niya. Dahil sa brother na ito, nakapagbukas kami ng branch.”

Nagdaan ang mga taon, at ngayon ay tatlong stake na ang naorganisa sa Obregón. Nakadama ako ng pagpapakumbaba na malaman na dahil nakinig ako sa mga panghihikayat ng Espiritu, mapalad akong magkaroon ng maliit na bahagi sa pagtulong sa aking mga kapatid sa Obregón na matanggap ang ebanghelyo ni Jesucristo. ■

Robert Ramos, Oregon, USA

WALA KAMING MAKAIN

Nagising ako nang maaga noong bisperas ng Pasko na nag-aalala dahil wala kaming makakain sa hapunan sa Pasko sa gabing iyon; ni wala kaming pambili ng pagkain. Nakikitira ako noon sa kapatid kong si Edicta sa Maracaibo, Venezuela.

Pagbangon ko sa higaan, lumuhod ako at nanalangin. Nagsumamo ako sa aking Ama sa Langit na alalahanin kami. Hiniling ko sa Kanya na pagkalooan kami ng kahit kaunting pagkain para sa napakaespesyal na araw na iyon, *la Noche Buena* (Bisperas ng Pasko).

Habang nagdarasal, napuspos ako ng kapayapaan. Para akong nakarinig ng banayad na tinig na nagsasabi sa aking, “Magiging maayos ang lahat. Huwag kang mag-alala.” Pagkatapos kong manalangin, alam ko na may mabuting mangyayari sa araw na iyon.

Matapos gisingin ang kapatid ko, nagwalis na ako sa balkon sa harapan. Nakita ako ng kapitbahay sa tapat at lumapit para ibigay sa akin ang utang niya sa akin na 1,000 bolívares para sa tapete sa mesa at mga dekorasyon sa Pasko na binurdahan ko para sa kanya. Nagulat ako dahil hindi ko na naalala na may utang pala siya sa akin.

Tumakbo ako sa kuwarto ng kapatid ko at ipinakita sa kanya ang perang natanggap ko. Gulat na itinanong niya kung saan ko nakuha iyon. “Sa Dios ang lahat ng mga bagay ay mangyayari” (Mateo 19:26), ang sagot ko.

Pagkaraan ng ilang minuto narinig kong may tumatawag sa kapatid ko sa labas. Nang malaman namin na iyon ay ang kapitbahay na nagbayad sa akin, lumabas kami para kausapin siya. Pagkatapos ay binayaran niya ang utang niya sa kapatid ko na 1,000 bolívares para sa pananahi. Masayang-masaya kaming magkapatid

dahil makakabili na kami ng agahan, tanghalian, *at* hapunan.

Nang makabalik kami mula sa pamimili sa grocery, nakita naming naghihintay sa amin ang isang kaibigan. Itinanong niya kung maaari niyang gugulin ang *la Noche Buena* na kasama namin dahil ayaw niyang mag-isa sa Bisperas ng Pasko. Ipinaliwanag namin na kakaunti lang ang pagkain namin sa hapunan sa bahay pero maaari siyang sumama sa amin. Nag-ambag siya ng 2,000 bolívares para makatulong sa gastusin sa hapunan. Hindi kami makapaniwala sa dami ng pagpapala ng Diyos sa amin.

Kalaunan ay tinawagan kami ng pamangkin kong babae na darating siya sa gabing iyon at magdadala ng 33 libra (15 kg) ng karneng timplado na. At pagsapit ng tanghali ay dumating ang pamangkin kong lalaki


kasama ang kanyang asawa at mga anak. Itinanong nila kung maaari silang bumalik sa gabing iyon na may dalang pagkain at ipagdiwang ang Bisperas ng Pasko kasama namin.

“Wala kaming malaking handa para sa hapunan,” sagot namin, “pero may sapat na pagkain para sa lahat.”

Nang gabing iyon nagluto kami ni Edicta ng hinurnong manok, potato salad, panghimagas na lemon, at *majarete*, isang tradisyonal na panghimagas na coconut pudding, na pinagsaluhan namin kasama ang lahat ng aming mga bisita. Ngunit una sa lahat ay nagpasalamat kami sa Ama sa Langit sa mga dakilang pagpapalang ibinigay Niya sa amin. Nang araw na iyon naipaalala sa amin na kung kami ay may pananampalataya at hindi nagdududa, pagpapalain Niya kami kapag humingi kami ng tulong sa Kanya. ■

Estilita Chacin Hart, Utah, USA

Pagbangon ko sa higaan, lumuhod ako at nanalangin. Nagsumamo ako sa aking Ama sa Langit na alalahanin kami.



HULING PASKO NI LINDA

Noong sophomore ako sa Brigham Young University, ibinoluntaryo ng ward bishopric namin ang ward sa Sub-for-Santa program, para mabigyan namin ng mga Pamaskong regalo ang isang pamilyang dukha.

Gayunman, laging nawawala ang pangalan ng ward namin sa listahan ng mga boluntaryo. Habang nalalapit ang Pasko, wala pa kaming pamilyang tutulungan. Pagkatapos ay sinabi sa amin ng isang tagapayo ng bishop na may ibang pamilya kaming matutulungan. Nang malaman namin ang tungkol sa pamilyang ito, natiyak naming lahat na dapat namin silang pagtuunan.

Si Linda (pinalitan ang pangalan), na maraming anak na edad 9 hanggang 15, ay nakikipaglaban sa sakit na breast cancer. Habang namomroblema sa karamdamang iyon, iniwan siya ng kanyang asawa. Kalilipat lang niya mula sa ibang estado para magtrabaho sa Provo, Utah, pero hindi natuloy ang trabaho, kaya wala siyang kita.

Nang makilala namin si Linda, agad namin siyang kinaawaan. Mapalad kaming makita siya sa paraan ng Tagapagligtas—bilang isang dakila at marangal na kaluluwang nalampasan ang maraming mahihirap na hamon. Hindi siya naging *proyekto* sa amin kailanman; bagkus, isa siyang walang hanggang kaibigan. Bawat miyembro ng ward ay nagambag ng kahit ano para tulungan siya at ang kanyang mga anak. Lahat kami ay mga bata pang estudyante sa kolehiyo at dukha rin naman, pero masaya kaming nagbigay dahil mahal namin siya.

Dumalo si Linda sa aming ward Christmas party, sa oras na iyan



Habang nasa aming ward Christmas party si Linda, ilang miyembro ng ward ang nagpunta sa kanyang apartment at pinuno ng pagkain ang kanyang paminggalan at refrigerator.

nagpunta ang ilang miyembro ng ward sa kanyang apartment at pinuno ng pagkain ang kanyang paminggalan at refrigerator. Dineko-rasyonan nila ang isang Christmas tree at pinalibutan ito ng mga regalo para sa buong pamilya. Binigyan din nila siya ng apat na bagong gulong ng kotse at binayaran ang ilang buwan niyang upa. Hindi ko tiyak kung paano nagawang lahat ito ng maliliit naming kontribusyon, pero alam ko na ginamit ng Ama sa Langit ang aming mga sakripisyo upang pagpalain siya.

Isang taon kalaunan nasa iba akong student ward, pero binisita ko

ang dati kong bishopric noong Pasko. Nalaman ko na bumalik ang asawa ni Linda sa pamilya at matatag na ang kanilang pamumuhay. Ngunit nagbalik ang kanyang kanser at namatay siya. Natanto ko na natulungan namin si Linda na maranasan ang kanyang huling Pasko.

Nang madama ko ang “dalisay na pag-ibig ni Cristo” (Moroni 7:47) nang napakatindi sa karanasang iyon, nalaman ko na ang tunay na pag-ibig sa kapwa ay isang walang-katumbas na espirituwal na kaloob na nagtutulak sa atin na kumilos para sa Tagapagligtas. ■

J. Audrey Hammer, Utah, USA

**Ni Elder
Patrick Kearon**
Ng Pitumpu



Halina, SIYA'Y ATING SAMBAHIN

Noong huling Pasko habang naglilingkod sa headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City, Utah, USA, naranasan ko ang kundisyon ng panahon na tinatawag na inversion o tiwarik na kalagayan. Ang tiwarik na kalagayan ay isang kundisyon kung saan mas malamig ang hangin sa ibaba kaysa sa itaas, ang kabaligtaran—ang inversion—ng karaniwang kundisyon ng panahon. Hindi na kakaiba ang mga tiwarik na kalagayan sa Salt Lake City, ngunit mas kita ang epekto nito dahil ang lungsod ay nasa isang lambak na naliligiran ng matataas na bundok. Iniipon nito ang polusyon sa papawirin at pinipigil sa ibaba ng lambak, na lumalambong sa lungsod at sa nakapalibot na lugar sa makapal, maitim at di-gumagalaw na ulap. Ang polusyon ay masama sa kalusugan ng mga nahihirapang huminga at nakakaapekto sa kasiglahan ng marami pang iba, dahil marumi ang hangin at ang araw ay natatakpan sa loob nang ilang araw, ilang linggo pa nga, kung minsan.

Gayunman, mapag-aalaman sa maikling biyahe paakyat sa mga bundok na ilang daang talampakan lamang ang kapal ng polusyon sa papawirin. Sa loob ng ilang minuto, marama mo na ang sikat ng araw, malalanghap ang sariwang hangin, matitingnan ang mga bundok na luntian at puno ng niyebe. Malaki ang pagkakaiba nito sa lambak sa ibaba. Habang paakyat ka pa sa bundok, makikita mo ang naipong polusyon sa ibaba na iniwan mo sa lambak, at mukha itong maruming kumot sa ilalim ng asul na kalangitan.

May mga pagkakataon sa buhay natin na natatagpuan natin ang ating sarili na hindi makaalis sa lambak, sa ilalim ng lungkot ng

Dapat nating matanto na may kapangyarihan at kakayahan tayong ialis ang ating sarili sa maruming hangin ng lambak tungo sa maningning na sikat ng araw ng kapayapaan at pag-asang matatagpuan lamang sa pamamagitan ng paglapit sa Tagapagligtas.



maitim at madilim na ulap. Dahil sa mga maling pasiyang nagawa natin, mga ugaling hindi kasiya-siya sa Espiritu, o sa nakakasakit at di-magagandang desisyon at hamong karaniwan na sa buhay sa mundo, nadarama natin na nakakulong tayo sa makapal at bumabalot na ulap. Hindi tayo makakita nang malinaw, nalilito tayo, at dama natin na inilalayo natin ang ating sarili sa liwanag at init ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit. Nalilimutan natin na naghihintay sa atin ang dalisay na liwanag ng Panginoon, tinatawag tayo, at ilang hakbang lamang ng pananampalataya ang layo nito sa atin. Dapat nating matanto na may kapangyarihan at kakayahan tayong alisin ang ating sarili sa maruming hangin ng lambak at magtungo sa maningning na sikat ng araw ng kapayapaan at pag-asang matatagpuan lamang sa pamamagitan ng paglapit sa Tagapagligtas.

Ngayong Pasko, ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo, ang Ilaw ng Sanlibutan, na nag-aanyaya sa ating lahat na lumapit sa Kanya tungo sa liwanag. Mababasa natin sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa mapalad na lalaki at babae na nakapunta mismo sa Kanya sa araw ng Kanyang Pagsilang. Ang ilan ay nanggaling pa sa malayo, samantalang ang iba ay sa mas malapit lang. Ang ilan ay binisita ng mga anghel, at ang iba ay kumilos ayon sa personal na paghahayag. Ngunit bawat isa ay tumanggap ng paanyayang lumapit sa Kanya.

Ano ang matututuhan natin mula sa mga pastol, kina Simeon, Ana, at mga Pantas, na lahat ay kinasihang malapitan at makita mismo ang batang Cristo? Habang pinag-iisipan natin



ang kanilang tapat na mga pagtugon sa pa-anyayang lumapit kay Cristo, matututuhan nating maialis nang mas epektibo ang ating sarili mula sa sarili nating mga tiwarik na kalagayan, sa anumang lungkot at pagkalitong dinaranas natin, tungo sa maliwanag at dalisay na pag-asang ibinibigay ng Ilaw ng Sanlibutan. Doon, sa piling Niya, ay madarama natin kung sino tayo talaga at kung saan tayo na-aakma sa walang-hanggang plano ng Diyos. Ang sarili nating mga tiwarik na kalagayan ay nababalik sa dati, at ang tamang pananaw ay naipanunumbalik.

***Sa pagiging
disipulo hindi
natin kailangang
iwanan ang ating
mga tupa sa kapa-
rangan o tawirin
ang disyerto. Ang
ating paglalakbay
patungo sa Kanya
ay hindi pisikal;
ito ay espirituwal
at nasa pag-
uugali. Kasama
rito ang pagtang-
gap at pagya-
kap sa Kanyang
Pagbabayad-sala.***

Ang mga Pastol

Sa pamilyar na mga talata sa Lucas 2, nalaman natin ang mahalagang katotohanan tungkol sa mga unang saksi sa pagsilang ni Cristo, ang mga pastol sa kaparangan na malapit sa Bet-lehem. Nang “tumayo sa tabi nila ang isang anghel ng Panginoon, . . . sila’y totoong nangatakot” (talata 9). Ngunit narinig nila ang “mabubuting balita ng malaking kagalakan” na ang ipinropesiyang Tagapagligtas, ang Mesiyas, ang Cristo, ay isinilang

na (talata 10). Nakinig sila upang malaman ang palatandaan para makilala nila ang Tagapagligtas, na Siya ay “nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban” (talata 12). Nang matapos ng mga anghel ang kanilang masayang pagpapahayag, tumugon kaagad ang mga pastol, na sinasabing, “Magsiparoon nga tayo ngayon hanggang sa Bet-lehem, at tingnan natin itong nangyari” (talata 15). “Dalidali” silang nagsiparoon (talata 16) at natagpuan ang batang Cristo tulad ng sabi ng anghel, at pagkatapos ay “nangagbalik [sila], na niluluwalhati

at pinupuri ang Dios” (talata 20). Sa hangaring ibahagi ang maluwalhating balita ng pagsilang ng Tagapagligtas, “inihayag nila [ito sa iba]” (talata 17).

Gaya ng mga pastol, dapat tayong tumugon kaagad, nang dali-dali, tuwing mangungusap sa atin ang Espiritu. Sabi nga ni Pangulong Thomas S. Monson, “huwag na huwag nating ipagpaliban ang pagsunod sa isang panghihikayat.”¹ Kung minsan matapos sumunod sa isang panghihikayat, hindi natin gaanong maunawaan kung bakit tayo ginabayan ng Espiritu na kumilos sa isang partikular na paraan. Ngunit kadalasan, gaya ng mga pastol, nakikita natin ang nangyayaring mga himala, at napagtitiyab ang tapat nating pagtugon sa isang pahiwatig. Sa gayon ay magagamit natin ang mga pagkakataong ibahagi sa iba ang ating kagalakan at patotoo. Sa paggawa niyon mapapalakas natin ang pananampalataya at pag-asa ng iba, mas mapagtitiyab natin ang ating sariling patotoo at mas mapapalapit tayo sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga pamamaraan.

Simeon

Ang isa pang kinasihang saksi ng batang Cristo ay si Simeon. Siya ay isang “matuwid at masipag” na tao na nakatatanggap ng inspirasyon sa tuwina mula sa Espiritu Santo (Lucas 2:25). Inihayag sa kanya “na di niya makikita ang kamatayan, hanggang sa makita muna niya ang Cristo ng Panginoon” (talata 26), at nabuhay siya sa pag-asa at pag-asam sa masayang kaganapang iyon. Hinikayat siya ng Espiritu na magpunta sa templo noong araw na dinala nina Maria at Jose ang batang si Jesus sa Jerusalem “upang iharap siya sa Panginoon” (talata 22). Nakilala ni Simeon na ang sanggol ang ipinangakong Mesiyas at “tinanggap nga niya siya sa kaniyang mga bisig, at pinuri ang Dios” (talata 28), na ipinopropesiya ang tadhana ng banal na bata bilang “ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, at ang kaluwalhatian ng iyong bayang Israel” (talata 32).

Dahil sa mabuti at tapat na pamumuhay ni Simeon nagawa niyang pumaroon sa templo

upang mapatotohanan ang Ilaw nang matagpuan niya ito sa wakas. Gaya ni Simeon, kaya nating higit na makahiwatig at makasunod sa mga bulong ng Espiritu Santo upang matahak natin sa ating buhay ang landas na gustong ipatahak sa atin ng ating Ama sa Langit. Dahil pinagbuti ni Simeon ang kanyang kakayahang makinig at tumugon sa Espiritu, nasa tamang lugar siya sa tamang oras, at ang mga pangako sa kanya ng Panginoon ay natupad sa napakaluwalhating paraan.

Bibigyan ng gayon ding mga pagkakataon ang bawat isa sa atin at ipaalam din nito ang plano ng Panginoon sa ating buhay. Kapag naharap tayo sa mga pagpapasiya na mahalaga sa kawalang-hanggan, kapag tayo ay nasa mga sangandaan sa ating buhay, kailangan natin ng malinaw na isipan at tamang pananaw. Kung minsan ang mismong paggawa ng mahahalagang desisyong ito ang sanhi ng ating kaligaligan, paghapay, at kawalan ng kakayahang kumilos, sa madilim na lambak na tiwarik ang kalagayan. Ngunit habang unti-unti tayong sumasampalataya at kumikilos ayon sa mabubuting alituntunin, unti-unti nating nauunawaan ang plano ng Diyos sa ating buhay, at naibabalik tayo sa ningning ng pag-ibig ng Diyos.

Ana

Si Ana ay isang babaeng “lubhang matanda na,” isang biyudang inilarawan bilang isang “propetisa” (Lucas 2:36), na ang mahaba at tapat na buhay ay puspos ng kapatatan sa pag-aayuno at panalangin kaya siya ay “hindi humihiwalay sa templo” (talata 37). Nang masilayan ang sanggol na si Jesus sa templo, siya ay “nagpasalamat” para sa batang Cristo “at nagsalita ng tungkol sa sanggol sa lahat ng nagsisipaghintay ng katubusan sa Jerusalem” (talata 38).

Nalaman natin mula sa karanasan ni Ana na maaari tayong mabuhay nang tapat sa lahat ng sitwasyon kung tayo ay palaging mag-aayuno at mananalangin at kung hindi tayo hihiwalay sa templo sa ating puso. Kung hindi pa tayo nagkakaroon ng pagkakataong



PAGBABALITA SA MGA PASTOL, NI DEL PARSON; PANALANGIN NG PASASALAMAT NI SIMEON, NI ROBERT T. BARRETT; ANG KABULUHAN NG PAG-ASA, NI ELSPEETH YOUNG, HINDI MAAARING KOPYAHIN; ANG PAGDATING, NI MICHAEL AIBRECHTSON, HINDI MAAARING KOPYAHIN



magpunta sa templo at tumanggap ng mga pagpapala nito, matatamasa pa rin natin ang mga pagpapalang dadaloy sa ating buhay kapag karapat-dapat tayong magkaroon ng temple recommend. Paulit-ulit tayong inaan-yayahan ng mga propeta na magkaroon ng temple recommend kahit hindi tayo makapunta sa templo dahil sa ating sitwasyon.² Mapapasigla natin ang ating sarili sa malulungkot na sandali tungo sa liwanag ng pasasalamat sa pamamagitan ng ating pagsamba sa templo at pagpapatotoo kay Jesus sa lahat ng naghahapnap ng kapayapaan at pag-asa.

Habang pinag-iisipan natin ang tapat na mga pagtugon ng mga pastol, ni Simeon, ni Ana, at ng mga Pantas, matututuhan nating maialis nang mas epektibo ang ating sarili mula sa sarili nating tiwarik na kalagayan, sa kalungkutan at pagkalito, tungo sa Ilaw ng Sanlibutan.

Ang mga Pantas

Ang huli, sa Mateo 2 mababasa natin ang tungkol sa mga Pantas, na malayo ang nilakbay, na “nakita ang kaniyang bituin sa silanganan” at naunawaan ang palatandaan (talata 2). May dalang mga regalo ng papuri at pagsamba, hinanap nila Siya, na nagtatanong, “Saan naroon ang ipinanganak na hari ng mga Judio?” (talata 2). Nang matapos ang kanilang paghahanap at matagpuan nila ang batang Cristo, “nangagpatirapa sila at nangagsisamba sa kaniya” at ibinigay ang kanilang mga kayamanan (talata 11). Bagaman sinalubong sila ng panlilinlang ni Herodes, “pinagsabihan sila ng Dios sa panaginip na huwag silang mangagbalik kay Herodes” kundi dapat silang magdaan “sa ibang daan” pauwi (talata 12). Kumilos ang mga Pantas ayon sa paghahayag na ito mula sa Diyos at pinrotektahan ang banal na pamilya mula sa masasamang hangarin ni Herodes.

Marami tayong matututuhan mula sa mga

Pantas. Gaya nila, dapat nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan at malaman ang mga palatandaang babantayan habang inihahanda nating lahat ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Sa gayon, habang sinasaliksik at pinag-iisipan natin ang mga banal na kasulatan, mas lubos nating gugustuhing hanapin ang Panginoon araw-araw sa ating buhay at, bilang regalo sa Kanya, isuko ang ating kasakiman, kayabangan, at paghihimagsik. Kapag dumarating ang personal na paghahayag upang baguhin ang mga planong ginawa natin, maaari tayong sumunod, nang may pananampalataya at tiwala na alam ng Diyos ang pinakamainam para sa atin. At sa huli, sa pamumuhay bilang tunay na disipulo, dapat tayong magpatirapa at sumamba sa Tagapagligtas nang may pagpapakumbaba at pagmamahal.

Dito sa pagiging disipulo ay hindi natin kailangang iwanan ang ating mga tupa sa kaparangan o tawirin ang mga disyerto. Ang ating paglalakbay patungo sa Kanya ay hindi pisikal; ito ay espirituwal at nasa pag-uugali. Kasama rito ang pagtanggap at pagyakap sa katotohanan na ang Kanyang Pagbabayad-sala ay walang hanggan at saklaw ang bawat aspeto ng ating buhay—ang ating kasalanan, kahinaan, pasakit, sakit, at karamdaman (tingnan sa Alma 7:11–13). Ibig sabihin nito, maiwawaksi natin ang mga bagay na pumipigil sa atin sa mapanglaw na ulap ng sarili nating tiwarik na kalagayan at sa halip ay mabuhay sa init at pagmamahal ng Ilaw ng Sanlibutan. Tulad ng itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: “Ang mga katagang ‘lumapit kay Cristo’ ay isang paanyaya. Ito ang pinakamahalagang paanyayang maiaalok ninyo sa ibang tao. Ito ang pinakamahalagang paanyayang matatanggap ng sinuman.”³ ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “The Spirit Giveth Life,” *Ensign*, Mayo 1985, 70.
2. Tingnan, halimbawa, sa Howard W. Hunter, “The Great Symbol of Our Membership,” *Tambuli*, Nob. 1994, 6.
3. Henry B. Eyring, “Lumapit kay Cristo,” *Liahona*, Mar. 2008, 49.



Mga Tanong at mga Sagot

“Paano ko mapananatiling maganda ang aking pananaw tungkol sa hinaharap?”

Lahat tayo ay dumaranas ng mga panahon na tila palaging dumadagsa ang kalungkutan at masasamang balita sa atin at kung minsan kahit sa buong mundo. Ngunit dapat nating alalahanin na may dahilan tayong umasa dahil sa ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2009, ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson ang utos ng Panginoon na “magalak” (D at T 68:6) at hinikayat tayo nang ganito: “Kahit magtipon ang mga ulap, kahit bumuhos sa atin ang mga ulan, ang ating kaalaman sa ebanghelyo at ating pagmamahal sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas ay aalo at magtataguyod sa atin at magdudulot ng kagalakan sa ating mga puso habang lumalakad tayo nang matuwid at sumusunod tayo sa mga kautusan. Walang anumang bagay sa mundo na makadadaig sa atin.”

Kahit mukhang malabo ang mga bagay-bagay, at wala kahit isang palatandaan na titigil ang unos sa paligid, makatutulong ang ating pag-unawa sa ebanghelyo para manatiling maganda ang ating pananaw tungkol sa hinaharap. Sabi nga ni Pangulong Monson sa mensahe ring iyon: “Ang hinaharap ay kasing-liwanag ng inyong pananampalataya” (“Magalak,” *Liahona*, Mayo 2009, 92).

Magbasa, Manalangin, Ngumiti



Ilang taon na ang nakararaan, binigyan kami ng Young Women general presidency ng 100 porsiyentong hamon: basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw, manalangin araw-araw, at ngumiti. Naisip ko na susubukan ko ito at gagawin ko hangga’t kaya ko. Sa gulat ko, malaking pagbabago ang idinulot ng hamon sa buhay ko. Mas masaya ako, napasaakin ang Espiritu, at maganda ang aking pananaw. Kahit na makakaranas pa rin ako ng paghihirap, nakatulong sa akin ang lakas ng Espiritu para makatiis nang maligaya.

Ariana G., edad 16, Virginia, USA

Magkaroon ng Pag-asa

Palagay ko ang pinakamagandang magagawa natin para magkaroon ng magandang pananaw ay ngumiti at magkaroon ng pag-asa! Ang pag-asa ay nakatulong sa buong buhay ko sa napakaraming paraan. Dapat din nating isipin kung gaano tayo kapalad at malaman kung gaano tayo kamahal ng ating Ama sa Langit. Maaari tayong bumaling sa Kanya upang mapanatag sa anumang sitwasyon. Nagdusa ang Kanyang Anak para sa atin, kaya alam Niya ang ating mga pasakit. Sa pamamagitan Niya maaari tayong magkaroon ng pag-asa, mapagalang, at siyempre pa, magiging masaya tayo.

Corey D., edad 18, Utah, USA

Isipin ang Pagbabayad-sala

Ang pag-iisip tungkol sa Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas ay laging nagbibigay ng pag-asa at tutulungan tayong maging masaya. Lahat tayo ay dumaranas ng mga pagsubok sa buhay na ito. Ngunit sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, lahat ng pagsubok at problema, kapwa temporal at espirituwal, ay may solusyon. Ipinapakita sa atin ng Pagbabayad-sala ang mga solusyong ito. Ang Pagbabayad-sala ay isang dakilang pagpapamalas ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ito ay walang hanggan, gayundin ang Kanyang pagmamahal sa atin. Bibigyan tayo nito ng tapang at lakas na harapin ang kinabukasan nang walang takot.

Daryl A., edad 18, Laguna, Philippines

Manatiling Tapat



Ang nakaliligalig na mga panahong ito ay bahagi ng plano ng Panginoon at naipropesiya na noon pang panahon ng Lumang Tipan. Sa buong banal na kasulatan, ipinangako ng Panginoon na

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

pagpapalain at pangangalagaan ang mabubuti. Kapag nanatili kayong tapat, sasainyo ang Espiritu Santo upang gabayan kayo sa napakagulong panahong ito, upang panatagin kayo, at ipaalala sa inyo na may plano ang Panginoon para sa inyo. Kung mayroon na kayong patriarchal blessing, pag-aralan ito upang malaman ang inilaan sa inyo ng Panginoon.

Rae B., edad 17, Washington, D.C., USA

Isipin ang Inyong mga Pagpapala



Isa sa mga bagay na nagbibigay sa akin ng galak at pag-asa sa nakaliligalig na mga panahong ito ay ang pagtigil sandali at isipin ang aking mga pagpapala at kaalaman tungkol sa ebanghelyo. Ang isang bagay na kasingsimple ng pagkakaroon ng matalik na kaibigan o kasingganda ng plano ng kaligtasan ay nagdudulot sa akin ng labis na galak at hinihikayat akong ibahagi ang kagalakang iyon. Pinananatili nitong maganda ang aking pananaw.

Annette M., edad 15, Michigan, USA

Alalahanin ang Templo



Kapag pinanghihinaan ako ng loob, pinagninilay-nilay ko ang mga salita sa dulo ng tema ng Young Women: "Naniniwala kami na sa pagtanggap at pagsasagawa namin ng mga pinahahalagahang ito, magiging handa kaming palakasin ang tahanan at mag-anak, gawin at sundin ang mga sagradong tipan, tanggapin ang mga ordenansa sa templo, at tamasahin ang mga biyaya ng kadakilaan." Napapanatag ako sa mga salitang ito, at alam ko na matutupad ang mga ito sa buhay ko at sa buhay ng lahat ng mabubuting kabataang babae. Walang dudang may pag-asa ako sa mga sagradong ordenansa sa templo. Ang mga pagpapala ng mabuting pamumuhay ay walang katapusan, at

habang inaalala ko ang mga bagay na ito, napupuspos ng galak, pag-asa, pagmamahal, at tapang ang puso ko.

Nathalia M., edad 18, Mérida, Venezuela

Sumama sa Panig na Magwawagi



Para mapanatili ang magandang pananaw, kailangan mong malaman ang simpleng katotohanang ito: ang panig ng Panginoon ang magwawagi sa huli. Ganyan kadali iyon. Walang kapangyarihan si Satanas sa Diyos. Dahil alam na natin kung sino ang magwawagi, kailangan tayong manatili sa panig ng Panginoon. Kapag namuhay tayo nang karapat-dapat para makapasok sa templo, suot natin ang ating uniforme na nagpapakita sa Panginoon na nasa panig Niya tayo. Sa pagbabasa ng ating mga banal na kasulatan, pagdarasal, at paglilingkod sa ating mga kapatid, natatagpuan natin ang tunay na kaligayahan kaya mas madalang magkaroon ng magandang pananaw.

Brayden F., edad 17, Utah, USA

Maging Mapagpasalamat

Huwag magtuon sa nakaliligalig na mga panahon. Nagsusulat ako sa isang "Journal ng Pasasalamat." Araw-araw sumusulat ako ng kahit isang

bagay lang na pinasasalamatan ko sa araw na iyon. Gaano man kapangit ang araw, lagi akong nakakakita ng isang bagay na mapasasalamatan. Bilangin ang inyong mga pagpapala. Ang pagiging mapagpasalamat ay makatutulong sa iyo na magtuon sa magagandang bagay sa buhay mo.

Ashlee H., edad 18, Oklahoma, USA



ANG INYONG MAGANDANG KINABUKASAN

"Nais ng Panginoon, mga kaibigan kong kabataan, na hanga-

rin ninyong sundin nang buong puso ang mga pamantayan at ipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo na nasa mga banal na kasulatan. Kapag ginawa ninyo ito, mas malayo ang inyong matatanaw, at makikita ninyo ang inyong maliwanag at magandang hinaharap na maraming oportunidad at responsibilidad. Magiging handa kayong magsikap at magtiis, at magiging maganda ang pananaw ninyo sa buhay."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Makita ang Wakas Mula sa Simula," Liahona, Mayo 2006, 44.

SUSUNOD NA TANONG

"Paano ko sasagutin ang mga tanong ng mga kaibigan ko tungkol sa templo samantalang ako mismo ay walang gaanong alam tungkol dito?"


Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Enero 15, 2012, sa:

Liahona, Questions & Answers 1/12
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA
O mag-e-mail sa:
liahona@ldschurch.org

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para iakma ang haba o palinawin pa.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa inyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng inyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang inyong sagot at larawan.

HINDI KA NAG-IISA KAILANMAN



"Hindi ko kayo iiwang magisa:
ako'y paririto sa inyo"
(Juan 14:18).

Nagbuhos ng mga Pagpapala ang Panginoon

Naisip ko, "Sino ang Diyos? Si Buddha ba, si Jesucristo, o iba pang diyos?"

Ni Kim KOUNG

sinilang ako sa Cambodia, kung saan karamihan sa mga tao ay Buddhist. Nang patayin ng rehimeng Khmer Rouge ang napakaraming tao, hindi maunawaan ng marami sa mga nakaligtas kung bakit hinayaan ng Diyos, kung may Diyos nga, na mangyari ito sa aming lahi. Sa edad na 14, naisip ko rin iyon.

Nang magwakas ang rehimen, nagsimulang tanggapin ang ilang relihiyon sa Cambodia. Nalito ako dahil napakaraming iba't ibang bagay ang itinuro ng mga simbahan. Nanatiling Buddhist ang pamilya ko, ngunit nais kong masagot ang mga tanong ng aking kaluluwa: saan tayo nanggaling, bakit tayo narito, at saan tayo tutungo pagkamatay natin?

Isang araw pag-uwi ko mula sa paaralan, sinabi sa akin ng tita ko na may dumating sa bahay niya na dalawang binatang nakaputing polo at nakakurbata at kinausap siya tungkol kay Jesucristo. Nagulat siya dahil mahusay silang magsalita ng Cambodian. Ginusto kong matuto tungkol kay Cristo. Gusto kong malaman kung sino ang lumikha sa atin. Naisip ko, "Sino ang Diyos? Si Buddha ba, si Jesucristo, o iba pang diyos?"


Tinanggap namin ng tita ko ang mga misyonero. Sa unang talakayan, nadama namin ang Espiritu na nagsabi sa amin na totoo ang sinabi nila. Binigyan nila kami ng Aklat ni Mormon at ipinangako na kung babasahin namin ito, pag-iisipan ito, at tatanungin ang Diyos nang taospuso, na sumasampalataya sa Kanya, ihahayag Niya ang katotohanan sa amin. Makabuluhan iyon para sa akin.

Tinanggap ko ang ebanghelyo, kasama ng tita ko at kanyang mga anak. Mga isang buwan pagkaraan, nabin-yagan at nakumpirma kaming lahat.

Dumalo ako sa seminary nang apat na taon at institute nang isang taon at naglingkod bilang seminary teacher. Sa edad na 19, nadama ko na dapat akong magmisyon. Kinausap ko ang mga magulang ko, at sinabi nila na magandang ideya si-guro iyon, kaya nag-aplay ako. Isang buwan pagkaraan natanggap ko ang tawag na maglingkod sa Sacramento California Mission, na Ingles at Cambodian ang salita.

Dahil tinanggap ko ang tawag, maraming pagpapalang ibinigay sa akin ang Diyos. Hindi maganda ang mga desisyon ng nakababata kong kapatid na lalaki. Ipinag-ayuno at ipinagdasal ko siya, at isang himala ang nangyari bago ako lumisan para magmisyon. Bininyagan ko siya, at ngayon ay aktibo siya sa Simbahan at dumadalo sa seminary. Tumanggap ng maraming iba pang pagpapala ang aking pamilya, at nagbuhos din ng mga pagpapala ang Panginoon sa akin sa misyon ko.

Si Jesus ang Cristo. Siya ay Buhay. Mahal Niya ang bawat isa sa atin at kilala Niya tayo sa pangalan. Alam Niya ang ating mga hamon at balakid sa buhay, at alam kong pagpapalain Niya tayo kapag nagsikap tayong sundin ang Kanyang mga kautusan. ■



Ni Elder
Carl B. Pratt
Ng Pitumpu



ISANG TIYAK NA PATOTOO

Dahil lumaki ako sa isang aktibong pamilyang Banal sa mga Huling Araw, palagay ko lumaki akong may patotoo. Hindi ko talaga pinagdudahan kailanman ang katotohanan ng ebanghelyo. Gaya ng maraming tinedyer, paminsan-minsan ay may mga tanong ako sa isipan, ngunit hindi ko naisip kailanman na hindi totoo ang Simbahan.

Ang pananampalatayang ito ang nagbigay-inspirasyon sa akin na mag-misyon. Alam ko na kailangan kong maglingkod. Ngunit kahit hindi ko talaga pinagdudahan ang Simbahan, natanto ko na kailangan kong magkaroon ng sariling patotoo.

Nagsimula ako sa misyon noong Pebrero 1961, at nilisan ko ang taglamig sa Salt Lake City at nagtungo sa Argentina noong tag-init doon. Walang nagtuturo ng wika sa mga misyonero noon, ngunit ipinangako sa amin ng aking mission president na mahusay kaming makapagsasalita ng Espanyol matapos basahin nang malakas ang buong Aklat ni Mormon. Natuto ako ng Espanyol noong bata pa ako at mahusay na nakapagsasalita sa loob ng unang ilang linggo, ngunit sinunod ko pa rin ang mga

bilin ng aking mission president.

Sa unang bayang iniatas sa akin, tumira kaming magkompanyon sa isang bahay sa likod ng isang lumang tindahan. Hindi kami makapagturo sa hapon sa oras ng pahinga sa Argentina, kaya ginamit ko ang oras na iyon para manalangin at magbasa ng Aklat ni Mormon sa pasukan sa harapan ng lumang tindahan.

Isang araw, libu-libong milya mula sa aking tahanan sa harapan ng tindahang iyon, tumigil ako para isipin kung ano ang aking binabasa. Kapag ipinagdasal at pinag-isipan mo ang Aklat ni Mormon, maaari kang maantig ng Espiritu. Pinag-isipan ko ang itinuturo ng Aklat ni Mormon, inisip ko ang pagsasalin ni Joseph Smith ng mga lamina, at bigla akong may nadama. Sa sandaling iyon nalaman ko na lahat ng natuturo sa akin sa buong buhay ko ay totoo. Biglang nagliwanag sa akin na si Joseph Smith ay isang propeta at ang binabasa ko ay salita ng Diyos. Totoong lahat ito.

Nakakaantig ang biglaang damdaming iyon. Nadama ko iyon mula ulo hanggang paa. Hindi iyon dahil sa

lamig o init. Kundi iyon ay isang tiyak na patotoo.

Hindi ko nalimutan ang araw na iyon kailanman, at maraming beses ko nang nadama ang Espiritu Santo mula noon. Dahil sa karanasang iyon, nakikilala ko ang Espiritu Santo kapag nagpapatotoo Siya sa akin. Ang damdaming iyon ay hindi parepareho, ngunit lagi iyong nakasisigla at nakapapanatag.

Kahit nagsasalita sa atin nang personal ang Espiritu, ang pangako ni Moroni ay para sa lahat (tingnan sa Moroni 10:3–5). Ang pangako ni Moroni sa Aklat ni Mormon ay patotohanan sa inyo ng Espiritu ang katotohanan ng Aklat ni Mormon kung kayo ay magbabasa, mag-aaral, magbubulay-bulay, at pagkatapos ay manalangin nang may tunay na la-yunin. Ang pangakong iyan ay para sa akin, sa inyo, at sa lahat ng tao sa mundo. Isang tiyak na patotoo ang darating sa mga yaong naghahanap nito. ■

LUMAPIT SA DIYOS

“Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat.”

Joseph Smith, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith (2007)*, 74.



ITO AY MAGIGING

Palatandaan sa Inyo

“Lahat ng propeta ay nagpropesiya mula pa sa simula ng daigdig—hindi ba sila nangusap ng higit-kumulang hinggil sa mga bagay na ito?” (Mosias 13:33).

Ni Whitney Hinckley

Ang Pasko ay isang panahon na puno ng pag-asam—pag-asam sa mga regalo, masarap na pagkain, at mga pagdiriwang. Kung minsan tila napakatagal maghintay sa unang 24 na araw ng Disyembre. Isipin ninyo kung kailanganin ninyong maghintay nang 1,000 taon!

Ang unang Pasko—ang pagsilang ng Tagapagligtas—ay daan-daang taon nang ipinropesiya, mula kay Isaias sa Lumang Tipan hanggang kay Samuel na Lamanita sa Aklat ni Mormon. Alam at inasam ng mga sinaunang propeta ang mga palatandaan ng pagdating ni Jesucristo, at matiyaga nilang hinintay ang mga palatandaang iyon. Ipinropesiya nila ang Kanyang pagdating para makilala ng iba ang mga palatandaan at makibahagi sila sa galak sa pagkaalam na dumating na nga Siya! Ang katuparan ng mga propesiyang iyon ay isang patotoo ng Kanyang banal na tungkulin bilang Tagapagligtas at Manunubos.

Basahin ang sumusunod na mga propesiya tungkol sa pagsilang ni Jesucristo at ang mga mahimalang sitwasyon sa paligid nito at alamin kung paano natupad ang mga propesiyang ito.

Isinilang ni Maria, Isang Birhen

Mga Propesiya: Pitong daang taon bago siya isinilang, ipinropesiya na magiging ina ni Cristo si Maria. Isinulat ni Isaias, “Ang Panginoon nga ay magbibigay sa inyo ng tanda; narito, isang dalaga ay maglilihi, at manganganak ng isang lalake, at tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel” (Isaias 7:14).

Tinukoy rin ni Nakababatang Alma si Maria bilang ina ng Tagapagligtas mga 80 taon bago isinilang si Jesus at sa kabilang panig ng mundo ni Isaias: “Siya ay isinilang ni Maria,

... siya na isang birhen, isang mahalaga at piniling nilikha, na lililiman at maglilihi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at magsisilang ng isang anak na lalaki, oo, maging ang Anak ng Diyos” (Alma 7:10).

Katuparan: Walong dekada kalaunan, nagpakita ang anghel na si Gabriel “sa isang dalagang magaasawa sa isang lalake, na ang kaniyang ngala’y Jose, ... at Maria ang pangalan ng dalaga” (Lucas 1:27). Si Maria ang ina ni Jesus, na siyang Anak ng Diyos.

Sa Atin ay Ipinanganak ang Isang Bata

Propesiya: Ipinropesiya ni Isaias ang pagsilang ng Mesiyas: “Sapagka’t sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balik: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan” (Isaias 9:6).

Katuparan: Tinupad ng ministeryo ng Tagapagligtas ang lahat ng ipinropesiya ni Isaias, subalit si Cristo ay isinilang sa abang kalagayan: “Sapagka’t ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon. ... Masusumpungan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban” (Lucas 2:11–12).

Isinilang sa Bet-lehem

Propesiya: Nabuhay ang propetang si Mikas na halos kasabay ni Isaias. Ipinropesiya niya ang pagsilang ng Panginoon sa bayan ng Bet-lehem: “Nguni’t ikaw, Beth-lehem Ephrata, na maliit upang lumagay sa libolibo ng Juda, mula



sa iyo ay lalabas sa akin ang isa na magpu-puno sa Israel; na ang pinagbuhatan niya ay mula nang una, mula nang walang hanggan” (Mikas 5:2).

Katuparan: Pitong daang taon kalaunan, iniutos ni Herodes na sabihin sa kanya ng kanyang mga eskriba kung saan matatagpuan ang bagong pinuno: “Siniyasat niya sa kanila kung saan kaya ipanganganak ang Cristo. At sinabi nila sa kaniya, sa Bet-lehem ng Judea” (Mateo 2:4–5).

Sa Lahi ni David

Propesiya: Sinabi ng Panginoon kay Jeremias anim na siglo bago isinilang si Cristo na Siya ay magmumula sa lahi ni David: “Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon, aking pasusuplingin kay David ang isang Sanga ng katuwiran; at siya’y magsasagawa ng kahatu-lan at katuwiran sa lupain” (Jeremias 33:15).

Katuparan: Ibinigay sa atin ni Mateo ang talaangkanan ni Cristo, na nagpapakita kung paano nagmula ang Panginoon sa haring iyon noong unang panahon: “Ang aklat ng lahi ni Jesucristo, na anak ni David, na anak ni Abraham. . . . Sa makatuwid ang lahat ng mga sali’t-saling lahi buhat kay Abraham hanggang kay David ay labingapat na sali’t-saling lahi; at buhat kay David hanggang sa pagdalang-bihag sa Babilonia ay labingapat na sali’t-saling lahi; at buhat sa pagkadalang-bihag sa

Babilonia hanggang kay Cristo ay labingapat na sali't-saling lahi" (Mateo 1:1, 17).

Dinalaw ng mga Hari


Mga Propesiya: Sa kabila ng abang kalagayan ng Kanyang pagsilang, ipinahayag ng mga propeta na pupunta ang mga hari upang makita si Cristo: "At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong sikat" (Isaias 60:3).

Sinabi ni Samuel na Lamanita sa mga Nephita limang taon bago isinilang si Cristo ang mga palatandaang magbabadya ng Kanyang pagdating. Isa sa mga palatandaang ito ang bituing sinundan ng mga Pantas: "Sisikat ang isang bagong bituin, isa na hindi pa kailanman namamasdan; at ito rin ay magiging palatandaan ninyo" (Helaman 14:5).

Katuparan: Alam ng mga Pantas kung anong palatandaan ang hahanapin dahil maaaring hinanap nila ang katuparan ng mga propesiya. Sabi nila, "Saan naroon ang ipinanganak na hari ng mga Judio? sapagka't aming nakita ang kaniyang bituin sa silangan, at naparito kami upang siya'y sambahin" (Mateo 2:2).


Sa Amerika, nakilala rin ng mga Nephita ang mga palatandaan at nalaman na natupad ang mga propesiya: "At ito ay nangyari na nga, oo, lahat ng bagay, bawat kaliit-liitang bagay, alinsunod sa mga salita ng mga propeta. At ito rin ay nangyari na, na isang bagong bituin ang lumitaw, alinsunod sa salita" (3 Nephi 1:20–21).

Isipin kung gaano kayo kagalak nang buksan ninyo sa wakas ang mga Pamaskong regalo ninyo. Paano iyan maihahambing sa matagal ninyong paghihintay sa mga palatandaan ng pagsilang ni Cristo at sa wakas ay nakita ninyong natupad ang mga ito? Maagang inihanda ng ating Ama sa Langit ang mga palatandaang ito hindi lamang para sama-samang magalak ang mga nananalig sa buong mundo sa pagsilang ng Kanyang Anak kundi para patotohanan ang banal na tungkulin ni Cristo. ■



GINABAYAN NG BITUIN ANG MGA PANTAS, NI GUSTAVE DORÉ

Mga Regalo ng Pag-alaala



kamangyan ay gamit noon bilang mabangong insenso at pabango.

Simbolikong kahulugan: Ang kamangyan ay nanggaling sa mabangong dagta ng puno at gamit noon sa mga ordenansa ng priesthood, sa pag-sunog ng mga alay (tingnan sa Levitico 2:1), at sa langis para sa mga sasertoteng nagpapahid ng langis. Sa gayon, maaari itong kumatawan sa priesthood ng Panginoon at sa Kanyang tungkulin bilang Kordero ng Diyos na isasakripisyo alang-alang sa atin (tingnan sa Juan 1:29).

Mira

Praktikal na gamit: Ang mira, isang mapait na langis mula sa dagta ng puno, ay mahalaga rin ngunit marahil ay mas nakatulong kina Maria at Jose bilang gamot.

Simbolikong kahulugan: Sa Bagong Tipan, ang mira ay karaniwang nauugnay sa pag-embalsamo at libing dahil nagpepreserba ito (tingnan sa Juan 19:39–40). Ang mga gamit ng mira bilang gamot ay maaaring sumagisag sa papel ni Cristo bilang Dalubhasang Tagapagpagaling, at ang gamit nito sa mga libing ay sagisag ng “mapait na saro” na iinumina Niya kapag nagdusa Siya para sa ating mga kasalanan (tingnan sa D at T 19:18–19). ■

Bakit binigyan ng mga Pantas ng ginto, kamangyan, at mira sina Jose at Maria?

Maraming naniniwala na ang mas mahalaga ay naalaala ka ng taong nagregalo sa iyo. Siguro ay dahil ang pag-alaalang maregaluhan ka ay lalo pang nagpaganda sa regalo mismo—ang regalo ay nagiging simbolo ng pagmamahal o kabaitan ng nagregalo sa binigyan nito. Ang ilang regalo ay nangangahulugan din ng higit pa kaysa pag-alaalang magregalo; ang ganitong uri ng mga regalo ay may symbolismong tanggap ng marami na nagdaragdag ng higit pang kabuluhan. Kapag taglay ng regalo ang tatlong ito—praktikal na gamit, personal na kahalagahan, at simbolikong kahulugan—maaaring ito ay pinag-isipan nang husto at pinahahalagahang regalo sa lahat.

Isipin ang kahalagahan ng regalong ginto, kamangyan, at mira na ibinigay ng mga Pantas sa batang

Cristo (tingnan sa Mateo 2:11). Hindi sinabi sa Biblia kung bakit dinala ng mga Pantas ang partikular na mga regalong ito, ngunit lahat ng tatlong regalo ay may praktikal na kahalagahan at marahil ay simbolikong kahulugan para sa Anak ng Diyos at sa Kanyang mga magulang sa lupa.

Ginto

Praktikal na gamit: Para sa bata pang mag-asawa na hindi maglalaon ay gagastos sa paglalakbay patungong Egipto upang iwasan ang galit ni Herodes, ang ginto ay magiging mahalagang regalo.

Simbolikong kahulugan: Ang ginto ay tipikal na regalo para sa mga hari (tingnan sa I Mga Hari 9:14, 28) dahil simbolo ito ng pagiging hari at maharlika—isang akmang regalo para sa “Hari ng mga hari” (I Kay Timoteo 6:15).

Kamangyan

Praktikal na gamit: Maliban sa malaking halaga nito, ang



Sila ANG DAPAT MAGBAGO

Nang binyagan ako, inayawan ng pamilya ko ang Simbahan. Kinailangan ko nang isipin kung paano tumugon kapag salungat sa mga alituntunin ng ebanghelyo ang kanilang pamumuhay.

Ni Francisco Javier Lara Hernández

Nang binyagan ako, ako lamang ang tanging miyembro ng pamilya na tumanggap sa ebanghelyo. Ako ay 19 na taong gulang, at masaya ako na nagpabin-yag ako. Malugod akong binati ko ng mga miyembro sa Panuco First Branch sa Veracruz, Mexico. Bukod pa rito, nagsimula akong maghanda para sa full-time mission noong isang taon na akong miyembro ng Simbahan. Napakagandang malaman ang totoong Simbahan, at nais kong ibahagi ang ebanghelyo sa iba.

Inayawan ng aking ama, madrasta (namatay ang aking ina noong ako ay 12 taong gulang), at tatlong kapatid na lalaki ang Simbahan nang binyagan ako. Sa kasamaang-palad, hindi maganda ang ipinakita ko sa kanila. Hindi ko sila iginalang. Hindi ko isinaalang-alang ang aking ama o ang kanyang mga opinyon. Nang sabihin ko sa kanya na malapit na akong magmisyon, hindi siya naging masaya dahil titigil ako sa trabaho at lalo na't baka mapalayo ako nang husto. Naliligalig ako tuwing salungat ang ginagawa ng pamilya ko sa mga prinsipyo ko, tulad ng panonood ng TV o pakikinig sa mga programang musikal na pakiramdam

ko ay hindi angkop tuwing Linggo o kapag niyayaya ako ng aking ama na mananghalian sa Linggo ng ayuno.

Pinangatwiran ko ang pangit kong pag-uugali sa aking pamilya sa pagsasabi sa sarili ko na wala akong ginagawang masama—bilang miyembro ng Simbahan, dapat kong ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo kahit naliligalig ako sa mga kapamilya ko. Sinabi ko sa sarili ko na *sila* ang dapat magbago. Dahil sa katwirang ito, hindi naging maganda ang relasyon naming mag-ama. Lumala pa ito dahil sa pag-uugali at kayabangan ko. Nagpatuloy akong ganito—walang pakialam sa kanyang espirituwal na kapakanan.

Isang araw habang nag-aaral ako para sa institute class, nabasa ko ang 1 Nephi 16, kung saan nabali ni Nephi ang kanyang busog na bakal, kaya naging mahirap makakuha ng pagkain. Nagsimulang bumulung-bulong ang lahat—sina Laman at Lemuel, na ugali na nila, pati na ang kanilang ama, ang propetang si Lehi. Tumugon si Nephi sa pamamagitan ng paggawa ng busog at pana at pagtatanong sa kanyang ama kung saan siya dapat magpunta para makakuha ng pagkain. Nanalangin ang kanyang ama para mapatnubayan at pinagsabihan ito ng Panginoon dahil sa pagbubulung-bulong. Maganda ang naging tugon ni Lehi at muling ginampanan ang kanyang tungkulin bilang pinuno ng kanyang pamilya at bilang propeta ng Panginoon. Hindi hinatulan ni Nephi ang kanyang ama sa kahinaan nito, ni hindi niya inisip na hindi na siya narapat maging propeta, kahit nakausap na ni Nephi ang Panginoon at nakatanggap na siya ng mga pangitain.

Nang mabasa at maunawaan ko ang kuwentong ito, agad kong naisip kung gaano kasama ang pag-uugali ko sa aking pamilya. Napahiya ako dahil sa ugali ko—na madama na mas mabuti ako kaysa sa kanila—at lalo pang nalungkot dahil hindi ko iginalang ang aking ama. Nalungkot ako dahil hindi ko binigyan ng prayoridad ang pagbahagi ng ebanghelyo sa kanila.



Unti-unting nagbago ang pag-uugali at asal ko. Bagaman hindi ako madalas sumang-ayon sa aking ama, sinikap kong laging igalang ang kanyang mga opinyon.

Hindi ko nakita ang maaaring kahinatnan ng aking pamilya. Nagtuon lamang ako sa kanilang mga kahinaan. Mula noong araw na iyon, unti-unting nagbago ang pag-uugali at asal ko. Sinikap kong laging igalang ang mga opinyon ng aking ama, kahit maraming pagkakataon na hindi ako sang-ayon sa kanya. Kapag niyayaya niya akong mananghali sa oras na nag-aayuno ako, humihingi na lang ako ng paumanhin na hindi ko siya masamahang mananghalian. Hindi na ako naliligalig sa mga programa o musikang pinanonood o pinakikinggan nila tuwing Linggo, na inaalalang hindi pa sila nakikipagtipan sa ating Ama sa Langit, na katulad ko.

Isang umaga habang tinutulungan ko ang aking ama sa paghahanda ng pagkain, sinabi ko sa kanya kung gaano ko siya kamahal at humingi ako ng paumanhin sa masamang inasal ko. Sinabi ko sa kanya na ipinagmamalaki ko siya bilang ama at gusto kong magkaroon kami ng maayos na relasyon.

Nagsimulang magbago ang lahat. Nabawasan at nawala ang mga pagtatalo. Bagaman inisip ko na magtatagal pa bago sumapi ang pamilya ko sa Simbahan, bumuti ang saloobin nila tungkol sa Simbahan. Wala sa mga pagbabagong ito ang nangyari kung hindi ako ang unang nagbago.

Matapos maging miyembro ng Simbahan nang isang taon, naglingkod ako bilang full-time missionary sa Mexico Tijuana Mission. Tatlong buwan bago ako umuwi, tumanggap ako ng liham na nagsabing tinanggap ng pamilya ko ang ebanghelyo at bibinyagan na. Pagbalik ko, kasapi na sila ng Simbahan.

Sa 15 taon kong pagiging miyembro ng Simbahan, ang isa sa pinakamahahalagang aral na natutuhan ko ay nagmula sa pag-aaral ko ng Aklat ni Mormon at sa mga anak ng Diyos na pinakamalapit sa akin: ang aking pamilya. ■



Kilalanin si Brother Joseph

Alam ninyo na si Joseph Smith ang unang propeta sa mga huling araw na ito, pero alam ba ninyo na mahilig siyang tumawa at magpatawa sa ibang tao? o na sila ng kanyang asawang si Emma ay nagampon ng kambal? Narito ang ilang bagay na maaaring hindi pa ninyo alam tungkol kay Propetang Joseph:

- Si Joseph Smith Jr. ay isinilang noong Disyembre 23, 1805, sa Sharon, Vermont, USA, at isinunod ang pangalan sa kanyang ama. Ang mga kapatid ni Joseph, ayon sa edad, ay sina Alvin, Hyrum, Sophronia, Samuel Harrison, Ephraim, William, Katherine, Don Carlos, at Lucy.

- Noong pitong taon si Joseph, nagkasakit siya ng tipus. Nawala ang kanyang lagnat pero naimpeksyon ang kanyang kaliwang binti. Siyam na pirasong buto ang inalis nang walang pampamanhid (pampawi ng sakit). Habambuhay na paika-ika ang paglakad niya.¹
- Si Joseph ay 14 nang unang manalangin nang malakas at makita ang Ama sa Langit at si Jesucristo (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).
- Ang panganay na kapatid ni Joseph, si Alvin, ay namatay noong 17 si Joseph. Pagkaraan ng halos 13 taon nakita ni Joseph si Alvin sa isang pangitain tungkol sa kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 137:5–7).
- Ayaw ni Isaac Hale, ama ni Emma, kay Joseph at ayaw niya silang magpakasal. Nagpasiyang magtanan sina Joseph at Emma at nagpakasal sila noong Enero 18, 1827.²
- Sina Emma at Joseph ay 17 taon nang kasal at may 11 anak, na ang 6 ay bata pa nang mamatay.
- Matapos matapyas ang isang ngipin niya nang sugurin siya ng mga mandurumog noong 1832, medyo nahirapan si Joseph na bigkasin ang ilang salita.³
- Mahilig maglaro si Joseph. Kabilang dito ang paglalaro ng bola, wrestling, batuhan ng mga snowball, pamimingwit, at hatakan sa patpat.⁴
- Inilarawan ng isang Banal sa mga Huling Araw noong araw ang boses ni Joseph na parang “mga kulog ng Langit.”⁵
- Si Joseph ay malakas at matangkad, mga 6’2” (1.9 m) at may timbang na 200 libra (91 kg).⁶
- Si Joseph ay hindi lamang Pangulo

ng Simbahan, kundi tumakbo rin siya bilang pangulo ng Estados Unidos.⁷

• Nang paslangin si Joseph, isinulat ni Elder John Taylor (1808–87), na noon ay nasa Korum ng Labindalawang Apostol, tungkol sa kanya, “Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito” (D at T 135:3). ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Presidents of the Church* (Church Educational System student manual, 2003), 3–4.
2. Tingnan sa “Life of the Prophet: Joseph and Emma,” JosephSmith.net.
3. Tingnan sa “Life of the Prophet: Friend of Man,” JosephSmith.net.
4. Tingnan sa Alexander L. Baugh, “Joseph Smith’s Athletic Nature,” sa *Joseph Smith: The Prophet, the Man*, inedit nina Susan Easton Black at Charles D. Tate Jr. (1993), 137.
5. Joseph L. Robinson, sa “Life of the Prophet: Teacher of God’s Truth,” JosephSmith.net.
6. Tingnan sa Baugh, “Joseph Smith’s Athletic Nature,” 138–39.
7. Tingnan sa “Life of the Prophet: Leading with Love,” JosephSmith.net.





Paano KO MASUSUNOD ang TAGAPAGLIGTAS?



*Nagbahagi si Elder
Quentin L. Cook
ng Korum ng
Labindalawang
Apostol ng ilang
pananaw tungkol
sa paksang ito.*




Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos kapag sinusunod natin ang Kanyang mga utos at pinaglilingkuran ang Kanyang mga anak.

Ang sacrament ay nagtutulot sa atin na patunayan natin sa Diyos na aalalahanin natin ang Kanyang Anak at susundin ang Kanyang mga utos kapag pinanariwa natin ang ating mga tipan sa binyag.



Sundin natin ang ating buhay na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson. Isa siyang magandang halimbawa ng isang taong sumusunod sa Tagapagligtas.



Ipinahayag ng Tagapagligtas na makikila tayo bilang Kanyang mga disipulo kung mamahalin natin ang isa't isa.

Dapat nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at tanggapin ang Kanyang larawan sa ating mukha upang pagdating Niya ay higit tayong maging katulad Niya.

Ang mga Salitang Iyon

Ni Angie Bergstrom Miller

Batay sa tunay na buhay

“Huwag kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan, na anopa’t lapastanganin ninyo ang pangalan ng inyong Dios” (Levitico 19:12).

Ayaw makarinig ni Shelby ng masasamang salita, lalo na nang gamitin ng kanyang mga kaibigan ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan.

“Huwag sana ninyong sambitin ang mga salitang iyan kapag narito ako,” sabi niya sa kanyang mga kaibigan.

Ngunit kung minsan ay nalilimutan nila, at kailangan niya silang paalalahanan.

Isang araw pakutya at yamot na sinabi ng kaibigan ni Shelby na si Beth, “Oo nga pala, nalimutan ko. Walang sumasambit ng *gayong* mga salita sa harapan ni Shelby. Sinisikap niya tayong maging *mabait* na kagaya niya.”

Nagtawanan ang iba pang mga batang babae.

Napahiya si Shelby. Masama ang loob niya na lagi niyang pinakikiusapan ang mga kaibigan niya na huwag sambitin ang gayong mga salita sa harapan niya—lalo na kapag hindi nila inisip na masama ang mga salitang iyon.


Pagdating ni Shelby sa bahay mula sa eskuwelahan, humiga siya sa kama niya. Pumasok ang kanyang ina ilang minuto pagkaraan, at ikinuwento rito ni Shelby ang nangyari.

“Huwag mong alalahanin iyon,” sabi ni Inay. “Patuloy mo lang gawin ang tama, at kalaunan ay hindi na gugustuhin pa ng mga kaibigan mo na sambitin ang mga salitang iyon.”

“Ano nga ba sa akin kung sambitin ng mga kaibigan ko ang mga salitang iyon?” tanong ni Shelby. “Hindi naman ako ang nagmumura.”

“Itinuro na sa atin ng mga propeta na dapat tayong manatiling karapat-dapat upang madama ang Espiritu sa lahat ng oras. Nagpapalungkot sa Espiritu ang pagsasalita ng masama,” sabi ni Inay.

Naalala ni Shelby ang mga pagkakataon na nadama niya ang Espiritu: sa family home evening, kapag nagpapatotoo siya, kapag binabasbasan siya ng kanyang ama. Gusto ni Shelby na madama ang Espiritu, at ayaw niyang gumawa ng anuman na



magpapawala sa magiliw at payapang kapanatagang iyon.

Nagpasiya siya na manatiling halimbawa sa kanyang mga kaibigan at maipaunawa sa kanila na ayaw niyang marinig ang mga salitang iyon.

Kinabukasan sa eskuwelahan, narinig niyang muli ang mga salitang iyon.

“Huwag sana ninyong sambitin ang mga salitang iyon kapag narito ako,” pakiusap ni Shelby kay Becca.

Sinimangutan ni Becca si Shelby at hindi siya pinansin. Natuwa si Shelby na nakapagsalita siya pero nalungkot siya nang magalit ang kaibigan niya.

Sa rises narinig ni Shelby na may sumambit na muli sa mga salitang iyon. Sa pagkakataong ito ay si Beth naman.

“Huwag mo sanang sambitin iyan kapag narito ako,” sabi ni Shelby.

“Sori,” sabi ni Beth, nang nandidilat ang mga mata.

Muling nadama ni Shelby na para siyang katawa-tawa.

Sa isang praktis ng softball pagkatapos ng eskuwela, pinalo ni Shelby ang isang bola. Tumalbog ito sa first base at nakarating doon bago umabot si Shelby. Narinig ni Shelby si Bonnie, ang unang batang babae sa team, na ginamit ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan.

Nag-alangan si Shelby. Pagod na siya sa kapapaki-usap sa mga tao na huwag sambitin ang mga salitang iyon kapag naroon siya. Ayaw niyang pagtawanan siya ng ibang mga bata.

“Huwag sana ninyong sambitin ang mga salitang iyon kapag narito siya.”

Pumihit si Shelby para tingnan kung sino ang nagsalita.

Si Beth ang nagsasabi kay Bonnie na si Shelby ay Banal sa mga Huling Araw at hindi niya sinasambit ang gayong klaseng mga salita at hindi rin siya komportableng marinig iyon.

Lumignon si Bonnie at tumingin kay Shelby.

“Sori, Shelby. Hindi ko alam.”

Ngumiti si Beth kay Shelby. “Palagay ko nagiging katulad mo na kaming lahat,” sabi ni Beth.

Ngumiti si Shelby. Masaya siya na nagpasiya siyang maging mabuting halimbawa sa kanyang mga kaibigan at sundin ang payo ng propeta na panatilihin ang Espiritu sa kanya. ■

“**G**agamitin ko ang mga pangalan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo nang may pitagan. Hindi ako magmumura o gagamit ng masasamang salita.”

Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo

Ang Ating Pahina



Angie D., edad 11, Peru



Ariana A., edad 9, Brazil



Ang Pagsilang ni Jesus, ni Angeles R.,
edad 10, Bolivia



Rebecca A., edad 7, Venezuela

Noong isang Pasko nagbigay ako ng ilang pass-along card sa aking mga kaibigan at guro sa eskuwelahan. Noong Enero sinabi sa akin ng isang gurong nabigyan ko ng card na tinawagan niya ang numerong nasa card at nakatanggap siya ng isang DVD tungkol sa Pasko. Pinanood niya ito at lubos itong nagustuhan. Palagay ko espesyal ang mga pass-along card. Kapag ipinamimigay ko ang mga ito, nadarama ko ang Espiritu. Natutuwa akong maibahagi ang ebanghelyo. Alam ko na si Jesucristo ay buhay at mahal tayong lahat.

Raiane R., edad 11, Brazil



Ipadala sa e-mail ang inyong drawing, retrato, o karanasan sa Ating Pahina sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang "Our Page" sa subject line. O ipadala ito sa koreo sa:


Liahona, Our Page

50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024,
USA

Kailangang isama sa bawat isusumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (dapat ay mula 3 hanggang 12 taong gulang) pati na ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at sulat-kamay na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.


Mga Temple Card

Para makagawa ng sarili ninyong mga Temple Card, pilasin ang pahinang ito mula sa magasin, idikit ito sa makapal na papel, at gupitin ang mga card. Maidaragdag ninyo ang mga card na ito sa mga card na inilathala sa bawat isyu ng 2003 at sa mga isyu ng Abril 2005 at Setyembre 2007. Para maka-print ng mas maraming kopya ng mga card, magpunta sa liahona.lds.org.




Rexburg Idaho Temple

Inilaan noong Pebrero 10, 2008,
ni Pangulong Thomas S. Monson



Curitiba Brazil Temple

Inilaan noong Hunyo 1, 2008,
ni Pangulong Thomas S. Monson




Panama City Panama Temple

Inilaan noong Agosto 10, 2008,
ni Pangulong Thomas S. Monson




Twin Falls Idaho Temple

Inilaan noong Agosto 24, 2008,
ni Pangulong Thomas S. Monson




Draper Utah Temple

Inilaan noong Marso 20, 2009,
ni Pangulong Thomas S. Monson




Oquirrh Mountain Utah Temple

Inilaan noong Agosto 21, 2009,
ni Pangulong Thomas S. Monson




Vancouver British Columbia Temple

Inilaan noong Mayo 2, 2010,
ni Pangulong Thomas S. Monson



The Gila Valley Arizona Temple

Inilaan noong Mayo 23, 2010,
ni Pangulong Thomas S. Monson



Cebu Philippines Temple

Inilaan noong Hunyo 13, 2010,
ni Pangulong Thomas S. Monson

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

Tinuturuan Ako ng mga Banal na Kasulatan tungkol sa **Pagsilang at Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas**

Ni Jennifer Maddy

Mga Magasin ng Simbahan

“Sapagka’t ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at kung magkagayo’y bibigyan ang bawa’t tao ayon sa kaniyang mga gawa” (Mateo 16:27).

Sa loob ng libu-libong taon, nagpatotoo ang mga propeta na si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ay isisilang sa lupa. Sa mga banal na kasulatan, mababasa natin ang sinabi ng mga propetang ito. Sa Lumang Tipan, sinabi ni Isaias na si Jesus ang magiging Prinsipe ng Kapayapaan at Siya ang magiging pinuno ng tunay na Simbahan. Sa Aklat ni Mormon, nakita ni Nephi ang ina ni Jesus na si Maria sa isang pangitain, at nakita niya si Jesus na nagtuturo sa mga tao sa lupa. Itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao ang mga himalang gagawin ni Cristo pagdating Niya sa lupa.

Ilang taon bago isinilang ang Tagapagligtas, tumayo ang propetang si Samuel sa isang pader upang



sabihin sa mga Nephita ang mga palatandaang lilitaw. Sinabi niya na kapag isinilang ang Tagapagligtas, isang bagong bituin ang lilitaw sa langit. Sa Bagong Tipan mababasa natin ang tungkol sa bituin ding iyon—sinundan ito ng mga Pantas upang matunton ang batang Cristo.

Sa mga banal na kasulatan, itinuro din ng mga propeta ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo sa lupa. Sa Aklat ni Mormon, nagpatotoo si Moroni na babalik ang

Tagapagligtas. Sa Lumang Tipan, binanggit ni Malakias ang mangyayari sa mga huling araw bago ang Ikalawang Pagparito.

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mga patotoo ng mga propeta tungkol kay Jesucristo mula sa maraming iba’t ibang panahon sa kasaysayan. Sa mga banal na kasulatan, mababasa rin natin ang halimbawa ni Jesus. Kailangan nating sundan ang Kanyang halimbawa habang pinaghahandaan natin ang Kanyang pagparito upang mamuhay na muli sa lupa.

AKTIBIDAD

Makagagawa ka ng sarili mong aklat ng mga larawan tungkol sa buhay ni Jesucristo. Gupitin ang mga larawan sa pahina 65. Butasan ang bawat pahina kung saan tinukoy at pagsunud-sunurin ang mga pahina. Gumamit ng pisi na ilulusot sa mga butas para sama-samang maitali ang mga pahina. Matitingnan ninyo ng pamilya mo ang aklat na ito sa oras ng family home evening at mapag-uusapan ninyo ang buhay ng Tagapagligtas. ■

1



2



3



4



5



6



7



8



9





Ang CHRISTMAS Tree

Ni Harriet R. Uchtdorf

Katapos lang ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at karamihan sa mga tao sa Germany ay kakaunti ang pagkain o pera. Ilang linggo lang bago mag-Pasko ay kaarawan ko na. Hindi ko inasahang makatanggap ng anumang regalo sa Pasko o sa kaarawan ko, batid na—kahit noong bata pa ako—nahihirapan ang mga magulang namin na tustusan ang pangunahin naming mga pangangailangan. Sa malaking lungsod namin, gutom ang palaging nararanasan. Isa iyong malungkot at madilim na panahon.

Pagsapit ng kaarawan ko, sa gulat at katuwaan ko, isang napakagandang regalo—para lang sa akin—ang nakalagay sa ibabaw

ng mesa sa kusina. Iyon ang pina-kamagandang regalong naisip ko: isang napakaliit na *Weihnachtsbaum*, isang Christmas tree, isang talampakan lamang (30 sentimetro) ang taas, na natatakpan ng pinong mga palamuting gawang-kamay na yari sa tinfoil. Tumatama sa tinfoil ang liwanag ng aming salas sa kabigha-bighaning paraan. Nang suriin ko ang mga palamuting tinfoil, namangha ako na ang mga ito ay puno ng maliliit na piraso ng tinunaw na asukal. Parang himala iyon. Saan kinuha ng aking ina ang napakaliit na evergreen tree, ang tinfoil, at ang asukal na salat sa panahong iyon?

Hanggang ngayon, hindi ko pa rin alam kung paano niya nagawa ang himalang ito sa oras na walang makuhang gayon kahahalagang

bagay. Nasa puso ko pa rin iyon bilang simbolo ng marubdob na pagmamahal sa akin ng aking mga magulang, bilang simbolo ng pag-asa, pagmamahal, at tunay na kahulugan ng Pasko.

Sa panahon ng Kapaskuhan, may Christmas tree pa rin kami sa aming tahanan, na ngayon ay nadedeko-rasyonan ng iba't ibang mga ilaw at palamuti. Kapag kasama namin ang aming mga anak at apo, ang ganda ng puno at ang kumikislap na mga ilaw ay nagpapasigla sa puso ko at nagbabalik ng mga alaala ng masasayang sandali ng pamilya na nagmula sa isang maliit na puno na may makikinang na palamuting tinfoil. ■




Si Harriet R. Uchtdorf ay asawa ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Palamuting Gawang-Kamay

Sorpresahin ang inyong pamilya sa paglikha ng ilang palamuting gawang-kamay ninyo mismo! Narito ang mga kailangan ninyo:

isang holiday-shaped cookie cutter o maliit na baso
matigas na papel tulad ng card stock o poster board
lapis
gunting
aluminum foil (opsiyonal)
puting liquid glue
mga marker (o krayola o lapis na may kulay)
tali, laso, or pisi

1. Bakatin ang cookie cutter o baso sa matigas na papel.
2. Patulong sa magulang sa paggupit ng hugis.
3. Magpunit ng isang piraso ng foil at gamitin para takpan ang hinugis na papel. Pagdikitin ang mga gilid ng foil sa likod ng palamuti. (Kung hindi foil ang gamit ninyo, laktawan ang hakbang na ito at sundin ang iba pang mga hakbang.)
4. Linyahan ng kaunting glue ang harapan ng palamuti. Hayaang matuyo nang husto ang glue.
5. Gumamit ng mga marker para kulayan ang pagitan ng mga linya ng glue. (Kung hindi foil ang gamit ninyo, maaari din kayong gumamit ng mga krayola o lapis na may kulay.)
6. Magpatulong sa magulang na mabutasan sa ibabaw ang palamuti. Ipasok ang maikling piraso ng tali, laso, o pisi sa butas at itali ito sa ibabaw.
7. Isabit ang inyong palamuti sa *Weihnachtsbaum* ng inyong pamilya o ipangregalo ito.





Ang Aking Mission Fund

Ni Spencer S.

Alam ko na kakaiba ito, pero nagsimula na akong mag-i-pon ng pera para mabayaran ang mission ko hindi pa man ako ipinanganak. Nang malaman ng aking ina na magkakaanak na siya, kumuha siya ng lata ng gatas na walang laman, binutasan ito, at tinatakan ito ng, "Mission Fund." Simula noong araw na iyon, nag-i-pon na kami ng aking pamilya para sa mission ko.

Pinagsikapan ng buong pamilya ang pag-i-pon para sa mission ko. Nang isilang ako, naghulog ng pera ang mga bumisitang tito at tita ko sa lata ng mission fund. At tuwing pista opisyal gaya ng Pasko o Bagong Taon, binibigyan ako ng mga kapamilya ko ng pera para idagdag sa mission fund ko.

Kung minsan binibigyan ako ng mga lolo't lola ko ng pera kapag mataas ang marka ko sa eskuwelahang o nanalo ako sa mga kumpetisyon. Napunta rin ang mga regalang ito sa mission fund ko. Noong

minsan, nang tumanggap ako ng ilang medalya, binilang ng tita ko ang lahat ng medalyang nakuha ko at binigyan ako ng pera para sa bawat isa. Matapos kong bayaran ang ikapu, napunta rin ang perang ito sa mission fund ko.

Nang mabinyagan ako, tumindi ang hangarin kong makapagmisyon. Nagtakda ng mithiin ang pamilya ko na mag-i-pon ng sapat na pera para mabayaran nang buo ang mission ko. Dahil may mga kapatid na ako ngayon, ang perang ini-pon namin ay idinaragdag din sa mission fund nila.

Ngayon ay siyam na taong gulang na ako at halos kalahati na ng edad para makapagmisyon. Nag-ibayo ang hangarin kong magmisyon dahil alam ko na napakaraming taong nag-ambag sa mission fund ko.

Patuloy akong mag-i-pon para sa mission ko. Alam ko na pagpapalain ako ng Ama sa Langit para makapaglingkod ako sa Kanya bilang misyonero balang araw. ■



ANG MGA SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

NANINIWALA KAMI SA DIYOS, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

2 Naniniwala kami na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa paglabag ni Adan.

3 Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.

4 Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo.

5 Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.

6 Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan, alalaong baga'y mga apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, at iba pa.

7 Naniniwala kami sa kaloob na mga wika, propesiya, paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at iba pa.

8 Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto; naniniwala rin kami na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

9 Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos.

10 Naniniwala kami sa literal na pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi; na ang Sion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng Amerika; na maghahari si Cristo sa mundo; at, ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang mala-paraisong kaluwalhatian.

11 Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.

12 Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas.

13 Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.

Joseph Smith.

Isang Kakaibang Uri ng Christmas Tree

Ni Eliana Osborn

Batay sa tunay na buhay

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin" (Mateo 11:29).

1. Sabik si Carlos sa pagsapit ng Pasko. Sa taong ito may isang bagay na kakaiba sa kanyang tahanan. Isang malaking punong yari sa makinang na berdeng papel ang nakakabit sa pinto.

Inay, bakit may puno sa pinto.

May gagawin tayong medyo kakaiba para sa Pasko ngayong taon.

2. Inisip ni Carlos kung ano ang magiging kaiba. Nag-isip din ang kanyang kapatid na si Araceli at ang nakababata niyang kapatid na si Diego.

4. Nagustuhan ni Carlos ang ideyang iyon. Tumakbo si Araceli sa mga palamuti at kumuha ng lapis na pula.

Si Jesus ay bininyagan.

Ginawa ko ang mga palamuting papel na ito para sa puno. Araw-araw susulat tayo ng isang bagay tungkol kay Jesucristo sa isang palamuti at ilalagay natin iyon sa puno. Sa Bisperas ng Pasko, mapupuno ang buong puno!


Maganda
iyan. Puwede ko bang isulat
na maraming himalang ginawa
si Jesus?

Napakaganda niyan.
Parehong maganda ang mga
ideya ninyo!

5.



7. Kapag mahirap mag-isip ng
iba pang ideya, naghaha-
nap sila sa mga banal na
kasulatan. Hindi alam
ni Carlos na
napakaraming
talata tungkol
kay Jesus!



6. Gabi-gabi pagkatapos ng hapunan, gumawa ng
ibang palamuti sina Araceli at Carlos at inilagay
iyon sa puno. Tumulong si Diego sa pagsasabi
sa kanila na mahal niya si Jesus.



8. Pagsapit ng Bisperas ng Pasko nagkantahan ang
buong pamilya at binasa nila ang mga palamu-
ting inilagay nila sa puno. Masaya si Carlos na
marami siyang nalaman tungkol kay
Jesus. Alam niya na handa
na siya para sa
Pasko ngayong
taon.




HANAPIN ANG MGA PAGKAKAIBA

Natututo ang mga batang ito tungkol sa pagsilang ni Jesucristo sa pamamagitan ng pag-akto ng mga bagay na nangyari

nang isilang si Jesus. Tingnan kung maki-kita mo ang siyam na pagkakaiba ng dalawang drowing.



PAHINANG KUKULAYAN



ANG KUWENTO NG PASKO



Mga Tulong para sa mga Magulang

Basahin ang kuwento tungkol sa unang Pasko sa Lucas 2. Habang nagbabasa kayo, tulungan ang inyong anak na pakinggan ang mga kaganapang makikita sa dalawang larawan at hayaang kulayan ng inyong mga anak ang mga larawan.

Mga Balita sa Simbahan

Pinagpala ang mga Bagong Mission President sa Pagpapakita ng Pananampalataya

Ni Heather Whittle Wrigley

Mga Magasin ng Simbahan

Noong Hunyo, 128 bagong mission president at kanilang mga asawa ang inanyayahan sa Missionary Training Center sa Provo, Utah, USA, para tagubilinan bago magpunta sa lugar ng kanilang destino.

Sinimulan ni Pangulong Thomas S. Monson ang apat-na-araw na seminar, na ginanap mula Hunyo 22 hanggang 26, 2011, na nagsasabing, “Pinili kayo mula sa pinakamatatapat sa Simbahan, at ngayon may pagkakataon kayong humayo sa bukirin aanihin ng Panginoon. . . . Wala akong alam na ibang bukirin na sinisibulan ng mas mabango at mas maraming rosas kaysa sa misyon kung saan kayo tinawag.”

Ang mga mag-asawa ay mula sa iba’t ibang panig ng daigdig—22 bansa—at maglilingkod sa iba’t ibang bansa sa 18 wika. Iba’t iba ang kanilang pinanggalingan, ngunit mayroon nang isang bagay na karaniwan sa kanila.

Sa pagsasakripisyo ng bagong tawag na mga mission president na ito at ng kanilang mga asawa upang maging handa sa temporal at espirituwal, halos kaagad nilang nakita ang mga pagpapala ng kanilang pananampalataya.

Pagsasakripisyo

Ang paglilingkod bilang mission president ay kapwa tungkuling puno ng hamon at nagpapasigla sa espirituwal na gagawin sa loob ng tatlong taon. Sa paglalaan ng kanilang sarili sa tungkuling ito, kailangang isantabi ng maraming mag-asawa ang kanilang dating buhay, pati na ang kanilang mga trabaho at pamilya.

Ang pagtigil sa trabaho ay maaaring mangahulugan ng pagkalugi sa ilan. Bagama’t tinutustusan ng Simbahan ang mga mission president ng maliit na halagang panggastos, ang mga mag-asawa ay karaniwang may sapat na pera para dagdagan ang halagang iyon gamit ang sarili nilang pondo.

Nang matanggap ni Marcus Martins at ng kanyang asawang si Mirian ang tawag sa kanila na maglilingkod sa Brazil São Paulo North Mission, ang mag-asawang ito na mula sa Laie, Hawaii, USA, ay pinayuhan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na kakailanganin ang pagsasakripisyo, ngunit sinabi niyang huwag naman gawing labis ang pagsasakripisyo.

Umuwi ang mga Martins at nanalangin upang malaman kung paano sila magkakaroon ng sapat na pera para tanggapin ang pagkakataong ito. Ipinagbili nila ang lahat ng kanilang ari-arian. “Ang naging biyaya—naipagbili namin ang lahat sa loob ng isang araw,” ang sabi ni Sister Martins. “Isang himala iyon para sa amin.”

Marahil hindi lahat ay makapagsasakripisyo sa pinansiyal, ngunit bawat mission president at kanyang asawa ay susubukin sa kanilang pananampalataya.

Para kina Gary at Pamela Rasmussen ng Tucson, Arizona, USA, ang pagtanggap sa tawag na maglilingkod sa Japan Sendai Mission ay nangahulugan ng pag-iwan sa kanilang anim na anak at 23 apo.

“Alam kong mas mapangangalagaan ng Ama sa Langit ang mga bata kaysa sa akin,” ang sabi ni Sister Rasmussen. “Kaya’t masaya naming gagawin ito at nadarama namin na magiging malaking pagpapala ito sa kanila.”

Marami sa mga tumatanggap sa tawag na maglilingkod bilang mission president at katuwang ng mission president ay nagpapahayag ng kahandaang magsakripisyo.

“Kung minsan iniisip ko kung ano talaga ang maituturing na sakripisyo, dahil ang isang bagay na maaaring napakahirap para sa isang tao ay maaaring hindi ganoon kahirap para sa iba,” sabi ni President Martins. “Maraming beses sa aming buhay . . . sinabi naming uunahin namin ang Panginoon at na gagawin namin ang lahat para



sa Panginoon, pupunta kami kahit saan. Kaya't hindi namin iniisip na sakripisyo ito. . . . Ito ay isang pribilehiyo; isang karangalan ang ilaan ang lahat ng bagay.”

Pagiging Handa

Bago pa simulan ng mga mission president at kanilang asawa ang gawain sa mission, maraming espirituwal at temporal na paghahanda ang nagaganap. Ang mga mission president ay karaniwang tinatawag mahigit anim na buwan bago sila maglingkod, ngunit kung minsan mas maikli pa ang panahong iyon ng paghahanda. Sina Brent at Anne Scott ng Eden, Utah, USA, ay tinawag na mamahala sa Canada Toronto Mission isang linggo bago ang mission presidents' seminar at dalawang buwan bago nila simulan ang kanilang paglilingkod.

Bukod sa pagpapaalam sa mga kaibigan at pamilya at pagsisikap na ayusin ang tungkol sa kanilang tahanan, pinag-aralan nila ang mga manwal, pinakinggan ang mga CD, at ginawa ang iba pang espirituwal na mga paghahanda. Ngunit sinabi nila na ang pinakamalaki nilang paghahanda ay ang seminar sa MTC.

“Iyon ay lubusang pagtutuo sa espirituwal na kaalaman,” sabi ni President Scott. “Ang makasama ng mga taong [nagsakripisyo upang paglingkuran ang Panginoon] at maturuan ng mga propeta,

tagakita, at tagapaghayag . . . ay talagang isa sa mga pinakamagandang karanasan namin sa buhay.”

Pagkakaroon ng Karunungan

Sa loob ng apat-na-araw na seminar noong Hunyo, espirituwal na pinakain ang mga mission president at kanilang mga asawa ng mga mensahe mula sa Unang Panguluhan at ilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

“Habang pinakikinggan namin sila, habang tinuturuan nila kami, [nadama namin] na naroon ang Panginoon, na nagmamalasakit Siya, na ito ang Kanyang gawain, na ang mga ito ay Kanyang mga tagapaglingkod, at na mayroon kaming pagkakataong humayo at maging kinatawan ng ating Tagapagligtas,” ang sabi ni Sister Scott.

Ipinahayag ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilan sa kanyang inaasam sa paalis na mga mission president at kanilang mga kompanyon.

“Nawa’y mapasainyo ang pisikal, emosyonal, at espirituwal na lakas [at] tagumpay sa pagtamo ng kaalaman, pagtuturo, at pagsasabuhay ng doktrina ni Jesucristo,” sabi niya. “Umaasa ako na magkakaroon kayo ng kakayahang magamit ang lakas ng mga miyembro; magtuon sa mga ordenansa; [at] maging kaisa ng Panginoon, ng mga miyembro ng Simbahan, at ng mga minamahal na misyonerong ipinagkatiwala sa inyo.” ■

Ang bagong tawag na mga mission president ay dumadalo sa apat-na-araw na pagsasanay sa Missionary Training Center sa Provo, Utah, USA, bago sila pumunta sa mission.

Pinaniningning ng Pitong Magkakapatid na Babae ang Kanilang Liwanag sa Misyon

Ang Pleiades, o Seven Sisters, ay isang konstelasyon na binubuo ng pitong bituin na napakalayo kung kaya't kailangan ang 350 taon para makarating sa mundo ang kanilang liwanag.

Sa edad na early twenties hanggang late thirties, pinaniningning ng magkakapatid na ito ang kanilang liwanag sa kanilang pamilya at sa misyon habang ibinabahagi nila ang ebanghelyo sa mga mamamayan sa limang bansa.

Sina Marisol (Chile Osorno), Antonia (Argentina Resistencia), Daniela (Costa Rica San José), Florencia (Honduras Comayaguela), Verónica (Chile Santiago East), Anai (Guatemala City North), at Balbina Nava Aguilar (Argentina Bahía Blanca) ay taga-Mexico na magkaka-sabay na nagmimisyon para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Unang nakilala ng magkakapatid na ito ang mga misyonerong LDS nang magsimula silang dumalo sa libreng

English class sa isang chapel sa kanilang lugar. Noong 2006 sila—kasama ang isa pang kapatid na babae at kanilang kapatid na lalaki—ay nabin-yagan. Ang kanilang mga magulang na sina Albino Nava at Isidra Aguilar, na sumapi sa Simbahan tatlong dekada bago iyon, ay muling naging aktibo noong panahong iyon.

Sinabi ni Sister Aguilar na nakikita niya ang kabutihang dulot ng pagpadala ng kanyang pitong anak na babae sa misyon.

“Ginagabayan sila ng Panginoon, gumagawa, nangangaral ng Kanyang ebanghelyo upang magdala ng mas marami pang kaluluwa [sa Kanya],” ang sabi niya.

“Mahal ko ang ebanghelyong ito at alam kong nagpapabago ng buhay ang gawaing ito,” sabi ni Florencia. “Binago nito ang buhay ko, at babaguhin nito ang buhay ng mga tinuturuan ko.”

Magsisimulang magsiuwi ang magkakapatid sa pagtatapos ng 2011. ■

Regular na binibisita ng mga General Authority ang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga ulat tungkol sa kanilang paglilingkod ay matatagpuan sa news.lds.org gayundin sa Prophets and Apostles Speak Today sa prophets.lds.org sa Ingles, French, German, Italian, Portuges, at Espanyol. Narito ang maiikling salaysay ng mga pagbisita kamakailan.

- Noong Mayo 26, 2011, si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagsalita sa 800 lider ng komunidad, negosyo, at relihiyon na dumadalo noon sa Los Angeles World Affairs Council, isang walang kinabibilangang organisasyon na nakatuon sa pagpapalaganap ng pagkakaunawaan sa buong mundo. Nagsalita si Pangulong Uchtdorf tungkol sa paglago ng Simbahan mula noong 1830 hanggang ngayon. Hanapin ang “Uchtdorf, Los Angeles” sa news.lds.org.

- Noong Hunyo 5, 2011, inorganisa ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Moscow Russia Stake—ang una sa Russia at pangalawa sa lugar na sakop ng dating Soviet Union. Mahigit 1,100 katao ang dumalo. Hanapin ang “Nelson, Moscow” sa news.lds.org.

- Noong Mayo, binisita ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang India, Hong Kong (kung saan nakasama niya si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol), at ang Mongolia. Hanapin ang “Holland, India” sa news.lds.org.

- Noong Hunyo 15, 2011, bumisita si Presiding Bishop H. David Burton sa Higashi Matsushima, Japan, upang alamin ang kalagayan ng bansa simula nang lumindol at magkaroon ng tsunami noong Marso 11 at tingnan ang pagtulong ng Simbahan doon. Hanapin ang “Burton, Japan” sa news.lds.org. ■



Ang pitong magkakapatid na ito na taga-Mexico City ay sabay-sabay na naglilingkod sa full-time mission sa iba't ibang panig ng mundo.

Inilaan ang Jerusalem Movie Set

Ang Jerusalem Movie Set na itinayo ng Simbahan para sa paggawa ng mga pelikulang nakatuon sa ebanghelyo ay inilaan at ginagamit na ngayon sa paggawa ng pelikula. Una itong gagamitin sa paglikha ng New Testament Scripture Library Project—isang serye ng mga video na naglalarawan ng mahahalagang tagpo sa buhay ni Jesucristo at ng mga Apostol.

Ang set ay matatagpuan sa LDS Motion Picture Studio South Campus sa Goshen, Utah, USA, na di-hihigit sa 60 milya (97 km) sa timog ng headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City. Hindi ito replika ng Jerusalem, kundi muling paglikha ng mahahalagang lugar sa lungsod.

Ang maliit na bayan ng Goshen ang napili dahil sa pagkakahawig ng mga karatig na lugar nito sa heograpiya ng Jerusalem—maburo, malawak ang kapatagan, maraming cedar tree, may mga bunton ng buhangin, at sapa. Ang kalapit na Utah Lake ang gagamitin upang magsilbing Dagat ng Galilea.

Sa ilang pagkakataon, mga computerized visual effect ang maglalarawan sa mga detalyeng hindi makakayang gawin ng set. ■

Binago ang mga Patakaran Ukol sa mga Senior Missionary

Inaprubahan kamakailan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang



Ang bagong movie set ng Simbahan sa Goshen, Utah, ay gagamitin upang isapelikula ang buhay ni Jesucristo ayon sa nakatata sa Bagong Tipan.

mga pagbabago sa mga patakaran hinggil sa haba ng serbisyo at tirahan ng mga senior missionary upang mahikayat ang mas marami pang mag-asawa na maglingkod sa mga full-time mission at maragdagan ang kanilang karanasan.

Simula Setyembre 1, 2011, ang mga mag-asawa ay maaari na ngayong maglingkod sa loob ng 6, 12, 18, o 23 buwan. Bukod pa rito, hanggang \$1,400 (US) bawat buwan ang itinakda para sa halaga ng upa sa bahay. Ang mag-asawa pa rin ang magbabayad ng pagkain at iba pang

personal na mga gastusin.

Ayon sa patakaran noon, ang mga mag-asawang naglilingkod sa labas ng kanilang bansa ay maglilingkod nang hindi bababa sa 18 buwan. Ang mga nagnais maglingkod sa labas ng sariling bansa nang walang 18 buwan ay maaari nang gawin ito ngayon kung sila ang magbabayad ng sarili nilang pamasahang papunta at pauwi mula sa misyon.

Maaaring ipadala ang mga tanong tungkol sa mga senior mission sa seniormissionaryservices@ldschurch.org. ■

Dinagdagan ng Simbahan ang Bilang ng mga Wikang Magagamit Online

Dinagdagan ng LDS.org ang mga wikang gamit nito. Kama-kailan lamang 48 bagong wika sa mga home o index page ang idinagdag sa opisyal na website ng Simbahan. Sa pag-klik sa alinmang wika sa ilalim ng link na "Languages" sa kanang itaas ng alimang page ng LDS.org, makikita ng mga bumibisita ang mga link sa materyal ng Simbahan na kasalukuyang makikita online sa wikang iyon.

Ang iba't ibang bahagi ng LDS.org ay makukuha na rin kalaunan sa 10 hanggang 15 wika. Kapag nangyari iyan, ang language page para sa mga wikang iyon ay hindi na gagamitin pa. (Halimbawa, walang language page para sa Ingles, French, German, Italian, Portuges, o Espanyol, dahil malaking bahagi ng LDS.org ang nakasalin na sa kanilang wika.)

Kumikilos na rin ngayon ang mga empleyado ng Simbahan upang ang mga magasin at iba pang naisalin na materyal mula sa LDS.org ay magamit na sa mobile devices. ■

Quetzaltenango Temple Open House, Ibinalita na ang Paglalaan

Upang ipagdiwang ang paglalaan ng Quetzaltenango Guatemala Temple, ang mga kabataan ng Simbahan sa bansang iyon ay makikibahagi sa isang pagtatanghal ng kultura sa musika at sayaw sa Sabado, Disyembre 10, 2011.

Pagkatapos sa Linggo, Disyembre 11, 2011, ang templo ay ilalaan sa tatlong sesyon, na isasahimpapawid sa lahat ng ward o branch sa Guatemala.

Kasunod ng paglalaan, ang templo ay bubuksan para sa mga ordenansa sa Martes, Disyembre 13, 2011.

Inaasam ng Simbahan na Makapagtatayo ng Templo sa France

Ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson noong Hulyo na inaasam ng Simbahan na makapagtayo ng unang templo nito sa France sa lote na nasa karatig na lugar ng Paris.

Maraming buwan nang nakikipag-usap ang Simbahan sa mga lokal na opisyal.

May ilang pagsisikap noon na

makananap ng angkop na lugar para sa isang templo sa France, ngunit wala pang napagpapasiyahan tungkol dito. Ang mga miyembrong French ng Simbahan na gustong pumunta sa templo ay karaniwang nagbibiyahen sa mga kalapit na bansa sa Europa.

Madali nang Makuha ang Bagong Format para sa Audio ng mga Banal na Kasulatan

Inilabas ng Simbahan ang isang audio version ng mga aklat ng mga banal na kasulatan ng LDS para mai-download sa iTunes sa format na audiobook (na tinatawag na "enhanced audio content" sa iTunes) o MP3 format.

Mayroon nang audio version ang lahat ng aklat ng mga banal na kasulatan sa Ingles at Espanyol, at mayroon na ring mga audio version ng triple combination sa Japanese, Portuges, at Korean.

Para ma-access ang mga bagong mapagkukunang ito, magpunta sa bahagi ng mga banal na kasulatan ng channel ng Simbahan sa iTunes.lids.org. ■

Ang mga audio version ng mga aklat ng mga banal na kasulatan ay makukuha na ngayon sa ilang wika sa iTunes.lids.org.



Napuspos Ako ng Pasasalamat

Ang mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw ay palaging isa sa mga unang artikulong tinitingnan ko pagdating ng magasin ko sa bawat buwan. Ganyan ang nangyari nang mabasa ko ang “Kayo ang mga Anghel” (*Liahona*, Dis. 2010, 38). Nakadama ako ng napakalakas na espirituwal na kapangyarihan, at napuspos ako ng pasasalamat sa misyon ng ating Tagapagligtas at sa mga taong walang-sawang naglilingkod sa Kanyang pangalan. Lubos kong pinasasalamatan si Heidi Windish Fernandez sa pagbabahagi ng kanyang kahanga-hangang karanasan.

Larry D. Kump, West Virginia, USA

Gumagawa ng Kaibhan ang *Liahona*

Ang mga mensahe ng *Liahona* ay palaging nakatutulong sa akin bilang isang tao, ama, asawa, at lider at ang mga isyu ng pangkalahatang kumperensya ay naghahatid ng espesyal na diwa sa aming tahanan. Palagi akong umoorder ng maraming isyu ng pangkalahatang kumperensya para tig-iisa kami ng aking asawa at mga anak upang mabasa at mamarkahan namin ang mga mensahe ayon sa gusto namin at para hindi na kami maghintayan pa para mabasa ang magasin. Pagkatapos ng taon ipinapa-bookbind namin ang mga magasin at ibinibigay ang mga sobrang kopya sa mga hindi gaanong aktibo o mga kaibigang hindi miyembro. Nagpapatotoo ako na ang *Liahona* ay gumagawa ng kaibhan sa ating buhay.

Fabio Allegretti Cooper, Brazil

Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mungkahì sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa. ■

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.

“Ang Aking Paglilingkod Bilang Isang Dalagang Miyembro,” pahina 12: Pagkatapos basahin ang kuwento ni Sister Burdett, isiping talakayin ang mga pagpapalang dulot ng paglilingkod sa Simbahan. Maaari ninyong anyayahan ang mga kapamilya na magbahagi ng makabuluhang karanasan habang naglilingkod sila sa isang tungkulin.

“Ang Kapayapaan at Kagalakan na Malaman na ang Tagapagligtas ay Buhay,” pahina 18: Isiping tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung ano ang magagawa nila para sa Tagapagligtas sa susunod na taon. Basahin ang mga huling talata ng artikulo sa ilalim ng “Ang Ating Regalo sa Kanya.” Ano ang sinasabi ni Elder Nelson na pinakamagandang regalong maibibigay natin sa Panginoon?

“Halina, Siya’y Ating Sambahin,” pahina 42: Bago ang lesson, mapanalanging piliin ang bahagi o mga bahaging pinakaakma sa inyong pamilya. Kung pipiliin ninyo ang bahaging tungkol sa mga pastol, maaari ninyong ibahagi ang payo ni Pangulong Monson na “huwag na huwag nating ipagpaliban

ang pagsunod sa isang panghihikayat” at talakayin sa inyong pamilya ang kahalagahan ng pahayag na ito. Upang mailarawan ang puntong ito sa mas maliliit na bata, ibulong sa kanila ang isang utos at hikayatin silang sundin ito.



“Kilalanin si Brother Joseph,” pahina 58: Isiping idispley ang isang larawan ni Joseph Smith habang inyong binabasa ang listahan ng mga tunay na pangyayari sa buhay niya mula sa artikulo. Maaari kayong maglaro pagkatapos ng lesson para malaman kung ilang pangyayari ang naaalala ng inyong pamilya.

“Ang mga Salitang Iyon,” pahina 60: Pagkatapos basahin ng pamilya ang kuwento, isiping talakayin ang maaaring sabihin ng mga miyembro ng pamilya kung may isang taong nagsasabi ng masasamang salita. Maaari din ninyong ipaliwanag sa maliliit na bata kung bakit iniutos sa atin sa Exodo 20:7 na huwag gamitin ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan (tingnan din sa D at T 63:60–64). ■

Pagbabahagi ng Kuwento Tungkol sa Pagbabalik-loob at ang Espiritu

Noong ako ay nasa isang young adult ward, kasama ako sa family home evening ng aking ward. Isa sa mga hindi ko malilimutang family home evening ay noong gabing ang mga full-time missionary ang namahala.

Inanyayahan ng mga elder ang ilan sa mga nabinyagan sa aming ward na magbahagi ng kanilang mga kuwento ng pagbabalik-loob. Habang nagsasalita ang mga nabinyagan, damang-dama ang presensya ng Espiritu.

Pagkatapos maibahagi ang mga kuwento, naalala ko ang aking sariling mga karanasan

noong misyonero pa ako—kapwa bilang full-time missionary at missionary sa habambuhay. Muli kong sinuri ang mga ginawa ko sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa araw-araw at patuloy na pinag-isipan ang mga ito nang sumunod na mga linggo.

Nang atasan ako kalaunan na mangasiwa sa family home evening sa ward, nagpasiya ako na ipagpatuloy “ang mga kuwento tungkol sa pagbabalik-loob,” na hinihilingang makibahagi ang iba’t ibang miyembro sa aming ward. ■

Janna McFerson, California, USA

ANG LIWANAG NG ANAK

Ni Jeff S. McIntosh

Matapos magtrabaho nang ilang taon sa mga department store na nagbebenta ng mga panlalakeng damit, medyo naging mahusay ako sa pagtetero ng mga polo at kurbata sa mga amerikanang ibinebenta ko. Nakatutuwa na makapili ng perpektong kumbinasyon, at karaniwan ay nasisiyahan ang mga mamimili sa mga pinili kong ipakita sa kanila.

Gayunman, sa isang partikular na tindahan, ang mga amerikana ay nasa lugar na naiilawan ng ilaw na fluorescent samantalang ang mga polo at kurbata ay nakadispley sa ibang lugar na naiilawan ng mga bombilyang incandescent. Ang kaibhang ito sa liwanag ay naging isang hamon.

Madalas mangyari na kapag nakapili na ang isang mamimili ng isa o dalawang amerikana, pumipili ako ng mga polo at kurbata na inaaakala kong magandang iterno rito. Ngunit nang ilipat ng puwesto ang mga polo at kurbata at ilagay sa tabi ng mga amerikana, nakakagulat ang resulta—"nagbago" ang mga kulay sa bagong ilaw at hindi na sila magkatugma.

Mas magandang dalhin ang amerikana sa pinagdispleyan ng mga polo at kurbata. Pero kahit ganito ang gawin, kadalasan ay nalilito ang mga mamimili, at napapansin na ang mga amerikanang hawak namin ay hindi katulad ng mga napili na nila. Ang isang amerikana na mukhang olive green sa liwanag ng fluorescent ay mukhang gray, brownish-gray, o brown na ngayon sa liwanag ng mga bombilyang incandescent. Gayon din ang naging pagbabago sa mga



Ang liwanag ay tumutulong na makita natin ang katotohanan—at makita ito nang mas malinaw.

amerikanang kulay itim, matingkad na gray, at napakatingkad na asul.

Mas madalas kaysa hindi, kinailangan kong lutasin ang problema sa pagdadala sa mga mamimili sa pintuan sa malapit para makita ang kanilang mga pinili sa liwanag ng araw. Kapag tiningnan namin ito sa liwanag ng araw, agad naming nakikita ang tunay na mga kulay at angkop na ang napipili namin.

Sa totoong mundo sa labas ng department store, nahaharap tayo sa mga pagpili araw-araw. Kung minsan ang mga pagpiling iyon ay naiimpluwensyahan ng pananaw ng tao. Ang iba ay nalalambungan ng mga tukso sa mundong ito. Ang mga opsiyon sa ating harapan ay maaaring hindi laging tama, o maaaring nalilito tayo kung ano ang totoo o hindi. Maaaring iniisip natin kung paano mahihiwatigan ang totoo.

Nalaman ko na ang solusyon ay tingnan ang mga opsiyong iyon sa liwanag, o halimbawa, ng Anak, sapagkat ipinangako Niya, "Ako rin ang magiging *tanglaw* ninyo sa ilang; at ihahanda ko ang landas na inyong tatahakin, kung mangyayaring inyong susundin ang mga kautusan ko; . . . at malalaman ninyo na sa pamamagitan ko kayo ay naakay" (1 Nephi 17:13; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang pagsisikap na piliin ang tunay na liwanag ay makakatulong sa atin na gumawa ng mga tamang pagpili para sa ating pamilya at sa ating sarili. At sa pag-asa sa Diyos sa patnubay ng Espiritu Santo, hindi tayo malililang kundi malalaman natin ang mabuti sa masama (tingnan sa Moroni 7:16).

Kapag nagpasiya tayong sundin Siya, nangako pa ang ating mapagmahal na Tagapagligtas na ibabahagi Niya ang Kanyang Liwanag sa atin: "Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24). ■



Sa mga Bisig ni Maria, ni Simon Dewey

“Masdan, ako ay paparito sa sariling akin, upang tuparin ang lahat ng bagay na ipinaalam ko sa mga anak ng tao mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, at upang gawin ang kalooban, kapwa ng Ama at ng

Anak—ng Ama dahil sa akin, at ng Anak dahil sa aking laman. At masdan, dumating na ang panahon, at sa gabing ito ang palatandaan ay makikita” (3 Nephi 1:14).



“Pinatotohahanan ko na si Jesucristo ang banal na Anak ng buhay na Diyos,” pagsulat ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Mamahalin Niya kayo, pasisiglahin, at magpapakita Siya sa inyo kung mamahalin ninyo Siya at susundin ang Kanyang mga utos (tingnan sa Juan 14:21). Tunay ngang sinasamba pa rin Siya ng matatalinong lalaki at babae.” Tingnan sa “Ang Kapayapaan at Kagalakang Malaman na ang Tagapagligtas ay Buhay,” pahina 18.